

Aklat 1

Mga Pangunahing Kaalaman Tungkol sa Diyos



Karapatang-sipi © 2026 ni Mike Bergen

Isinaling Wika ni Cristy May D. Villasana

Ang lahat ng bahagi ng publikasyong ito ay maaaring gamitin sa anumang paraan kung maibigay ang nararapat na pagkilala sa may-akda. Walang bahagi ng publikasyong ito (maliban sa maiikling sipi) ang maaaring gamitin sa mga ipinagbibiling nakalimbag na materyal nang walang nakasulat na pahintulot mula kay Mike Bergen.

Makipag-ugnayan kay Mike Bergen sa: basictrainingmanuals.com/contact

Edisyon ng Hulyo 2026

Maliban kung may ibang nakasaad, ang lahat ng mga sipi ng Kasulatan ay mula sa Magandang Balita Biblia © 2012 Philippine Bible Society.

Aklat 1: Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos

Isang Kasangkapan sa Paggamit ng Biblia Upang Makilala ang Diyos

NILALAMAN

Mga Gabay sa Paggamit ng mga Manwal sa Pangunahing Pagsasanay	pahina 4
Mga Tagubilin sa Paggamit ng Aklat 1	pahina 8
Kadakilaan ng Diyos na Nahayag sa Kasaysayan	pahina 10
Pagliligtas ng Diyos (Mga pahina ng Talaarawan)	pahina 42
1. Mga Suliranin ng Tao	pahina 43
2. Mga Kakulangan ng Tao	pahina 44
3. Paglalaan ng Diyos	pahina 45
4. Pagtugon ng Tao sa Diyos	pahina 47
5. Mga Katiyakan ng Diyos para sa Kanyang mga Anak	pahina 48
6. Ang Espiritu ng Diyos ay Nananahan sa Iyo	pahina 49
Mga Katangian ng Diyos (Mga pahina ng Talaarawan)	pahina 52
1. Ang Lawak ng Kapangyarihan ng Diyos	pahina 53
2. Ang Lawak ng Presensiya ng Diyos	pahina 54
3. Ang Lawak ng Pag-ibig ng Diyos (kabilang ang kanyang Awa, Habag, at Biyaya)	pahina 55
4. Ang Lawak ng Kaalaman ng Diyos	pahina 58
5. Ang Lawak ng Katarungan ng Diyos	pahina 59
6. Ang Lawak ng Kontrol at Soberanya ng Diyos	pahina 60
7. Ang Lawak ng Hindi Pagbabago ng Diyos	pahina 61
8. Ang Lawak ng Katapatan ng Diyos	pahina 62
9. Ang Lawak ng Kaganapan at Kabanalan ng Diyos	pahina 63
10. Ang Lawak ng Pagtulong ng Diyos	pahina 64
11. Iba pang mga Katangian ng Diyos	pahina 65
Mga Pangako ng Diyos (Mga pahina ng Talaarawan)	pahina 66
1. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Kaligtasan/Pakikipagkasundo	pahina 67
2. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Kanyang Presensiya	pahina 68
3. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Pamumuno/Patnubay	pahina 68
4. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Pag-iingat	pahina 69
5. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Karunungan/Kaalaman/Pag-unawa	pahina 69
6. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Paglalaan/Pagkakaloob	pahina 70
7. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Pagpapagaling/Pagpapanumbalik	pahina 70
8. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Tulong/Kalakasan	pahina 71
9. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Pagsubok/Pagdurusa	pahina 71
10. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Kanyang Ugnayan sa Atin	pahina 72
11. Iba pang mga Pangako mula sa Diyos	pahina 72
Apendise 1 - Mga Praktikal na Hakbang sa Pagiging Espirituwal na Magulang	pahina 73
Apendise 2 - Mga Dahilan Kung Bakit Natin Nalalaman na ang Biblia ay Komunikasyon ng Diyos	pahina 76
Apendise 3 - Ang Pinakamaimpluwensiyang Tao sa Kasaysayan	pahina 78
Apendise 4 - Ginagamit ng Diyos ang Buong Kasaysayan Upang Ipakilala ang Kanyang Sarili	pahina 81

Mga Gabay sa Paggamit ng mga Manwal sa Pangunahing Pagsasanay

Mga Kasangkapan sa Paggamit ng Biblia upang Lumago sa Diyos

Wala nang hihigit pang kagalakan at kaganapan sa buhay kaysa sa pamumuhay na may personal na kaugnayan sa ating Manlilikha na siyang nakauunawa sa lahat ng bagay, may ganap na kapangyarihan, at umiibig sa atin nang higit pa kaysa sa ating maisip. Sinabi ni Jesu-Cristo, ang ating Manlilikha na nagkatawang-tao, na naparito siya upang bigyan tayo ng buhay na ganap at kasiya-siya. (Juan 1:1–5 at Juan 10:10) Sa maikling panahon ng pananatili ni Jesus sa lupa, tinuruan niya ang isang pangkat ng mga alagad upang makilala ang Diyos at maranasan ang ganap na buhay sa pamamagitan ng pamumuhay na nakikipagtulungan sa kanya. Ang *Mga Manwal sa Pangunahing Pagsasanay* ay mga instrumento upang makatulong na maisakatuparan ang layuning ito.

Batay sa pahayag ng Diyos sa atin

Ang *Mga Manwal sa Pangunahing Pagsasanay* na ito ay nakabatay sa Biblia, na siyang nakasulat na pahayag ng Diyos tungkol sa kanyang sarili. Ang Manlilikha ng mundong ito at ng lahat ng mga kalawakan sa sansinukob ang nagbigay-inspirasyon sa pagkakatiapon ng mga sulat sa Biblia na isinulat ng mga taong may kahinaan at limitasyon sa loob ng humigit-kumulang dalawang libong taon. (***Upang higit itong maunawaan, basahin ang Apendise 2 sa Aklat 1.***) Sa Biblia, nakikilala natin ang katangian, damdamin, at kaisipan ng kamangha-manghang Manlilikhang ito. Natututuhan din natin ang kanyang mga alituntunin upang maranasan ang ganap at kasiya-siyang buhay na nilikha niya para sa atin.

Nilikha upang magmahal

Ang Diyos ay pag-ibig. (1 Juan 4:16) Hindi lamang tayo nilikha ng Diyos upang mabuhay, kundi pati upang magmahal. Sinabi ni Jesus na ang pinakamahalagang mensahe ng buong Biblia ay ang pag-ibig. (Mateo 22:37-40) Una, natututuhan natin kung gaano kalawak ang pag-ibig ng Diyos sa atin (ibinigay niya ang kanyang sariling buhay upang tubusin tayo magpakailanman), at bilang tugon sa dakilang pag-ibig na ito, nagpapasalamat tayo sa kanya, minamahal natin siya, at minamahal din natin ang ating kapwa, sapagkat bawat isa ay mahalaga at mahal ng Diyos.

Ang magmahal ng isang tao ay nangangahulugang kailangan mo siyang makilala at maranasan. Ito ang hangarin ng Diyos para sa atin, ang ating buhay na kasama siya. Alam na niya ang bawat detalye ng ating buhay, at ninanais niyang makilala natin siya upang mas lalo pa natin siyang maranasan sa bawat yugto ng ating buhay.

Ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo ang nagbigay-daan upang ang kanyang Espiritu ay manahan sa atin sa pamamagitan ng kanyang kaloob na kapatawaran. (Efeso 1:13-14) Kapag pinili nating tumugon sa pag-ibig ng Diyos at binuksan natin ang ating sarili upang manahan sa atin ang kanyang Espiritu, nagbubukas ang pinto upang maranasan natin ang pagiging isa at pagkakaroon ng malalim na kaugnayan sa Diyos na ang ibig sabihin ay pagkakataong maranasan ang kaganapan ng buhay! Kapag ang kanyang Espiritu ay nanahan sa atin, ginagawa rin niya

tayong mga bagong nilalang. (2 Corinto 5:17) Sa pamamagitan ng kanyang Espiritu, siya ay nananahan sa atin (Roma 8:9-11), at habang siya ay nananahan sa atin, ibinibigay niya sa atin ang kanyang kadalisan, ang kanyang puso, at ang kanyang pag-iisip. Isang bagong pagkakakilanlan!

Kapag ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa atin, nasa atin ang kabuuan ng Diyos at tayo ay nakikipag-isa sa kanya magpakailanman. Ito ang ating bagong kaugnayan sa Diyos, at mayroon tayong pagkakataong patuloy na lumago sa mapagmahal na ugnayang ito ayon sa ating hangaring makilala siya nang higit pa. Tayo na ay itinuring nang banal kay Cristo, ngunit ang ating espirituwal na paglago ang siyang humuhubog sa atin upang maging ganap sa buhay na inilaan sa atin ng Diyos. Ang ating paglago ay hindi lamang nagdudulot ng kabutihan sa ating sarili, kundi nagiging pagpapala rin sa mga tao sa ating paligid—at nagbibigay ng kaluwalhatian at kagalakan sa Diyos.

Ang paglago sa mapagmahal na ugnayang ito ay nangyayari habang tayo ay gumagawa ng mga pasyang tutulong sa atin na higit pang makilala ang Diyos at maranasan siya. Ang *Mga Manwal sa Pangunahing Pagsasanay* ay idinisenyo upang tulungan kang makilala ang Diyos at maranasan siya sa bawat aspeto ng iyong buhay. Ang sumusunod na tsart ay nagbubuod kung paano ito maaaring mangyari sa iyong buhay at kung paano mo rin matutulungan ang iba sa ganito ring paraan.

BUOD NA TSART NG MGA MANWAL SA PANGUNAHING PAGSASANAY

Pamagat	Layunin	Sentro ng Pansin	Pamamaraan
Aklat 1 – Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos	Isang kasangkapan sa paggamit ng Biblia upang maunawaan kung sino ang Diyos at kung sino si Jesus bilang Anak ng Diyos	SINO ang Guro—ang Diyos! (Ama / Jesus / Espiritu Santo)	Paghahanap kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa mga katangian ng Diyos, kaligtasan, at kanyang mga pangako
Aklat 2 – Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Pagsasanay ng Diyos	Isang kasangkapan sa paggamit ng Biblia upang matutuhan at maisagawa ang mga pangunahing aral na itinuro ni Jesus sa kanyang mga alagad	ANO ang itinuturo ng guro (Diyos)	Paghahanap kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa 16 na pangunahing aral na itinuro ni Jesus sa kanyang mga alagad
Aklat 3 – Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Plano ng Diyos para sa mga Ugnayan	Isang kasangkapan sa paggamit ng Biblia upang maunawaan ang mga pangunahing aspeto ng pamumuhay kasama siya	PAANO tayo dinisenyo ng guro (Diyos) upang mamuhay	Paghahanap kung ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa plano ng Diyos para sa mga pangunahing bahagi ng buhay—mga pamilya, mga espirituwal na pamilya (mga iglesia)

Ang mga manwal na ito ay mga kasangkapan na tutulong sa iyo na makilala ang Diyos ayon sa paglalarawan ng Biblia at maunawaan ang mga tagubilin ng Diyos sa Biblia para sa pamumuhay

na may kaganapan. Kapag sinabing mga kasangkapan, ang ibig sabihin nito ay tulad ng martilyo, lagari, o sipit. Ang mga kasangkapan ay mga bagay na maaari nating gamitin sa iba't ibang sitwasyon sa buong buhay natin. Halimbawa, hindi tayo kailanman titigil sa paggamit ng lagari sa pagputol ng mga bagay, ngunit maaari tayong maging mas bihasa sa paggamit nito. Sa katulad na paraan, ang tatlong *Mga Manwal sa Pangunahing Pagsasanay* ay mga kasangkapan na maaari mong gamitin sa buong buhay mo upang mas lubos na makilala ang Diyos sa pamamagitan ng Biblia at lumago sa buhay kasama siya.

Ang *Mga Manwal sa Pangunahing Pagsasanay* na ito ay mga kasangkapan upang tulungan ka at ang iba na matutunan at maisagawa ang parehong mga bagay na itinuro ni Jesus sa kanyang mga alagad.

- Tinulungan niya silang mas lubos na maunawaan ang Diyos – Aklat 1
- Tinulungan niya silang matutunan kung paano mamuhay ayon sa buhay na inihanda ng Diyos para sa ating kagalakan – Aklat 2
- Tinulungan niya silang matutunan ang disenyo ng Diyos para sa pamumuhay na may kaugnayan sa iba – Aklat 3

Si Jesus ang halimbawa sa PARAAN ng pagtuturo

Hindi nagkataon lamang na itinuon ni Jesus ang kanyang tatlong taon ng pampublikong ministeryo sa personal na pagsasanay ng labindalawang lalaki. Alam niya na ang kanyang pamumuhunan ng panahon sa labindalawang taong iyon ay magdudulot ng mas malaking pagbabago sa mundo kaysa sa pagtatatag ng isang malaking paaralan ng teolohiya na maaaring magsanay ng libu-libong estudyante o pagtatayo ng isang malaking sinagoga (o iglesia) kung saan maaari siyang mangaral sa libu-libong tao bawat linggo.

Ang estratehiya ni Jesus ay halos katulad ng estratehiya ng isang ama at ina na naglalaan ng maraming taon ng kanilang buhay upang sanayin ang iilang anak. Alam natin na ang mga batang lumalaki sa isang maayos at mapagmahal na tahanan—sa ilalim ng pamumuno ng mga magulang na araw-araw na nagbibigay ng pagmamahal, paghihikayat, pagtuturo, at pagsasanay—ang siyang pinakahandang humarap sa buhay. Alam din natin na kahit ang pinakamahuhusay na magulang ay hindi kayang magbigay ng ganitong uri ng personal na pangangalaga at pagsasanay sa 100 o higit pang mga batang sabay-sabay na naninirahan sa kanilang tahanan. Katulad ng isang magulang, inilaan ni Jesus ang kanyang buhay para sa buhay ng iilang tao. Iyan ang kanyang huwaran at halimbawa, at iyan din ang pinakamabisang pamamaraan at estratehiya sa paggamit ng *Mga Manwal sa Pangunahing Pagsasanay* na ito.

Praktikal na aplikasyon

Sa mga tala tungkol kay Jesus, makikita natin na 71 beses siyang nakipag-usap sa kanyang mga personal na alagad. Nagtanong nang 307 beses si Jesus sa mga tao, at 185 beses naman siyang tinanong ng mga tao. Sa mga Ebanghelyo, mas madalas gumamit si Jesus ng mga personal na pakikipag-usap kaysa sa mahahabang pagtuturo upang matulungan ang kanyang mga alagad at ang iba na matuto. Ito rin ang pangunahing paraan ng mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak, at ito ang pamamaraang pinagbatayan sa pagbuo ng *Mga Manwal sa Pangunahing Pagsasanay*. Dinisenyo ang mga ito upang tulungan ang mga tao na sundin ang halimbawa ni Jesus sa pagsasanay ng mga alagad sa mga sumusunod na paraan:

- ***Maglaan ng panahon para sa mga alagad.*** Kilalanin sila nang mabuti. Magpakita ng malasakit sa bawat bahagi ng kanilang buhay at unawain ang kanilang mga pinagdaraan.

- ***Palaging ipanalangin ang mga alagad.*** Ang Diyos ang pinakamahalagang Guro ng bawat tao. Sa pamamagitan ng panalangin, hinihiling natin sa Diyos na mabisa siyang kumilos sa kanilang buhay. Nanalangin si Jesus para sa mga tao at gayundin si Pablo. Marami sa mga panalangin ni Pablo ang nakatala sa Bagong Tipan. Matuto sa halimbawa nina Jesus at Pablo sa panalangin para sa mga tao.
- ***Tulungan ang mga alagad na lubusang makilala ang Diyos.*** Tulungan silang higit na maunawaan kung sino ang Diyos at kung paano siya kumikilos sa bawat aspeto ng buhay. Ito ang layunin ng Aklat 1.
- ***Tulungan ang mga alagad na mamuhay ayon sa Salita ng Diyos sa araw-araw.*** Ang Diyos ay patuloy na kumikilos sa bawat araw at sa bawat sitwasyon upang tulungan tayong makilala siya at mamuhay kasama niya. Ang Aklat 2 ay isang kasangkapan upang malaman kung aling mga bahagi ng Biblia ang makatutulong sa bawat sitwasyong ating nararanasan. Habang nagiging pamilyar ka sa nilalaman ng Aklat 2, mas madali mong matutukoy kung aling mga talata ng Salita ng Diyos ang makatutulong sa iyo at sa iyong mga kaibigan. Hindi kailangang sundin ang pagkakasunod-sunod ng mga aralin ayon sa pagkakasulat nito. Ang Aklat 2 ay lalo nang nakatutulong upang umunlad ang isang alagad sa kanyang pag-uugali at mga gawi buong buhay. Maaari kayong manalangin at pagpasiyahan kung aling mga aralin ang pinakamainam batay sa mga karanasang pinagdaraan ng alagad.
- ***Tulungan ang mga alagad na bigyang-halaga ang mga ugnayan.*** Kumikilos ang Diyos sa pamamagitan ng mga ugnayan, at ang pamilya ang kanyang disenyo para sa malapit at matatag na samahan. Itinatag ng Diyos ang pag-aasawa, pamilya, at iglesia para sa ganitong malalapit na ugnayan, at maging ang trabaho ay isang pagkakataon upang lumago sa pakikitungo sa iba. Ang Aklat 3 ay isang kasangkapan upang maunawaan ang disenyo ng Diyos para sa pamilya at iglesia, upang magkaroon ang mga tao ng matibay na ugnayan sa Diyos at sa isa't isa.
- ***Magkaroon ng maraming personal na pakikipag-usap sa bawat alagad.*** Talakayin ang mga natututuhan nila tungkol sa Diyos. Alamin ang kanilang pag-unlad sa pamumuhay kasama ni Jesu-Cristo. Kung maaari, isama ang isa o dalawa pang alagad sa mga pag-uusap upang matuto ang bawat isa mula sa karanasan ng iba.
- ***Maglingkod at gumawa ng gawain nang sama-sama kasama ang mga alagad.*** Maging isang mabuting halimbawa sa mga disipulo at tulungan silang matuto mula sa iyong halimbawa at mga karanasan.
- ***Sundin ang mga tagubilin sa "Paano Maging isang Espirituwal na Magulang."***
(Apendise 1)

Pagsasanay para sa mga bagong Kristiyano at mga pastor

Sa kabuuan, ang mga manwal na ito ay sumasaklaw sa mga pangunahing aral na itinuro ni Jesus (at ng kanyang mga alagad) sa lahat ng mga alagad ni Jesu-Cristo.

- Ang mga manwal sa pagsasanay ay kapaki-pakinabang sa pagtuturo at paggabay sa mga bagong Kristiyano, gayundin sa patuloy na pagpapalago ng mga malalalim na Kristiyano sa kanilang pananampalataya.
- Makakatulong ang mga manwal upang ang mga tao ay maging matatag na magulang at maging epektibong pinuno.
- Taglay ng mga manwal ang mga pangunahing batayan na kailangan ng isang taong naghahandang maging pastor, at makatutulong din ang mga ito upang maging higit na epektibo ang mga pastor sa kanilang paglilingkod.

Mga Tagubilin sa Paggamit ng Aklat 1

Paano mo makikilala ang Diyos sa pamamagitan ng Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos

Ang Aklat 1, "Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos," ay isang kasangkapan upang tulungan ang bawat tao na isakatuparan ang pinakadakilang layunin sa buhay, ang makilala ang Diyos nang buo at lubusan. Nais ng Diyos na maging ating Ama at ating Guro. Ang Aklat 1 ay nagsisilbing gabay sa paggamit ng Biblia upang higit nating makilala ang Diyos. Ito rin ang sinabi ni Jesus na kahulugan ng buhay na walang hanggan. "At ito ang buhay na walang hanggan: ang makilala ka nila na iisang tunay na Diyos, at si Jesu-Cristo na iyong isinugo." (Juan 17:3). Ipinaliwanag din ni Apostol Pablo na ito ang kanyang pinakadakilang layunin sa buhay (Filipos 3:7-10). Dahil sa kanilang halimbawa, ang layunin ng Aklat 1 ay tulungan ang mga tao na buo at lubusang makilala ang Diyos sa pamamagitan ng pag-aaral ng Biblia.

Sa kabila ng lahat niyang kadakilaan, ibinigay sa atin ng ating Manlilikha ang Biblia na naglalaman ng iba't ibang salaysay tungkol sa kanyang mga ginawa sa buhay ng mga tao, kasama ang maraming uri ng mga tagubilin at aral. Habang nauunawaan natin ang mga salaysay na ito tungkol sa mga ginawa ng Diyos sa kasaysayan, lalo nating nakikilala ang kanyang kadakilaan at ang mga pangunahing katotohanan tungkol sa kanya at kung paano siya kumikilos sa mga tao. Habang higit mong nauunawaan kung sino ang Diyos, ang kanyang mga katangian at ang mga pangakong kanyang ibinigay ay lalo mo siyang iibigin at nanaising iayon ang iyong buhay sa kanya. Kasabay nito, mababago rin ang iyong pakikipag-ugnayan sa ibang tao nang higit pa kaysa sa dati mong naranasan. Ang pagbabagong ito ay nangyayari habang lalo mong nakikilala ang Diyos sa bawat aspeto ng kanyang kadakilaan. Ang manwal na ito, *Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos*, ay makatutulong sa iyo na makita at maunawaan ang iba't ibang aspeto ng Diyos. Ito ay nakaayos ayon sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag ng Diyos ng kanyang sarili. May apat itong bahagi:

Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos

1. Kadakilaan ng Diyos na Nahayag sa Kasaysayan
2. Pagliligtas ng Diyos
3. Mga Katangian ng Diyos
4. Mga Pangako ng Diyos

Mga Tagubilin

Ang unang bahagi ng Aklat 1 ay may pamagat na "Kadakilaan ng Diyos na Nahayag sa Kasaysayan." Ito ay isang buod ng mahahalagang pangyayari at mga taong binanggit sa Biblia. Makikita mo ang tatlong pahina na bumubuo ng isang timeline ng buong Biblia – mula sa paglikha ng mundo hanggang sa panahong muling babalik si Jesu-Cristo bilang Hari.

Ang natitirang bahagi ng Aklat 1 ay isang kasangkapan upang tulungan kang higit na makilala ang Diyos habang binabasa at pinag-aaralan mo ang Biblia. Ang pahina ng "Nilalaman" ng Aklat 1 ay isang balangkas ng tatlong pangunahing kategorya ng mga bagay na dapat mong matutuhan tungkol sa Diyos. Ito ay ang mga sumusunod:

- Pagliligtas ng Diyos
- Mga Katangian ng Diyos
- Mga Pangako ng Diyos

Habang nagbabasa at nag-aaral ka ng Biblia, maaari mong gamitin ang pahina ng Nilalaman bilang gabay upang malaman kung ano ang dapat mong hanapin. Kapag may natuklasan kang kaalaman tungkol sa Diyos na kabilang sa isa sa mga categoryang ito, gamitin ang pahina ng Nilalaman upang mahanap ang tamang pahina kung saan mo maisusulat ang iyong natutuhan. Sa bawat paksa tungkol sa Diyos sa manwal, may nakalaang mga blangkong bahagi. Dito mo isusulat ang mga talata mula sa Biblia at ang iyong mga obserbasyon tungkol sa mga natutuhan mo tungkol sa Diyos.

Halimbawa, kapag sinimulan mong basahin ang Biblia, mababasa mo ang pahayag, “Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa.” sa Genesis 1:1. Ito ay isang pahayag tungkol sa Diyos. Ano ang matututuhan mo tungkol sa Diyos mula sa talatang ito? Makikita mo na may kapangyarihan siyang lumikha. Saan mo isusulat ang obserbasyong ito? Hanapin mo ang seksyong “Mga Katangian ng Diyos” sapagkat ang obserbasyong ito ay hindi tuwirang tumutukoy sa “Pagliligtas ng Diyos” o sa “Mga Pangako ng Diyos.” Sa seksyong “Mga Katangian ng Diyos,” makikita mo ang sampung magkakaibang categorya ng mga katangian ng Diyos na nakasaad sa anyo ng mga tanong. Ang unang categoryang nakatala ay “1. Ang Lawak ng **Kapangyarihan** ng Diyos.” Piliin kung alin sa sampung categorya ang pinakmainam na naglalarawan sa Diyos batay sa talatang nabanggit kanina. Sa Genesis 1:1, makikita nating ipinapakita ng talata ang kapangyarihan at kaalaman ng Diyos. Mapapansin na ang mga ito ay nasa una at ikaapat na categorya. Pumunta ngayon sa mga pahina kung saan makikita ang categorya para sa kapangyarihan ng Diyos at kaalaman ng Diyos. Sa bawat pahina, maaari mong isulat ang iyong obserbasyon sa pamamagitan ng paglalagay ng talata, Genesis 1:1, at maikling komento pagkatapos nito, katulad ng “May kapangyarihan ang Diyos na likhain ang buong sansinukob,” at “May karunungan ang Diyos upang likhain ang buong sansinukob.”

Ganito rin ang gagawin mo sa lahat ng iba pang matutuklasan mo tungkol sa Diyos habang nagbabasa ka ng Biblia. Ang ilan sa iyong mga obserbasyon ay tungkol sa iba pang mga katangian ng Diyos, samantalang ang iba naman ay tungkol sa “Mga Pangako ng Diyos” o kaya tungkol sa “Pagliligtas ng Diyos”. ***Tuwing makababasa ka ng isang kaalaman tungkol sa Diyos, hanapin ang angkop na pahina sa manwal at doon isulat ang iyong natutuhan.***

Sa mga susunod na buwan, habang patuloy kang nakakatuklas at nagsusulat ng iba't ibang kaalaman tungkol sa kung sino ang Diyos, malamang na ikaw ay mamangha at mapalakas ang iyong loob. Hilingin sa Banal na Espiritu ng Diyos na turuan ka sa tuwing magbabasa ka ng Biblia, at tamasahin ang mga pagbabagong gagawin niya sa iyong pag-iisip at sa iyong buhay.

Kadakilaan ng Diyos na Nahayag sa Kasaysayan



Nagsimula ang kasaysayan sa Paglikha

Nagsimula ang kasaysayan nang likhain ng Diyos ang mundo at ang buong sansinukob. Madaling maunawaan na ang napakakomplikadong kaayusan ng napakalawak na sansinukob ay bunga ng disenyo ng isang nilalang na may napakataas na karunungan na nakahihigit sa kakayahan natin. Gayundin, ang kamangha-manghang pagkakabuo ng maliliit na bagay sa mundong ito, tulad ng DNA ng ating mga selula at ng mga proton, neutron, at electron, ay nagpapakita rin ng gawa ng isang nilalang na may napakataas na karunungan na lagpas pa sa ating ganap na pagkaunawa.

Ganito nagsimula ang Biblia: "Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa." (Genesis 1:1). Ipinakita ng Diyos ang kanyang kadakilaan kapwa sa malawakang antas (isang malawak na sansinukob) at sa maliit na antas (napakaliit na molekula) na bahagi ng kanyang nilikha.



Hindi lamang ang pagiging komplikado ng buhay ang kahanga-hanga, kundi pati na rin ang kagandahan at napakaraming pagkakaiba-iba ng mga nilalang. Ang kagandahan at sari-saring anyo ng libu-libong uri ng paru-paro sa buong mundo ay tunay na kamangha-mangha. At ang mga paru-paro ay maliit na bahagi lamang ng milyun-milyong uri ng mga insekto na may iba't ibang laki, hugis, anyo, at kulay. At ang mga insekto naman ay ilan lamang sa napakaraming uri ng mga hayop at halaman na matatagpuan sa buong daigdig.

Hindi lamang ang kagandahan at pagkakaiba-iba ng mga halaman at hayop ang nagpapamangha sa atin, kundi maging ang napakaraming uri ng kanilang mga nagagawang tunog, kilos, mga gawi, at mga paraan ng pagpaparami.

Ang lahat ng napakahusay na disenyong ito ay nagpapahiwatig na may isang tagapagdisenyo na ang karunungan ay higit na dakila kaysa sa lahat ng kanyang nilikha. Kaya nga sinasabi ng Biblia, "Mula pa nang likhain ng Diyos ang sanlibutan, ang kanyang likas na hindi nakikita, ang kanyang kapangyarihang walang hanggan at ang kanyang pagka-Diyos, ay maliwanag na inihahayag ng kanyang mga ginawa." (Roma 1:20)

Ipinakikita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa pamamagitan ng kasaysayan

Ang nilikhang daigdig sa ating paligid ay nagpapakita ng kamangha-manghang karunungan, kapangyarihan, at kakayahang lumikha ng Diyos, ngunit hindi nito lubusang naipahayag ang kanyang pag-ibig, katarungan, habag, biyaya, at awa. Upang maipakita ang kanyang tunay na katangian, ang Diyos ay naging tao, katulad natin. Ang pangalan ng taong ito ay Jesu-Cristo at sa ganitong paraan inilalarawan ng Biblia ang taong ito.

- Colosas 1:15, "Si (Jesu-Cristo) ang larawan ng Diyos na di-nakikita. Siya ang panganay na anak at pangunahin sa lahat ng mga nilikha."

- Colosas 2:9, “Sapagkat ang buong kalikasan ng Diyos ay na kay Cristo sa kanyang pagiging tao.”
- Hebreo 1:3, “Nakikita sa Anak (Jesu-Cristo) ang kaluwalhatian ng Diyos. Kung ano ang Diyos ay gayundin ang Anak...”
- Juan 14:9, Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad tungkol sa kanyang sarili, “Ang nakakita sa akin ay nakakita na sa Ama (Diyos).”

Ang buong kasaysayan ay nakatuon sa pagpapahayag ng Diyos ng kanyang sarili sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Sa loob ng libu-libong taon bago isinilang si Jesus bilang tao, nagbigay ang Diyos ng mga pahayag upang ihanda ang mga tao sa pagdating ng natatanging taong ito. Pagkatapos ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, patuloy na nagpahayag ang Diyos na nagpapaliwanag sa gagawin pa ni Jesu-Cristo sa hinaharap, lalo na tungkol sa kanyang kaugnayan sa mga tao. Si Jesus ang sentro ng mensahe ng Biblia, mula sa simula hanggang sa katapusan ng kasaysayan katulad ng nalaman natin sa daigdig na ito.

Habang lalo nating nakikilala kung sino si Jesu-Cristo, sa kanyang mga ginawa noon, sa kanyang mga ginagawa ngayon, at sa kanyang mga gagawin pa sa hinaharap, lalo rin nating nauunawaan ang katangian at puso ng Diyos. Ngunit hindi lamang nais ng Diyos na magkaroon tayo ng kaalaman tungkol sa kanya, kundi magkaroon din ng karanasang pang-unawa. Nilikha niya ang tao upang mamuhay kasama siya sa bawat aspeto ng pagkalikha sa atin, sa intelektwal, emosyonal, ugnayan, espirituwal, at pisikal.

Ang manwal na ito, *Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos*, ay magbibigay sa iyo ng pangkalahatang pananaw sa kasaysayang nakatala sa Biblia upang matulungan kang maunawaan at higit na pahalagahan ang pinakanatatanging taong nabuhay sa mundong ito, si Jesu-Cristo. Habang lalo mo siyang nakikilala at binubuksan ang iyong puso sa kanya, lalo kang nababago upang mamuhay kasama ng iyong Manlilikha sa isang mas malalim at mas malapit na paraan nang higit pa sa kahit sinong tao.

Ang hangarin ng Diyos ay lubos siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig

Laging ninanais ng Diyos na makilala siya ng mga tao. Bago pa dumating si Jesu-Cristo sa mundo bilang tao, ang isang pariralang madalas na mababasa sa Biblia ay, "...upang malaman ninyo na ako si Yahweh," o "...upang malaman nila na ako si Yahweh." Sa aklat ng Ezekiel, ang pariralang ito ay naitala nang humigit-kumulang animnapung beses. Si Jesu-Cristo mismo ang nagsabi na ang buhay na walang hanggan ay ang pagkilala sa Diyos (Juan 17:3), at sinabi ni Apostol Pablo na ang pangunahing layunin ng kanyang buhay ay ang lubusang makilala si Jesu-Cristo (Filipos 3:7–10).

Ang pagkilala sa Diyos ay may mas malalim na kahulugan kaysa sa pagkakaroon lamang ng kaalaman tungkol sa isang tao. Sa Biblia, ang salitang "makilala" ay may pangkabuuang kahulugan na sumasaklaw sa buong buhay, kabilang ang pinakamalalim at pinakapribadong aspeto. Sa ilang bahagi ng Biblia, mababasa natin na nakilala ng isang lalaki ang kanyang asawa, na nangangahulugang nagkaroon sila ng malapit na ugnayan sa pamamagitan ng pakikipagtalik. Ipinakikita nito kung gaano kalalim ang pagnanais ng Diyos na makilala siya ng mga tao.


Ang sumusunod ay isang balangkas na nagpapakita ng limang pangunahing paraan ng Diyos upang tulungan ang mga tao na lubos siyang makilala sa pag-ibig. Ang limang paraang ito ay bahagi ng mga plano ng Diyos na kanyang isinasagawa sa buong kasaysayan upang lubusan siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig. Ang mga planong ito ay nakabalangkas sa Biblia, kung saan mababasa natin kung paanong ang mga ito ay isinakatuparan ng Diyos sa nakaraan at kung paano niya isasakatuparan ang mga ito sa hinaharap.

Mga plano ng Diyos upang lubos siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig

1. PAGLIKHA – Ang batayang inilaan ng Diyos upang lubos siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig
2. JESUS BILANG KORDERO – Ang handog na inialay upang lubos na makilala ang Diyos sa pag-ibig
3. ISRAEL – Ang bansang ginamit ng Diyos upang makilala siya sa pag-ibig ng lahat ng tao
4. JESUS BILANG LINGKOD-HARI – Ang haring kailangan natin upang lubos nating makilala ang Diyos sa pag-ibig
5. ANG IGLESIA – Ang babaeng ikakasal na nagsisimulang lubos na makilala ang Diyos sa pag-ibig

Ang balangkas na ito ay kasama sa timeline na makikita sa ibaba (na isang pinaliit na larawan ng tatlong-pahinang timeline na nasa mga susunod na pahina ng seksyong ito). Ang bawat isa sa limang planong ito, na nakalista sa itaas, na isinasagawa ng Diyos sa buong kasaysayan ay kinakatawan sa timeline ng isang pahalang na guhit.

Plano ng Diyos upang lubos siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig



Ang sumusunod ay isang buod ng mga plano na isinasagawa ng Diyos sa buong kasaysayan upang tulungan ang mga tao na lubos siyang makilala sa pag-ibig. Makakakita ka ng mas detalyadong paliwanag tungkol sa bawat isa sa limang ito sa ***Apendise 3 sa hulihan ng manwal na ito, Aklat 1.***

1. PAGLIKHA – ang batayang inilaan ng Diyos upang lubos siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig

Ang Diyos ay espiritu, kaya hindi natin siya nakikita gamit ang ating pisikal na mga mata, ngunit ipinakilala niya ang kanyang sarili sa atin sa maraming pisikal na paraan. Sinasabi ng Biblia, “Mula pa nang likhain ng Diyos ang sanlibutan, ang kanyang likas na hindi nakikita, ang kanyang kapangyarihang walang hanggan at ang kanyang pagka-Diyos, ay maliwanag na inihahayag ng kanyang mga ginawa. Kaya't wala na silang (mga tao) maidadahilan pa.” (Roma 1:20) Ang sinuman sa buong mundo ay maaaring magsimulang makilala ang tungkol sa Diyos mula sa mga bagay na ipinahayag tungkol sa kanya sa pamamagitan ng likas na mundo sa ating paligid at sa buong sansinukob.

Ang paglikha rin ay tumutulong sa atin na makilala at pahalagahan si Jesu-Cristo ayon sa mababasa nating paliwanag ng Biblia sa mga talatang tulad ng Colosas 1:16-17, “Sapagkat sa pamamagitan niya (Jesu-Cristo) ay nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga espirituwal na kapangyarihan, paghahari, pamamahala, at pamumuno. Ang lahat ay nilikha ng Diyos sa pamamagitan niya at para sa kanya. Siya ang una sa lahat, at ang buong sansinukob ay nananatiling nasa kaayusan sa pamamagitan niya.”

2. JESUS BILANG KORDERO – ang handog na inialay upang lubos na makilala ang Diyos sa pag-ibig

Si Jesus lamang ang pag-asa upang matigil ang paulit-ulit na kamatayang umaalipin ngayon sa lahat ng buhay sa daigdig na ito. Sinasabi ng Biblia sa Colosas 1:19-20, “Sapagkat minarapat ng Diyos na ang buo niyang kalikasan ay manatili sa Anak (Jesu-Cristo), at sa pamamagitan ng Anak, niloob ng Diyos na ang lahat ng bagay, maging sa langit o sa lupa ay ipagkasundo sa kanya. Nakamtan ang kapayapaan sa pamamagitan ng dugo ng kanyang Anak na inialay sa krus.”

Mula nang dumating ang kamatayan sa mundong ito matapos suwayin ng unang lalaki at babae ang utos ng kanilang mapagmahal na Manlilikha, sinimulan nang ipahayag ng Diyos ang kanyang plano ng pakikipagkasundo at pagpapanumbalik. Ang unang ginawa ng Diyos upang tulungan sina Adan at Eva matapos ang kanilang pagkahulog ay ang pagpatay ng isang hayop upang takpan ang kanilang kahubaran na dulot ng kasalanan. (Genesis 3) Ito ay naging simbolo ng gagawin ng Diyos upang takpan ang mga bunga ng kasalanan para sa milyun-milyong tao na mabubuhay sa hinaharap sa mundong ito. Ang planong ito ay kalaunang ipinakita sa pamamagitan ng kordero ng Paskuwa na itinatag ni Moises. Nang dumating si Jesus, malinaw na sinabi ni Juan na Tagapagbautismo bago bautismuhan si Jesus, “Tingnan ninyo, siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.” (Juan 1:29) Isinasagawa ng Diyos ang kanyang plano na ang kanyang Anak ang maging korderong alay na tutugon sa hinihinging katarungan ng Diyos, at magbibigay ng daan upang maibalik ang mga tao sa walang hanggang ugnayan sa kanya. Sa ganitong paraan, mapananatili ng Diyos ang katarungan at maipapakita rin ang kanyang pag-ibig. Sa huli, sa kasukdulan ng kasaysayan na isinulat sa aklat ng Pahayag, tinawag si Jesu-Cristo na Kordero nang tatlumpu’t isang beses!

Habang mas nauunawaan natin ang tungkol sa Korderong alay ng Diyos, lalo tayong namamangha sa kabuuan ng kanyang mapagsakripisyong pag-ibig—ang kanyang habag, biyaya, at awa. Si Jesus mismo ay nagsabi bago niya kusang ibinigay ang kanyang buhay bilang alay para sa bawat tao sa buong kasaysayan, “Ang pinakadakilang pag-ibig na maaaring taglayin ng sinuman para sa kanyang mga kaibigan ay ang ialay ang kanyang buhay para sa kanila.” (Juan 15:13)

Maaari mong higit na matutuhan pa ang tungkol sa kung paano ipinakikilala ng Diyos ang kanyang sarili sa pamamagitan ni Jesus bilang Kordero sa pamamagitan ng pagbabasa ng Apendise 3 sa hulihan ng manwal na ito, Aklat 1.

3. ISRAEL – ang bansang ginamit ng Diyos upang makilala siya sa pag-ibig ng lahat ng tao

Kung ang isang coach ng football ay magsasabi na mananalo siya sa kampeonato sa buong mundo sa pamamagitan lamang ng pag-eensayo kasama ang isang maliit na grupo ng mga estudyante sa high school, karamihan sa mga tao ay iisipin na iyon ay isang imposibleng pangarap. Ganiyan din ang ipinahayag ng Diyos sa simula ng kasaysayan, na nakatala sa unang bahagi ng Biblia na gagawin niyang pagpapala sa buong mundo ang lahi ng isang tao, si Abraham. Kalaunan, sinabi rin ng Diyos na ang walang hanggang hari ng mundo ay magmumula

sa mga inapo ng parehong pamilyang iyon. At hindi lamang magmumula sa grupong ito ang walang hanggang hari, kundi tatawagin din siyang Kordero na magiging Tagapagligtas ng mundo!

Ang kadakilaan ng Diyos ay naging higit na kahanga-hanga nang ang mga inapo nina Abraham, Isaac, at Jacob (na kalaunan ay tinawag na Israel) ay naging suwail at makasarili. Malinaw sa Biblia na hindi pinili ng Diyos ang mga Israelita upang isagawa ang kanyang plano dahil sila ay mas mabuti kaysa sa ibang mga tao. Ngunit alam niya na mas maipapakita niya ang kanyang kadakilaan at katangian sa pamamagitan ng pagkilos kasama ang isang pangkat ng mga tao na maraming suliranin at limitasyon. Ang katapatan ng Diyos sa pagtupad ng kanyang mga pangako sa pangkat na ito ng mga tao, at ang kanyang pag-aalaga sa kanila sa buong kasaysayan, ay nagpapakita ng pag-ibig na mas malalim at mas matibay kaysa sa anumang ugnayan na nakita o naranasan natin. Ginamit ng Diyos ang bansang Israel upang ipakita sa buong mundo ang kanyang katapatan, biyaya, at pag-ibig.

Ang parehong matinding pag-ibig, biyaya, at katapatan ay makikita rin sa paraan ng pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng isa pang pangkat ng mga taong may maraming problema at limitasyon—ang kanyang iglesia.

Maaari mo pang malaman kung paano ipinakikilala ng Diyos ang kanyang sarili sa pamamagitan ng Israel sa pagbabasa ng Apendise 3 sa hulihan ng manwal na ito, Aklat 1.

4. JESUS BILANG LINGKOD-HARI – ang haring kailangan natin upang lubos nating makilala ang Diyos sa pag-ibig

Nang unang likhain ng Diyos ang mga tao, ang kanyang plano sa kanila ay maging mabubuting tagapamahala ng kanyang nilikha (Genesis 1:26-28). Nais ng Diyos na makibahagi ang mga tao sa kanyang nilikha at kasabay nito ay magkaroon ng pakikipagkaibigan sa kanya. Ngunit nasira ang ugnayang iyon nang suwayin nina Adan at Eva ang utos ng Diyos. Nang mangyari ito, nagpatuloy ang Diyos sa pagpapaalam at pagtupad ng kanyang plano upang maibalik sila sa kanyang orihinal na layunin, ang makasama siya sa pamamahala ng kanyang nilikha.

Bahagi ng planong ito ang pagiging pinuno mismo ng Diyos kasama nila: una, sa pagiging alay upang tanggapin ang kaparusahan na nararapat dahil sa kanilang kasalanan; at pagkatapos, sa pagiging huwarang pinuno sa nilikha ng Diyos na may puso ng isang lingkod.

Nang si Jesus ay nabuhay sa lupa bilang tao, nagsikap siyang baguhin ang maling pagkaunawa tungkol sa tunay na kahulugan ng pagiging pinuno. Sa hindi bababa sa tatlong pagkakataon, ipinaliwanag niya sa kanyang malalapit na alagad na ang isang pinuno ay unang dapat maging isang lingkod. (Mateo 20:25-28, Marcos 10:42-45, Lucas 22:24-27) Itinuro ito ni Jesus, at siya rin mismo ang perpektong halimbawa ng isang pinunong tagapaglingkod, gaya ng sinabi niya sa Marcos 10:45, “Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami.” Ipinakita rin ni Jesus ang pamumunong naglilingkod nang hugasan niya ang mga paa ng kanyang mga alagad noong huling hapunan.

Sa huli, sa pagtatapos ng Biblia, sa aklat ng Pahayag, makikita natin si Jesus bilang Panginoon at pinuno, at ang lahat ng kanyang mga alagad ay kasama niya sa pamamahala sa kanyang bagong nilikha (Pahayag 19:4). Maibabalik na ang kanyang orihinal na plano.

Maaari mong matutuhan pa kung paano ipinakikilala ng Diyos ang kanyang sarili sa pamamagitan ni Jesus bilang Lingkod-Hari sa pagbabasa ng Apendise 3 sa hulihan ng manwal na ito, Aklat 1.

5. ANG IGLESIA – ang babaeng ikakasal na nagsisimulang lubos na makilala ang Diyos sa pag-ibig

Ginamit ng Diyos ang pisikal na lahi ng Israel upang tulungan ang lahat ng tao sa mundo na makilala siya, at ngayon ay ginagamit niya ang isang espirituwal na pangkat ng mga tao upang tulungan ang lahat na makilala siya nang lubusan. Si Jesu-Cristo pa rin ang sentro. Sa katunayan, sinasabi ng Colosas 1:18, “Siya (Jesu-Cristo) ang ulo ng iglesia na kanyang katawan. Siya ang pasimula, siya ang panganay na binuhay mula sa kamatayan, upang siya'y maging pangunahin sa lahat.”

Inilalarawan ng Diyos ang mga miyembro ng kanyang iglesia bilang kanyang babaeng pakakasalan. Ito ay dahil nais niya ang pinakamalalim at pinakamalapit na ugnayan na maaari silang magkaroon sa kanya. Inilalarawan ng Pahayag ang kaganapan ng ugnayang ito bilang kasal ng iglesia sa Kordero, na siya ring Hari (Pahayag 19:1-9).

Sinabi ni Jesus na sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, naging posible para sa kanyang Espiritu na manahan sa bawat taong sumasampalataya sa kanya. Sila ang mga taong espirituwal na ipinanganak sa walang hanggang pamilya ng Diyos. Sila ang bumubuo sa pangkat ng mga mananampalataya na tinatawag na iglesia. Personal na sinanay ni Jesus ang mga unang pinuno ng pangkat na ito, at ngayon, ang mga miyembro ng pamilya ng Diyos ay naninirahan sa buong mundo.

Ang mga miyembro ng espirituwal na katawan ni Cristo ay hindi perpekto sa kanilang pamumuhay, ngunit binigyan sila ng Diyos ng matuwid na kalagayan sa harap niya upang makabahagi sila sa pagtupad ng kanyang mga plano sa mundo. Ang Espiritu ng Diyos ay gumagawa sa pamamagitan ng mga miyembro ng kanyang iglesia upang isagawa ang kanyang layunin sa mundo, ang lubos na ipakilala ang kanyang sarili sa pag-ibig.

Maaari mong matutuhan pa kung paano ipinakikilala ng Diyos ang kanyang sarili sa pamamagitan ng iglesia sa pagbabasa ng Apendise 3 sa hulihan ng manwal na ito, Aklat 1.

Ang Oposisyon ay tumutulong sa atin na makilala ang Diyos

Kapag ang isang atleta o koponan sa palakasan ay humaharap sa matinding kalaban at nagwawagi, lalo pang namamangha ang mga tao sa kanilang kakayahan. Sa katulad na paraan, ang lahat ng pagsalungat na naganap sa buong kasaysayan ay lalo lamang naghayag ng kadakilaan ng Diyos at ng lahat ng kanyang kamangha-manghang ginagawa. Sa buong kasaysayan, hinayaan ng Diyos na ang pinakamalalakas na puwersa ng mundong ito ay

sumalungat sa kanya. Nang si Jesus ay namuhay sa lupa, nakaranas siya ng matinding pagsalungat, sa espirituwal, panrelihiyon, panlipunan, at pampulitikang aspeto.

Sa Biblia, makikita natin kung paano kumilos ang Diyos sa nakalipas na mga panahon upang tulungan ang mga tao na higit pa siyang makilala. Sa kasalukuyan, habang binabasa natin ang mga plano ng Diyos para sa hinaharap, maaari tayong magkaroon ng buong pagtitiwala sa kanyang dakilang kapangyarihan na malaman ang hinaharap at mapagtagni-tagni ang mga pangyayari sa paraang higit pa sa ating lubos na kayang maunawaan. Anuman ang uri ng pagsalungat na dumating, patuloy na ihahayag ng Diyos ang kanyang kamangha-manghang kadakilaan sa bawat aspeto. Kaya maaari tayong umasa nang may katiyakan na lalo pa nating makikilala ang Diyos sa pag-ibig.

Maaari mong matutuhan pa kung paano ipinakikilala ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagbabasa ng Apendise 3 sa hulihan ng manwal na ito, Aklat 1.

Panimula sa kumpletong timeline sa susunod na tatlong pahina

Kapag nakikita natin ang pagsasakatuparan ng mga plano ng Diyos sa loob ng libu-libong taon, nakikita natin ang kanyang kadakilaan sa malawak na antas. Ipinakikita rin ang kadakilaan ng Diyos sa ***maliit na antas*** sa Biblia. Ang mga detalyeng ito ng gawain ng Diyos ay makikita sa buong Biblia at ipinapakita sa timeline sa pamamagitan ng:


- Mga pangalan ng mga **indibidwal**
- Mga pangalan ng mga **tiyak na pangyayari**

Kasama ang buhay ng maraming tao at maraming pangyayari sa bawat plano ng Diyos. Habang mas nauunawaan natin ang ginawa ng Diyos sa buhay ng bawat isa sa mga taong ito at sa bawat pangyayaring ito, lalo tayong namamangha sa kanyang kadakilaan sa lahat ng paraan. Ang bawat tao at bawat pangyayari ay maliliit na bahagi ng mga plano ng Diyos, na parte ng layunin ng Diyos.

Habang binabasa mo ang mga salaysay sa Biblia tungkol sa kung paano ipinahayag ng Diyos ang kanyang sarili sa buong kasaysayan, isulat ang iyong mga obserbasyon tungkol sa Diyos sa mga pahinang nakalaan para sa bawat kaukulang seksyon. Ang mga seksyong ito ay ipinaliwanag sa naunang bahagi ng dokumentong ito na may pamagat na “Mga Tagubilin sa Paggamit ng Aklat 1.” Sa pamamagitan ng pagsusulat ng iyong mga obserbasyon at paghingi sa Diyos na tulungan kang matandaan ang mga ito, higit na matatatak sa iyong isipan ang maraming aspeto ng kanyang kadakilaan.

Ang kumpletong timeline ay nasa susunod na tatlong pahina.

Plano ng Diyos upang lubos siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig




PAGLIKHA


JESUS BILANG KORDERO

ISRAEL

JESUS BILANG LINGKOD-HARI



Plano ng Diyos upang lubos siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig



Mga Yugto ng Kasaysayan

Ipinakita sa naunang balangkas ang limang pangunahing plano na ginagamit ng Diyos upang tulungan ang mga tao na lubos siyang makilala sa pag-ibig (Paglikha, ang Kordero, Israel, si Jesus bilang Lingkod-Hari, at ang iglesia). Ang limang planong ito ay naganap at patuloy na nagaganap sa loob ng anim na yugto ng panahon na bumubuo sa buong kasaysayan.

Mga Yugto ng Kasaysayan

1. Paglikha

- Paglikha ng materyal na daigdig at ng sansinukob
- Paglikha ng tao

2. Kapahamakan

- Ang pagkahulog sa kasalanan ng unang lalaki at babae
- Ang paghatol sa mundo sa pamamagitan ng baha
- Ang paghatol sa mga tao sa pamamagitan ng pagkakaiba-iba ng mga wika

3. Mga Tipan (Mga Pangako)

- Mga Tipan (Mga Pangako) kay Abraham at sa kanyang lahi
- Mga Tipan (Mga Pangako) sa mga Israelita sa pamamagitan ng Sampung Utos
- Mga Tipan (Mga Pangako) sa mga hari ng Israel
- Mga Tipan (Mga Pangako) sa pamamagitan ng mga propeta ng Israel

4. Cristo

- Ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay

5. Dakilang Atas/Iglesia

- Ang Espiritu ni Jesu-Cristo na nananahan sa kanyang mga alagad
- Ang kanyang mga alagad ang kumakatawan kay Jesu-Cristo sa mundo

6. Kaganapan

- Ang pagbabalik ni Jesu-Cristo bilang Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon
- Ang bagong nilikha

Mahalagang tandaan na ang ilan sa mga plano ng Diyos (Paglikha, ang Kordero, Israel, si Jesus bilang Lingkod-Hari, at ang iglesia) upang tulungan ang mga tao na makilala siya ay nagpapatuloy sa ilan o sa lahat ng anim na yugto ng kasaysayan. Halimbawa, ang Paglikha ay naroroon sa bawat yugto ng panahon, at ang tema ng Kordero ay nagsisimula sa panahon ng Mga Tipan at nagpapatuloy hanggang sa Kaganapan.

Ang sumusunod ay talaan ng anim na yugto ng kasaysayan kasama ang mga pangyayaring ipinakita sa naunang timeline. Ang mga talata sa Biblia ay nakalagay sa bawat pangyayari.

Mga Talata sa Biblia para sa mga Pangyayari sa Timeline

Paglikha

1. Paglikha – Genesis 1:1-31
2. Adan at Eva – Genesis 2:8-25

Kapahamakan (Pagkahulog sa Kasalanan)

1. Ang Pagkahulog sa Kasalanan – Genesis 3:1-24
2. Noe at ang Baha – Genesis 6:5 – 8:22
3. Ang Tore ng Babel – Genesis 11:1-9

Mga Tipan (Mga Pangako)

1. Nakipagtipan ang Diyos kay Abraham, nangako siyang pagpapalain si Abraham at na sa pamamagitan niya at ng kanyang lahi ay pagpapalain niya ang lahat ng bansa sa mundo. (Genesis 12:1-3)
2. Pinagtibay ng Diyos ang kanyang mga pangako kay Abraham sa anak nitong si Isaac (Genesis 26:24) at sa anak ni Isaac na si Jacob (Genesis 35:9-12). Nangako siyang pagpapalain sila sa maraming paraan, kabilang ang pagbibigay sa kanila ng lupain ni Abraham magpakailanman (Genesis 17:8; 26:3; 28:13), ngunit ang pangunahing layunin ng lahat ng ito ay ang maghatid ng pagpapanumbalik at pakikipagkasundo sa lahat ng bansa sa mundo sa pamamagitan nila. Pinalitan ang pangalan ni Jacob at ginawang Israel (Genesis 32:28) at sa pamamagitan ng kanyang labindalawang anak ay dumami ang kanyang lahi at naging bansang Israel. Ang misyon ng Israel ay maging kaharian ng mga pari para sa buong mundo upang sa pamamagitan nila ay maibalik ang mga bansa sa Diyos (Exodo 19:5-6).
3. Jose – ipinapaliwanag ng kanyang buhay kung paano napunta ang Israel sa Egipto. – Genesis 37:1–36; 41:41–49; 45:1–11
4. Nanirahan ang Israel sa Egipto sa loob ng 400 taon. Ang lahat ng mga inapo ni Jacob, 70 katao sa kabuuan, ay umalis sa Canaan upang pumunta sa Egipto, kung saan naroon si Jose. – Genesis 46:26-27
5. Si Moises, ang mga salot, at ang Paskuwa (isang kordero ang inihandog bilang pamalit na handog upang hindi mamatay ang isang tao). – Exodo 11:1 – 12:17, at 12:29-33
6. Umalis ang buong bayan ng Israel sa Egipto upang bumalik sa Canaan (600,000 lalaki + mga babae at mga bata). – Exodo 12:37
7. Ang Sampung Utos – Exodo 20:1-21
8. Ang Tabernakulo – idinisenyo ng Diyos bilang lugar kung saan makikipagtagpo siya sa kanyang bayan. Ang mga kordero ang pangunahing hayop na inihahandog bilang alay, Bilang 28-39, Exodo 25:8–9, 29:38-46
9. David – 1 Samuel 17:1–58
10. Ginawang hari ng Israel si David – 2 Samuel 5:1-5. Minahal ni David ang Diyos at sumulat siya ng maraming Awit. Ang Awit 23 ay isang magandang halimbawa.

- Nagbigay ang Diyos ng mga propesiya tungkol sa kanyang plano para sa mundo sa pamamagitan ng Israel – sinabi ng Diyos na ang sambahayan ni David ay uupo sa kanyang trono magpakailanman. – Jeremias 33:14-26
- 11. Itinayo ang Templo – si Solomon ang hari noong kasagsagan ng kapangyarihan ng Israel at itinayo niya ang templo bilang kapalit ng tabernakulo bilang sambahan para sa Diyos. – 1 Hari 4:20-34
- 12. Ipinatapon ang Israel mula sa Canaan ng Asiria. Kalaunan, ang Juda, ang huling natitirang lipi ng Israel, ay dinala rin sa pagkabihag ng Babilonia. – Jeremias 39-44
- 13. Daniel – nabihag si Daniel ng mga kaaway, ngunit ginamit siya ng Diyos upang magkaroon ng impluwensya sa maraming tao sa buong mundo. – Daniel 1-12
 - Nagbigay ang Diyos ng mga propesiya tungkol sa kanyang plano para sa mundo sa pamamagitan ng Israel – Daniel 7:13-14 (Sinabi ni Jesus ang talatang ito at sinabi niyang siya ang tutupad nito.)
- 14. Si Isaias at ang mga Propesiya tungkol sa Mesiyas – Isaias 9:6, Isaias 53:1-12, Mikas 5:2
 - Nagbigay ang Diyos ng mga propesiya tungkol sa kanyang plano para sa mundo sa pamamagitan ng Israel – Sinabi ng Diyos na ang isa sa sambahayan ni David ang magiging hari (Cristo), Diyos, at ipanganganak sa Betlehem
- 15. Nagbalik ang mga Israelita (mga Judio) upang muling itayo ang Jerusalem at ang Israel (Juda) – Nehemias

Cristo

1. Si Juan na Tagapagbautismo ay nabuhay sa kaparehas na panahon ni Jesus, ngunit nauna siyang nagsimula sa kanyang ministeryo. (Sa Juan 1:29-31, sinabi niya sa mga tao na dumating na ang Kordero ng Diyos.)
2. Jesu-Cristo – Ipinahayag niyang siya ay Diyos (Juan 10:22-33) at sinabi niyang ang kanyang layunin ay bayaran ang kasalanan – Marcos 10:45. Sa huling Paskuwa, sinabi ni Jesus na ang saro ay kumakatawan na sa kanyang dugo, sa halip na sa dugo ng kordero na dating sinisimbulo nito – Lucas 22:20.
3. Ipinako sa krus si Jesu-Cristo – Lucas 23:20-56 (Nangyari ito sa mismong panahong inihahandog ang mga kordero para sa Paskuwa!)
4. Si Jesu-Cristo ay muling nabuhay mula sa kamatayan – Lucas 24:1-12, 36–53.
5. Inatasan ni Jesu-Cristo ang kanyang mga alagad na humayo sa buong mundo at ipangaral ang kanyang pagliligtas – Mateo 28:18-20; Marcos 16:15-16; Lucas 24:44-47; Juan 20:21; Mga Gawa 1:8
6. Umakyat si Jesu-Cristo sa langit at naluklok siya bilang Panginoon ng langit at lupa, at nangakong muli siyang babalik. – Mga Gawa 1:1–14

Dakilang Atas/Iglesia

1. Isinugo ni Jesus ang Banal na Espiritu sa kanyang mga alagad noong Araw ng Pentecostes, ayon sa kanyang pangako. Juan 14:17; Mga Gawa 1:4-6.
2. Ang Banal na Espiritu ay nananahan sa mga anak ng Diyos at binibigyan niya sila ng kapangyarihan upang ipalaganap ang ebanghelyo at magtatag ng mga grupo ng mga mananampalataya na tinatawag nating mga “iglesia.”
3. Pablo – nabuhay si Pablo noong panahon ni Jesu-Cristo at tumanggap ng pinakamataas na uri ng edukasyon sa kanyang panahon. Siya ang sumulat ng marami sa mga aklat ng

Bagong Tipan. Sa Mga Gawa 13:16-41, nakatala ang isa sa kanyang mga talumpati. Binubuod nito ang kasaysayan ng Biblia at ipinapaliwanag na si Jesus ang naggawad ng kapatawaran ng mga kasalanan. (Mga Gawa 13:38-39 ang mahahalagang talata).

4. Winasak ng pamahalaang Romano ang Jerusalem noong AD 70. Pinatay o dinala (bilang mga alipin) ang halos lahat ng mga Judiong naninirahan sa Israel. Mula noon, hindi na tinawag na Israel ang lugar at tumigil itong umiral bilang isang bansa. Gayunman, ang layunin nitong maging ilaw sa sanlibutan ay ipinagpatuloy ng nalabing mga Judiong mananampalataya (ang mga apostol at ang kanilang mga alagad) na nagdala ng ebanghelyo sa iba't ibang bansa.
5. Hanggang ngayon ay nagpapatuloy ang Dakilang Atas na maabot ng ebanghelyo ang bawat tao, bawat lipi, bawat pangkat ng mga tao, at bawat bansa.
6. Muling itinatag ng United Nations ang Israel bilang isang bansa noong 1948, matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Tinangka ng mga bansang Arabo na wasakin ang bagong tatag na bansa sa mismong unang araw ng pagkakatatag nito, ngunit sa kahanga-hangang pangyayari ay nakaligtas ito. Isa na naman itong kuwentong maihahambing sa kuwento nina David at Goliath.

Kaganapan

1. Babalik si Jesu-Cristo bilang Hari. Pahayag 19:11-16
2. Magaganap ang piging ng Kasal ng Kordero (ang Hari) at ng Kahang Babae (ang iglesia). Pahayag 19:6-9
3. Magaganap ang huling paghatol sa lahat ng tao. Pahayag 20:11-15. Ang mga taong nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero (Pahayag 21:27) ay mabubuhay magpakailanman.
4. Magkakaroon ng bagong langit at bagong lupa na paghaharian ni Jesu-Cristo. Siya rin ay inilalarawan bilang ang Kordero. – Pahayag 21:1-27
5. Ang Diyos / si Jesu-Cristo ay makakasama ng kanyang mga alagad magpakailanman. Pahayag 22:1-5

Mga Detalye ng mga Pangyayari at mga Tao sa Biblia

Ang Biblia ay kuwento ng Diyos sa buong kasaysayan. Naglalaman ito ng maraming detalye tungkol sa kung paano kumilos ang Diyos sa maraming sitwasyon sa buhay ng iba't ibang tao. Ang layunin ng Diyos sa lahat ng kanyang ginagawa ay tulungan ang mga tao na mas makilala siya nang lubos at mas ganap na mamuhay kasama niya.

Ang sumusunod na bahagi ay naglalaman ng mga talata sa Biblia na naglalarawan ng mahahalagang pangyayari at mga tao sa Biblia. Mayroon ding mga tanong na maaari ninyong pag-isipan at pag-usapan. Habang binabasa mo ang mga salaysay sa Biblia tungkol sa kung paano ipinahayag ng Diyos ang kanyang sarili sa kasaysayan, isulat ang iyong mga napansin tungkol sa Diyos sa mga pahina ng naaangkop na bahagi ng manwal na ito, ayon sa mga tagubiling ibinigay sa naunang bahagi ng dokumentong ito. Sa pamamagitan ng pagtatala ng iyong mga obserbasyon at paghingi sa Diyos ng tulong upang maalala ang mga ito, mas lalalim ang iyong pagkaunawa sa maraming aspeto ng kanyang kadakilaan.

Paglikha

Basahin ang Genesis 1-2

- Ang Diyos ang maylalang ng buong sansinukob, ng mundo, at ng lahat ng nasa loob nito.
- Ano ang masasabi mo tungkol sa **kapangyarihan** ng Diyos nang mabasa mong siya ang lumikha ng lahat ng bagay? Isulat ang iyong mga obserbasyon sa seksyong "Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos – kanyang mga Katangian: Gaano kadakila ang **kapangyarihan** ng Diyos?"
- Ipinakikita ng paglikha na ang Diyos ay may ganap na kaalaman tungkol sa lahat ng bagay sa mundo. Batay sa salaysay na ito, ilarawan ang lawak ng **kaalaman** ng Diyos. Isulat ang iyong mga obserbasyon sa seksyong "Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos – kanyang mga Katangian: Gaano kalawak ang **nalalaman** ng Diyos?"
- Ano pa ang iyong napansin tungkol sa Diyos sa unang dalawang kabanata ng Genesis? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa seksyong "Mga Katangian ng Diyos.")
- Para sa pagninilay o talakayan – Nilikha ng Diyos ang tao ayon sa kanyang wangis (1:26-27). Ano ang kahulugan nito?
- Para sa pagninilay o talakayan – Nilikha ng Diyos ang tao upang pangalagaan ang kanyang nilikha (1:26). Ano ang nararapat nating gawin batay sa katotohanang ito?

Adan at Eva

Basahin ang Genesis 2:15-3:24

- Binigyan ng Diyos sina Adan at Eva ng mga tagubilin at sinabi rin niya na kung susuway sila, sila ay mamamatay (2:17).
- Nilikha ng Diyos ang lalaki at babae upang maging magkalapit na katuwang ng isa't isa (pag-aasawa). (2:18, 23-24).
- Nilikha ng Diyos ang tao upang magkaroon ng ugnayan sa kanya (2:8-9)

- Napakabanal ng Diyos kaya't walang kasalanan ang maaaring manatili sa kanyang presensiya. Ang pagkahiwalay sa Diyos ay nangangahulugan din ng espirituwal na kamatayan.
- Gayunman, napakamahabagin pa rin ng Diyos kaya't pinahihintulutan pa rin niyang mabuhay ang tao kahit na sumuway sila (bagama't sina Adan at Eva ay naging espirituwal na patay sa mismong sandaling sila ay nagkasala)! Dahil sa mataas na pamantayan ng kabanalan ng Diyos, kamangha-mangha na patuloy siyang nagtitiis sa tao at nais pa rin niyang maibalik tayo sa malapit na pakikipag-ugnayan sa kanya.
- Ano pa ang iyong napansin tungkol sa Diyos sa unang dalawang kabanatang ito ng Genesis? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga seksyon ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Noe

Basahin ang Genesis 6-9

Iniibig ng Diyos ang mga tao at nais niya na magkaroon sila ng mapagmahal na ugnayan sa kanya, ngunit hindi niya pinipilit ang sinuman na mahalin siya o mamuhay kasama niya. Ipinakita ito ng Diyos nang hatulan niya ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang pandaigdigang baha.

- Ang puso ng Diyos ay napuno ng matinding dalamhati – dalamhati na higit pa sa ating kayang isipin! Napuno ng dalamhati ang kanyang puso dahil sa kasamaan at pagkamakasarili ng mga tao. (Genesis 6:6)
- Ang kasalanan ay humahantong sa kamatayan, gaya ng sinabi ng Diyos noong una niyang likhain ang tao. (Genesis 2:17)
- Hinatulan ng Diyos ang mga tao, ngunit dapat ding bigyang pansin ang kanyang awa. Dahil sa kanyang awa, pinahintulutan niya ang maraming tao, sa loob ng mahabang panahon, na patuloy na maranasan ang kanyang pangangalaga at paglalaan sa kabila ng kanilang pagkamakasarili, karahasan sa kapwa, at pagtangga sa Diyos.
- Tiyak na ayaw ng lahat ang baha, ngunit hindi sila iniligtas ng Diyos sapagkat ayaw rin nila sa kanya. Ang nais lamang nila ay ang mabubuting bagay na ibinibigay ng Diyos, ngunit hindi nila nais ang Diyos mismo.
- Ano pa ang iyong napansin tungkol sa Diyos sa mga kabanatang ito tungkol kay Noe at sa baha? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga seksyon ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Tore ng Babel

Basahin ang Genesis 11:1-9

- Nagkaisa ang mga tao upang magtayo ng isang napakalaking tore na aabot hanggang sa langit. Dahil sa kanyang pag-ibig sa mga tao, winasak ng Diyos ang kanilang nagkakaisang hangarin na itaas ang kanilang sarili. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng iba't ibang wika, kaya sila ay nagkahiwa-hiwalay at nanirahan sa iba't ibang lugar hanggang sa kumalat sa buong mundo. Gaya ng laging ginagawa ng Diyos, ang layunin lang niya sa kanyang mga ginawa ay tulungan ang mga tao na makita ang kanilang pangangailangan sa kanya at marahil ay hanapin siya. (Mga Gawa 17:26-27)

- Ano pa ang iyong napansin tungkol sa Diyos sa talatang ito? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga seksyon ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Sina Abraham at Sara

Basahin ang Genesis 11:27-25:11

- Inutusan ng Diyos si Abram (na kalaunan ay tinawag na Abraham) na lisanin ang Haran (na nasa hilagang bahagi ng kasalukuyang Syria) at pumunta sa Canaan (na ngayon ay Israel). (Genesis 11:31-12:1) Ito ang lupang ipinangako ng Diyos na ibibigay sa lahi ni Abraham magpakailanman.
- Nagpakita si Abraham ng kababaang-loob kay Lot at hinayaan niya itong pumili ng pinakamainam na lupain na naisin nito, at iyon nga ang ginawa ni Lot. Genesis 13:5-18. Nagtitiwala si Abraham na kakalingain siya ng Diyos.
- Nagpasya sina Sara at Abraham na magkaroon si Abraham ng anak sa pamamagitan ng kanilang aliping si Hagar. Ginawa nila ito, ngunit sinabi ng Diyos na hindi ang batang iyon ang magiging katuparan ng kanyang mga pangako. (Genesis 16) Ang anak ni Hagar ay pinangalanang Ismael, na naging ninuno ng mga bansang Arabo.
- Nanatiling walang anak sina Abraham at Sara hanggang si Abraham ay naging 100 taong gulang at si Sara ay 90 taong gulang. (Genesis 17:17) Ang kanilang nag-iisang anak ay pinangalanang Isaac. (Genesis 21:1-7)
- Inutusan ng Diyos si Abraham na ihandog ang kanyang nag-iisang anak na si Isaac bilang alay sa kanya. (Genesis 22:1-19) Tila salungat ito sa pangako ng Diyos, ngunit matatag ang pananampalataya ni Abraham na gagawa ang Diyos ng paraan upang matupad ang kanyang pangako (Hebreo 11:17-19). Pinigilan ng Diyos si Abraham at nagbigay ng isang lalaking tupa upang ihandog bilang kapalit ni Isaac.
- Inutusan ng Diyos si Abraham na maglakbay nang tatlong araw patungo sa lugar kung saan niya ihahandog ang kanyang anak. Ang lugar na ito ay isa sa mga bundok ng Moriah. (Genesis 22:2) Ito rin ang lugar kung saan itinayo ang Jerusalem at kung saan kalaunan ay inihandog si Jesus bilang bugtong na Anak ng Diyos. (2 Cronica 3:1)
- Ang katuwiran ni Abraham ay ibinatay sa kanyang pananampalataya, hindi sa kanyang mga gawa (Genesis 15:6). Binanggit din ito sa Roma 4:1-5 at Galacia 3:5-8. Ang mabubuting gawa (pagsunod) ay bunga ng pananampalataya.
- Ano pa ang iyong napansin tungkol sa Diyos sa mga kabanatang ito ng Genesis? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga seksyon ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Sina Jacob at Jose

Basahin ang Genesis 28-32 at Genesis 37-50

Sina Abraham at Sara ay nagkaroon lamang ng isang anak sa kanilang pagsasama, na pinangalanang Isaac. Kalaunan, pinakasalan ni Isaac si Rebeca bilang tugon ng Diyos sa panalangin (Genesis 24). Nagkaroon sila ng dalawang anak na lalaki, sina Esau at Jacob. Ang plano ng Diyos ay isakatuparan ang kanyang layunin sa pamamagitan ng mga lahi ni Jacob (na kalaunan ay pinangalanang Israel) upang maipakita ang kanyang kadakilaan.

- Si Jacob ay nagkaroon ng labindalawang anak na lalaki sa pamamagitan ng kanyang dalawang asawa. Ang mga anak na ito ang naging pinagmulan ng labindalawang lipi ng Israel, na naging pundasyon ng bansang Israel.

- Nagkaroon si Jacob ng isang pambihirang karanasan kung saan nakipagbuno siya sa isang lalaki na kumakatawan sa Diyos. (Genesis 32:22-32) Pagkatapos ng pakikipagbuno, sinabi ng Diyos na papalitan ang kanyang pangalan mula Jacob (na nangangahulugang "humahawak sa sakong" o "mandaraya") tungo sa Israel (na nangangahulugang "nakipagbuno sa Diyos").
- Naligtas ang buhay ni Jacob dahil sa tila pagkamatay ng kanyang anak na si Jose. Nauwi ito sa pagpapala para sa buong pamilya, na larawan ng ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang Anak na si Jesus para sa lahat ng tao.
- Ilang ulit na tila nanaig ang kasamaan sa buhay ni Jose, ngunit naging malinaw na ang Diyos ang may ganap na kontrol sa lahat ng nangyari. Ginamit niya maging ang masasamang pangyayari upang magdulot ng malaking pagpapala sa buong sambahayan ni Jacob.
- Patuloy na iniingatan ng Diyos si Jacob at ang kanyang pamilya, kahit na sila ay kumikilos nang makasarili at kahit na tila mali ang takbo ng lahat ng pangyayari. (Genesis 42:36, "Lahat ng ito ay laban sa akin!")
- Nagtitiwala si Jose na magiging tapat ang Diyos sa kanyang pangako kina Abraham, Isaac, at Jacob, kaya't hiniling niya sa kanyang mga inapo na dalhin ang kanyang mga buto pabalik sa lupang ipinangako ng Diyos sa kanila. (Genesis 50:24-26)
- Ano pa ang iyong napansin tungkol sa Diyos sa mga kabanatang ito tungkol kina Jacob at Jose? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga seksyon ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Moises

Basahin ang Exodo 1-20, 32-36, 40

Basahin ang Mga Bilang 10:11-14:45, kabanata 21

Basahin ang Deuteronomio 27-28, 31:1-8, 32:48-52, 34:1-12

- Ang kapanganakan ni Moises at ang pagtawag ng Diyos sa kanya – Exodo 1-4.
- Sinabi ng Diyos kay Moises na hindi niya nalilimutan ang kanyang plano at ibabalik niya ang bayan ng Israel sa lupang ipinangako niya kina Abraham, Isaac, at Jacob (Israel).
- Hinatulan ng Diyos ang mga Egipcio dahil sa kanilang pagtrato sa mga Israelita at sa kanilang pagtangging pahintulutan silang sumamba sa Diyos. Pinarusahan niya sila sa pamamagitan ng sampung salot, at ang huli rito ay ang pagkamatay ng lahat ng panganay na anak na lalaki. (Exodo 7–11) Ngunit kung ang dugo ng isang kordero ay ipapahid sa hamba ng pintuan, lalampasan ng anghel ng kamatayan ang sambahayang iyon. Sa pagkakataong ito itinatag ng Diyos ang Paskuwa bilang pag-alaala sa pangyayaring ito at bilang larawan ng kanyang gagawin sa hinaharap upang ang lahat ng tao sa buong mundo ay makaligtas sa hatol ng kamatayan. – Exodo 11:1-12:17, at 12:29-33, Juan 1:29, 1 Corinto 5:7, Pahayag 5:12-13 ***Tandaan – Isulat ang iyong mga napansin tungkol sa Pagliligtas ng Diyos kapag binabasa mo ang tungkol sa Paskuwa at kay Jesus bilang Kordero ng Diyos.*** Isulat ang iyong mga obserbasyon sa seksyong may pamagat na "Pagliligtas ng Diyos."
- Nagbigay ang Diyos ng ganap na kalayaan sa mga Israelita mula sa mga Egipcio sa pamamagitan ng paghahati ng dagat (Dagat na Pula) – Exodo 13:17-14:31. Isa itong himala na hanggang ngayon ay inaalala at pinag-uusapan pa rin.

- Naglaan ang Diyos ng pagkain araw-araw para sa mahigit isang milyong tao habang sila ay nasa ilang. – Exodo 16:1–36.
- Ibinigay ng Diyos kay Moises ang Sampung Utos sa Bundok Sinai (Exodo 19). Ang mga ito ay nakatala sa Exodo 20:1-21. Ito ang buod ng paraan ng pamumuhay na nais ng Diyos para sa tao. Ang unang apat na utos ay tumutukoy sa ating kaugnayan sa Diyos. Ang huling anim ay tungkol sa ating kaugnayan sa kapwa.
- Ang tabernakulo – Exodo 36-38. Dinisenyo ng Diyos bilang lugar kung saan makakatagpo niya ang kanyang bayan (noong una, ito ay tinawag na Tolda ng Tipanan sa Exodo 25:8-9, 33:7-11). Ipinakikita ng disenyo nito kung ano ang kinakailangan upang ang mga makasalanang tao ay makalapit sa Diyos (kinakailangan ang mga paghahandog at paglilinis).
- Ang maraming kautusan at kaparusahan ay nagpapakita ng kabigatan ng kasalanan at ng kabanalan ng Diyos. Ang mga tupa at iba pang hayop ay inihahandog bilang alay dahil sa kasalanan – Exodo 29:38-46. Ang mga ito ay mga larawan ng mga espirituwal na katotohanang matutupad sa hinaharap (Hebreo 8:1-5). ***Isulat ang iyong mga obserbasyon tungkol sa Pagliligtas ng Diyos sa mga pahina ng manwal na ito.***
- Nagpadala si Moises ng labindalawang espiya upang siyasatin ang lupain ng Canaan, ngunit karamihan sa kanila ay nagbigay ng negatibong ulat tungkol sa mga hamong kanilang nakita – Mga Bilang 13. Ano ang naging bunga nang mas pagtuunan ng mga tao ang problema kaysa sa pangako ng Diyos – Mga Bilang 14?
- Pagpasok sa lupang ipinangako kina Abraham at Israel – ginamit ng Diyos ang mga Israelita upang magdala ng hatol sa mga taong sumasalungat sa kanya, sumasamba sa masasamang espiritu, at naghahandog ng kanilang mga anak bilang alay (Levitico 20:1-24). Sinabi rin ng Diyos sa Israel na hahatulan niya sila nang mas mabigat kung hindi sila mamumuhay nang may katapatan sa kanya. (Levitico 26:14-39, Josue 23:9-16)
- Sinasabi ng Biblia na si Moises ang pinakamapagpakumbabang tao sa buong mundo (Mga Bilang 12:3). Basahin ang itinuro ni Jesus tungkol sa pagpapakumbaba (Mateo 18:1-4 at 20:20-28) at ihambing ito sa buhay ni Moises.
- Ano pa ang iyong napansin tungkol sa Diyos sa mga salaysay tungkol kay Moises? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga seksyon ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")
- Si Josue ang humalili kay Moises bilang pinuno at nanguna sa mga Israelita sa pagsakop sa lupang ipinangako ng Diyos sa kanila. Josue 1:1-18

Ruth

Basahin ang Ruth 1-4

- Si Ruth ay hindi isang Israelita. Bagama't siya ay mula sa ibang bansa, gumawa ang Diyos ng mga espesyal na bagay sa kanyang buhay nang piliin niyang makasama ang bayan ng Diyos. (Ruth 1)
- Nananabik ang Diyos na tulungan ang mga taong mapagpakumbaba at naghahanap sa kanya.
- Isinama ng Diyos si Ruth sa kanyang plano upang maipanganak ang Mesiyas na magliligtas sa mga tao. (Ruth 4:16-22, ihambing sa talaan ng mga ninuno ni Jesus sa Mateo 1)

- Anu-anong bagay ang nakikita mo na may kaugnayan sa paraan ng pagsama ng Diyos sa atin, na mga dayuhan, upang maikasal sa kanya? Isulat ang iyong mga obserbasyon sa bahagi ng manwal na may pamagat na "Pagliligtas ng Diyos."
- Ano pa ang napapansin mo tungkol sa Diyos sa kuwento nina Ruth at Boaz? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga bahagi ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

David

Basahin ang 1 Samuel, kabanata 16-31

Basahin ang 2 Samuel, kabanata 1-24

Basahin ang 1 Hari, kabanata 1-2

Si David ay isang Israelitang nagtiwala sa Diyos mula sa kanyang kabataan hanggang sa buong buhay niya, maging noong siya ay naging hari ng Israel.

- Nanampalataya si David sa pangako ng Diyos na ibibigay ang lupain sa lahi ni Abraham, kaya't handa niyang harapin ang higitang gumagambala sa paninirahan ng mga Israelita sa lupain. (1 Samuel 17)
- Nagselos si Haring Saul sa tagumpay ni David. Dahil dito, paulit-ulit niyang sinubukang patayin si David hanggang sa mapatay si Saul sa isang labanan laban sa mga Filisteo. (1 Samuel 18-31)
- Nagtiwala si David sa Diyos habang tumatakas kay Haring Saul (halos walong taon). Isang magandang halimbawa nito ang pangyayari sa yungib. (1 Samuel 24:1-22)
- Naging hari si David ng Israel at itinatag niya ang pagsamba sa Diyos. (2 Samuel 5:1-5)
- Nangako ang Diyos na ang isa sa mga sambahayan ni David ang magiging pinuno ng Israel magpakailanman. Ang magiging haring ito ay tinawag ng mga Israelita na "Mesiyas" (o "Cristo" sa wikang Griyego). (2 Samuel 7:11-16)
- Ang kasalanan ni David na pangangalunya kay Bathsheba at ang pagpatay sa asawa nito ang isa sa kanyang pinakakilalang pagkakamali. (2 Samuel 11-12) Isinulat ni David ang Awit 51 bilang pagsisisi sa kasalananang ito.
- Isa sa mga anak ni David, si Absalom, ay pansamantalang inagaw ang kaharian mula sa kanyang ama, na naging isang napakalaking pagsubok para kay David. (2 Samuel 15-18)
- Maraming tula ni David ang nakapaloob sa Biblia, na isinulat niya upang ipahayag ang iba't ibang damdamin niya sa Diyos. Ang 2 Samuel 22 ay isang halimbawa, at marami ring Awit ang isinulat niya.
- Pinagpala ng Diyos ang Israel sa maraming paraan dahil pinangunahan ni David ang mga tao na magtiwala at sumunod sa Diyos.
- Basahin ang Awit 145, na isinulat ni David. Ano ang mga napapansin mo tungkol sa Diyos? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa seksyong 'Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos' – Mga Katangian ng Diyos.)
- Gawin din ito sa Awit 27.
- Ano pa ang napapansin mo tungkol sa Diyos sa mga salaysay tungkol kay David? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga bahagi ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Solomon

Basahin ang 1 Hari, kabanata 1-11

Si Solomon, na anak ni David, ang unang tagapagmana ng trono ni David, ay pinagpala ng Diyos at pinangunahan niya ang Israel sa ruok ng kadakilaan nito.

- Si Solomon ay anak nina David at Bathsheba, ang babaeng nakasama ni David sa kasalanan ng pangangalunya. 1 Hari 1:11-35
- Si Solomon ay pinagkalooban ng higit na karunungan at kayamanan kaysa sa sinumang tao sa kasaysayan. 1 Hari 10:1-29
- Sa panahon ng paghahari ni Solomon, naabot ng Israel ang tugatog ng kapangyarihan sa buong kasaysayan nito.
- Hindi nanatiling tapat si Solomon sa Diyos, na naging mitsa ng pagbagsak ng bansang Israel. 1 Hari 11:1-26
- Sa pagtatapos ng buhay ni Solomon, dalawang lalaki ang nagkaroon ng kapangyarihan sa Israel (Jeroboam at Rehoboam sa 1 Hari 11:26-12:33). Si Rehoboam ay namahala lamang sa dalawang lipi sa timog, ang Juda at Benjamin, kung nasaan ang Jerusalem. Si Jeroboam naman ang namahala sa sampung lipi na bumubuo sa hilagang bahagi ng Israel. Ito ang naging simula ng matinding kaguluhan sa bayan ng Israel. Maraming hari ang namuno sa dalawang kahariang ito, na tinawag na Israel (ang hilagang kaharian) at Juda (ang timog na kaharian, kasama ang Jerusalem). Nagpatuloy ito hanggang sa bihagin ng Asiria ang mga mamamayan ng Israel (722 BC), at bihagin naman ng Babilonia ang mga mamamayan ng Juda (587 BC).
- Ano pa ang napapansin mo tungkol sa Diyos sa kuwento ni Solomon? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga bahagi ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Isaias

Basahin ang Isaias 1:1–31, 6:1-13, 9:1-7, kabanata 11, 12, 26, 40, 42, 49:1-26, 53:1-12, kabanata 61, 66:1-24

Si Isaias ay isang Israelitang nabuhay noong panahong ang mga mamamayan ng Israel ay ipinatapon mula sa kanilang bansa patungo sa Asiria at Babilonia. Kaunti lamang ang nasabi tungkol sa kanyang personal na buhay.

- Nagpahayag si Isaias ng mga propesiya sa panahon ng paghahari ng apat na hari sa Juda (Isaias 1:1), na nasa humigit-kumulang 710–681 B.C.
- Nagbigay rin si Isaias ng mga propesiya tungkol sa maraming karatig-bansa, tulad ng Babilonia (Isaias 13-14), Filistia (Isaias 14:28-32), Moab (Isaias 15-16), Damasco at Siria (Isaias 17), Etiopia (Isaias 18), at Egipto (Isaias 19-20).
- Bilang propeta ng Diyos, inihula ni Isaias ang pagkawasak at pagkabihag ng Israel, (tulad ng pagbihag ng Babilonia sa Juda sa Isaias 39:1-8), at ang pagbabalik sa hinaharap ng mga Israelita sa kanilang lupain sa (Isaias 49:1-26 at Isaias 51).
- Inihayag ng Diyos kay Isaias na may isang natatanging sanggol na isisilang sa hinaharap mula sa isang Israelita. Ang sanggol na ito ay tatawaging Makapangyarihang Diyos at Walang Hanggang Ama (Isaias 9:6). Sa pamamagitan nito, tinulungan ng Diyos ang kanyang bayan na maunawaan na ang darating na Mesiyas (Cristo) ay ang Diyos na nagkatawang-tao.
- Isinulat ni Isaias ang tungkol sa pagdurusa ng lingkod ng Diyos sa paraang malinaw na tumutukoy sa magiging pagdurusa at pagpapako sa krus ni Jesu-Cristo. (Isaias 53)

- Inihayag ng Diyos kay Isaías ang maraming bagay tungkol sa kanyang plano sa hinaharap upang bigyan ng pag-asa ang mga Israelita.
- Ano pa ang napapansin mo tungkol sa Diyos sa aklat ni Isaías? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga bahagi ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Daniel

Basahin ang Daniel, kabanata 1-10

Si Daniel ay isa sa mga Israelitang dinalang bihag sa Babilonia.

Ang Babilonia ay isa sa mga makapangyarihang imperyo sa mundo noong panahong iyon.

Winasak ng mga taga-Babilonia ang Jerusalem at dinalang bihag ang maraming Israelita sa Babilonia at sa buong imperyo nito.

- Si Daniel ay isang halimbawa ng taong nanatiling nagtitiwala sa Diyos kahit tila nasisira na ang pagkilos ng Diyos sa mga pangyayari.
- Paulit-ulit na naitaas si Daniel sa katungkulan dahil sa kanyang namumukod-tanging katangian at kakayahan. Sa kabila ng kanyang malaking responsibilidad sa isang kaaway na bansa, namuhay siyang nakalulugod sa Diyos sa lahat ng bagay. (Daniel 1-2)
- Ginamit ng Diyos si Daniel upang tulungan ang hari ng Babilonia na si Nebucadnezar na sumamba sa Diyos. Basahin ang kakaibang kuwentong ito sa Daniel 2-4.
- Sa panahon ni Haring Dario, na sumakop sa Babilonia, maraming tagapamahala ang tumutol kay Daniel at nagtangkang ipapatay siya sa yungib ng mga leon, ngunit kumilos ang Diyos upang ipakita ang kanyang kadakilaan sa hari ring ito, na pagkatapos ay nagpahayag ng kadakilaan ng Diyos sa buong imperyo. (Daniel 6)
- Binigyan ng Diyos si Daniel ng mga pangitain tungkol sa mga mangyayari sa mundo sa hinaharap, na kanyang itinala. (Daniel 7-8)
- Ipinakita rin ng Diyos kay Daniel ang huling paghatol sa sanlibutan at ang pangitain tungkol sa "Anak ng Tao" na darating sa lupa, na sasambahin at bibigyan ng pinakamataas na kapangyarihan kasama ng "Nabubuhay Magpakailanman," isang titulo ng Diyos. (Daniel 7:9-14) Itinuturing ito ng mga Judio bilang propesiya tungkol sa kanilang Mesiyas, na kalaunan ay pinahayag ni Jesus na tumutukoy sa kanya. (Marcos 14:62)
- Ano pa ang napansin mo tungkol sa Diyos sa aklat ni Daniel? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga bahagi ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Jesus

Basahin ang Lucas, kabanata 1-24

Basahin ang Juan, kabanata 1-21

Si Jesu-Cristo ang pinakamahalagang punto ng pagbabago sa buong kasaysayan. Maging ang kasalukuyang sistema ng pagbibilang ng taon sa buong mundo ay nakabatay sa kanyang kapanganakan. Si Jesus din ang nagdala ng malaking pagbabago sa paraan ng pagkilos ng Diyos sa mga tao. Sa unang pangunahing pangangaral ni Jesus (Sermon sa Bundok), madalas niyang sabihin, "Narinig ninyong sinabi..., ngunit sinasabi ko sa inyo..." (Mateo 5:21, 27, 31, 33, 38, 43) Binigyang-diin ni Jesus ang kalagayan ng puso ng tao, samantalang sa Lumang Tipan ay mas binigyang-pansin ang kilos ng tao. May apat na pangunahing dahilan kung bakit nalalaman

nating si Jesu-Cristo ay tunay na Diyos, ang Manlilikha ng sanlibutan. Ang mga ito ay kabilang sa may pinakamagandang makasaysayang katibayan noong panahong iyon.

- Tinupad niya ang mga propesiya na sinulat tungkol sa kanya (Mesiya ng mga Judio) daan-daan at maging libu-libong taon bago pa siya isinilang.
- Pinahayag niya na siya ay Diyos, kapwa sa harap ng kanyang mga kaaway at ng kanyang mga alagad.
- Ipinakita niya ang mga kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos.
- Ginugol ng kanyang mga alagad ang kanilang buong buhay sa pagpapahayag na siya ay Diyos at maluwag sa kanilang loob na mamatay sapagkat hindi nila maikaila na nakita at nahawakan nila ang katawan ni Jesus pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay matapos siyang mamatay, gaya ng kanyang ipinahayag sa kanila.

PAALALA: Ang buhay ni Jesus ay malinaw na isinadula (malapit sa salaysay ng Biblia) sa pelikulang "Jesus." Maaari itong mapanood online sa daan-daang wika sa website na www.JesusFilmMedia.org. Maingat na hinango sa aklat ng Lucas ang iskrip nito. Ipinalabas rin nito ang paglikha, pagkahulog ng tao sa kasalanan, ang kuwento ni Abraham, ang buhay ni Jesus, ang ebanghelyo, at ang pagtitiwala kay Jesus para sa kaligtasan.

Narito ang ilang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Jesus sa lupa:

- Ipinanganak si Jesus kabilang sa angkan nina Abraham, Israel, at David (Mateo 1:1–17), bilang katuparan ng maraming propesiya.
- Ang lugar ng kapanganakan ni Jesus ay katuparan ng isang propesiya. (Mikas 5:2, Mateo 2:1, Lucas 2:1-7)
- Itinuturing na himala ang mga pangyayari sa kapanganakan ni Jesus. (Mateo 1-2, Lucas 1:26-2:40)
- Napakalaki ng impluwensya ni Jesus sa kultura ng Europa at ng mga taga-kanluran kaya maging ang kalendaryong ginagamit sa buong mundo ngayon ay nakabatay sa taon ng kanyang kapanganakan.
- Alam ni Jesus na siya ay Diyos na nagkatawang-tao, kahit noong 12 taong gulang pa lamang siya. (Lucas 2:41-52)
- Nagpabautismo si Jesus kay Juan na Tagapagbautismo. (Mateo 3:13-17)
- Namuhay si Jesus sa ganap na kahirapan, walang sariling tahanan, ngunit patuloy siyang tumulong sa ibang tao. (Makikita ito sa Mateo, Marcos, Lucas, at Juan)
- Ang maraming himala ng kanyang pagpapagaling at kapangyarihan sa kalikasan ay katibayan na siya ay Diyos na nagkatawang-tao. (Makikita ito sa Mateo, Marcos, Lucas, at Juan) Kapansin-pansin na ang lahat ng kanyang himala ay ginawa upang tulungan ang mga tao, hindi lamang upang ipakita ang kanyang kapangyarihan.
- Ipinahayag mismo ni Jesus na siya ay Diyos. (Juan 8:57-59, at Juan 10:30-33, 37-39) Ito ang dahilan kung bakit sinabi ng mga tagapagturo ng kautusan na dapat siyang mamatay, sapagkat inaangkin niyang siya ang Diyos at ang Mesiya (Juan 19:7). Gayunman, hindi niya kinalaban ang pamahalaan, na siyang inaasahan ng marami na unang gagawin ng Mesiya.
- Malinaw na itinuro ni Jesus ang katotohanan tungkol sa Tatlong Persona ng Diyos (Trinity), kahit hindi niya ginamit ang salitang iyon. Madalas niyang banggitin ang kanyang Ama, at sa Huling Hapunan ng Paskuwa ay malinaw niyang ipinaliwanag ang tungkol sa Espiritu Santo, na darating upang pumalit sa kanya. (Juan 14 at Juan 16) Maliwanag na kinilala ni Jesus na ang Ama ay Diyos, siya mismo ay Diyos, at ang Espiritu Santo ay Diyos.

- Malinaw ding nagturo si Jesus tungkol sa ating pinakamatinding kaaway, si Satanas (Juan 8:42-46).
- Itinuro ni Jesus ang tungkol sa kaparusahang walang hanggan (Mateo 25:31-46, Juan 3:16-18).
- Alam ni Jesus na ang pangunahing layunin ng kanyang buhay ay maging kabayaran para sa maraming tao (Marcos 10:45), upang iligtas sila mula sa kaparusahang walang hanggan dahil sa kanilang mga kasalanan.
- Naunawaan ni Jesus na siya ang sentro ng buong kasaysayan, mula pa kay Moises hanggang sa aklat ng Pahayag. Sinabi niya sa kanyang mga alagad na ang kanyang kamatayan ang katuparan ng kahulugan ng Kordero ng Paskuwa, (ang handog na nagligtas sa mga panganay ng Israel). (Marcos 14:12-25, Lucas 22:14-20) Sinabi rin niya na ang ganap na katuparan nito ay magaganap sa kaharian ng Diyos (Lucas 22:16). Sa aklat ng Pahayag, si Jesus ay madalas tawaging Kordero, sapagkat sa pamamagitan ng kanyang sakripisyong kamatayan, ang bawat tao ay maaaring maligtas mula sa walang hanggang kamatayan tungo sa buhay na walang hanggan. (Pahayag 7:9-17) Kaya't iniutos ni Jesus sa kanyang mga alagad na magsalu-salo ng tinapay at katas ng ubas bilang pag-alaala sa kanyang sakripisyo para sa ating mga kasalanan (Lucas 22:19).
- Maraming ulit na ipinahayag ni Jesus na siya ay mamamatay at muling mabubuhay pagkaraan ng tatlong araw (Lucas 18:33). Nauunawaan maging ng kanyang mga kaaway ang pahayag na ito (Mateo 27:62-66). Inaasahan ng kanyang mga alagad na agad niyang itatatag ang kanyang kaharian, kaya't labis silang nagulat nang siya ay ipako sa krus at hindi rin nila inaasahang muli siyang mabubuhay (Juan 20:9).
- Ang muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo ang pinakamalakas na katibayan ng kanyang pahayag na siya ay Diyos. (1 Corinto 15:1-8)
- Sa loob ng 40 araw pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay, maraming beses na nagpakita si Jesus sa iba't ibang tao. Pagkatapos, habang pinapanood ng kanyang mga alagad, siya ay umakyat sa langit. Sinabi ng mga anghel sa mga alagad na si Jesus ay muling babalik sa lupa sa kanyang pisikal na anyo. (Mga Gawa 1:1-11)
- Nauna nang sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo na darating ang panahon na babalik siya bilang Hari, ngunit walang sinuman ang nakaaalam ng araw o oras ng kanyang pagbabalik. (Mateo 24:1-54)
- Sa buhay ni Jesus, ano ang mga napapansin mo tungkol sa Diyos? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga bahagi ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")
- **PAALALA:** Sa Apendise 3, na may pamagat na "Ginagamit ng Diyos ang Buong Kasaysayan upang Ipakilala ang Kanyang Sarili," mayroong karagdagang impormasyon tungkol sa Dakilang Plano ng Diyos at sa "**Bahagi ng Plano – Ipinakilala ng Diyos ang kanyang sarili sa pamamagitan ni Jesu-Cristo – ang Kordero ng Diyos.**" Doon ay makikita mo ang mga higit pang kahanga-hangang katibayan kung paanong ang plano ng Diyos na maging tao, bilang Jesu-Cristos, ang siyang pinakasentro ng buong kasaysayan.

Espiritu Santo

Basahin ang Mga Gawa 1:4-11, 2:1-41, 10:1-48, 19:1-7

Ang Espiritu Santo ay binanggit sa simula pa lamang ng Biblia sa Genesis 1:2. Sa Biblia, hindi siya nababanggit nang kasindalas ng Diyos Ama, at hindi rin kasindalas ng Diyos Anak (Jesu-Cristo).

Gayunpaman, malinaw na itinuturo ng Biblia na siya ang Diyos Espiritu. Narito ang ilang talata na tumutulong upang maunawaan kung sino ang Espiritu Santo:

- Roma 8:9-11 – Tinatalakay rito na ang Diyos, si Cristo, at ang Espiritu Santo ay iisang Diyos, ngunit kumikilos bilang magkakaibang persona. Mahirap itong lubos na maunawaan dahil sa ating limitadong pag-iisip. Sila ay iisang Diyos, ngunit may magkakaibang gawain.
- Juan 14:15-17, 25-26 at Juan 16:5-15 – Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad na isusugo niya ang Espiritu Santo bilang kapalit niya sa kanilang buhay. Ipinaliwanag din niya sa mga talatang ito ang mga gagawin ng Espiritu Santo.
- Mga Gawa 1:8 – Nangako si Jesus na ipapadala niya ang Espiritu Santo upang bigyan ng kapangyarihan ang kanyang mga alagad na maging mga saksi niya.
- 1 Corinto 3:16, 6:19, at Efeso 1:13-15 – Ang Espiritu Santo ay naninirahan sa bawat taong sumasampalataya kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas.
- 1 Corinto 12:1-31, Galacia 5:16-18, 22-23, Tito 3:5 – Ang Espiritu Santo ay nagbibigay ng iba't ibang kaloob sa mga mananampalataya at tumutulong sa kanilang paglago sa pananampalataya.


Gaya ng mababasa sa Juan 14:17 at Juan 16:5-8, ang Espiritu Santo ay hindi nanahan sa loob ng mga tao bago mamatay si Jesus, muling mabuhay, at umakyat sa langit. Sa aklat ng Mga Gawa, mababasa ang iba't ibang pangyayari kung paano nagsimulang permanenteng manahan ang Espiritu Santo sa mga mananampalataya. Sa kasalukuyan, ang Espiritu Santo ay agad na nananahan sa isang tao kapag binuksan niya ang kanyang puso kay Cristo. Isinasalaysay ng aklat ng Mga Gawa ang iba't ibang pangyayaring ginamit ng Diyos upang turuan ang kanyang mga anak tungkol sa bagong gawaing ito ng Espiritu Santo. Nagkaroon ng malaking pagbabago sa gawain ng Espiritu Santo sa loob ng libu-libong taon bago dumating si Jesus nang siya ay KASAMA ng mga mananampalataya hanggang sa nagsimula siyang manahan sa LOOB ng mga mananampalataya matapos umakyat si Jesus sa langit. Narito ang mahahalagang pangyayari kung paano ito naganap:

- Ang Espiritu ng Diyos ay unang nanahan sa mga sumampalataya kay Jesu-Cristo sampung araw matapos umakyat si Jesus sa langit. (Mga Gawa 1-2) Nangyari ito sa Araw ng Pentecostes, na kilala rin bilang Pista ng Pag-aani ng mga Judio. Ito ay limampung araw pagkatapos ng Pista ng mga Unang Ani (ang araw rin na muling nabuhay si Jesus).
- Isa sa mga unang palatandaan ng pagdating ng Espiritu Santo sa mga mananampalataya ay ang kakayahang magsalita sa mga wikang hindi nila natutuhan (Mga Gawa 2:1-13). Lubhang namangha ang mga nakarinig, sapagkat alam nilang hindi kailanman pinag-aralan ng mga alagad ang mga wikang iyon. Sa araw ding iyon, humigit-kumulang 3,000 Judio mula sa iba't ibang bansa ang sumampalataya kay Cristo at tumanggap ng Espiritu Santo. (Mga Gawa 2:5, 41) Sa pagkakaalam natin, wala pang mga Hentil na sumampalataya kay Cristo sa pagkakataong iyon.
- Di nagtagal, ang mga tao sa Samaria (mga kalahating Judio at kalahating Hentil) ay sumampalataya kay Cristo. Basahin ang Mga Gawa 8:14-17. Sina Pedro at Juan ay ipinadala sa kanila, at matapos nilang ipanalangin ang mga mananampalatayang Samaritano, tinanggap din ng mga Samaritano ang Espiritu Santo.
- Ang sumunod na hakbang ay ang pagdating ng Espiritu Santo sa mga Hentil (mga taong hindi talaga Hudyo) upang manahan. Unang nangyari ito kina Pedro at Cornelio sa Mga Gawa 10. Nang sumampalataya kay Cristo ang mga Hentil na ito, naranasan nila ang

kaparehong karanasan ng mga unang alagad noong Pentecostes na nangangahulugang nagsalita rin sila sa mga wikang hindi nila natutuhan (Mga Gawa 10:44-48).

- Ang huling pangkat ng mga taong tumanggap ng Espiritu Santo ay ang ilang taong naniwala sa mensahe ng Diyos sa pamamagitan ni Juan na Tagapagbautismo (na dumating bago si Jesus), ngunit hindi pa nila naririnig ang tungkol kay Jesu-Cristo. Nang marinig nila ang ebanghelyo ni Jesus, sumampalataya sila sa kanya at tinanggap ang Espiritu Santo sa parehong paraan ng mga unang alagad, kabilang ang pagsasalita sa iba't ibang mga wika (tinatawag na “tongues” sa ibang salin ng Biblia). (Mga Gawa 19:17)

PAALALA: Ang pagdating ng Espiritu Santo upang manahan sa mga mananampalataya ay isang napakalaking pagbabago sa buong kasaysayan, bagaman hindi ito nakita ng pisikal na mata. Ang mga mananampalatayang nabuhay bago dumating si Jesus, tulad nina Isaias at Abraham, ay hindi kailanman nakaranas na ang Espiritu Santo ay permanenteng manahan sa kanilang buhay, bagaman makakasama natin sila sa Panginoon. Upang matulungan ang mga tao na maunawaan ang bagong pagpapalang ito ng pananatili ng Espiritu Santo sa loob ng mga mananampalataya, nagbigay ang Diyos ng mga kakaibang tanda noong unang nangyari ito – ang kakayahang magsalita sa wikang hindi nila natutuhan. Nang maranasan din ng ibang pangkat ng tao ang parehong himala, naunawaan ng mga Judio na ang Espiritu Santo ay bumaba rin upang manahan sa kanila, sapagkat nakita nila ang parehong hindi pangkaraniwang tanda ng pagsasalita sa mga wikang hindi pinag-aralan. (Ang mga pangkat na ito ay ang mga Samaritano (kalahating Judio at kalahating Hentil), mga Hentil, at mga nanampalataya sa pamamagitan ni Juan na Tagapagbautismo bago makilala si Jesus.) Matapos ang apat na pangyayaring ito, ang lahat ng mga taong sumampalataya kay Jesus ay tumanggap na ng Espiritu Santo sa mismong sandali na sila ay sumampalataya, nang walang kasamang himala. Ito ang nangyari sa atin ngayon. (Efeso 1:13-14) Pagkatapos ng panahong ito ng pagbabago sa kasaysayan kung saan nagsimulang manahan ang Espiritu Santo sa mga tao, ang himala ng pagsasalita sa tunay na wika (na hindi natutuhan) ay hindi na ibinigay bilang patunay ng pagbaba ng Espiritu Santo upang manahan sa mga tao. Ngayon, maaari nang magbigay ang Diyos ng kapangyarihang gumawa ng himala sa isang tao para sa isang partikular na



layunin, ngunit ang pagsasalita ng wikang hindi natutuhan ay hindi na ginagamit bilang patunay na ang Espiritu Santo ay nananahan sa isang tao. Ang sumusunod na timeline ay isang paglalarawan ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayaring isinagawa ng Diyos upang tulungan ang kanyang mga anak na maunawaan ang bagong ministeryo ng Espiritu Santo.

PAALALA: May ilang Kristiyano at hindi Kristiyano ngayon na ginagaya ang himala ng pagsasalita sa hindi natutuhang wika sa pamamagitan ng paggawa ng hindi maintindihang mga tunog at sinasabing ito ay supernatural. Ngunit hindi ito katulad ng nangyari sa aklat ng Mga Gawa, sapagkat walang taong namamangha dito dahil walang nakarinig sa kanila na nagsalita sa isang tunay na lengguwahe. Tinalakay ni Pablo ang ganitong maling paggaya sa kanyang sulat sa mga taga-Corinto (1 Corinto 14). Ipinaliwanag niya na mas mabuti na nauunawaan ng nagsasalita ang kanyang sinasabi at nauunawaan din ito ng mga nakikinig. Posible pa rin ngayon na bigyan ng Diyos ang isang tao ng kakayahang magsalita ng wikang hindi niya natutuhan, ngunit magiging malinaw na isa itong himala kapag narinig ng mga nakikinig ang kanilang sariling wika!

- Ang pinakamahalagang katibayan na ang Espiritu Santo ay nananahan sa isang tao ay ang pagpapakita ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabaitan, at pagpipigil sa sarili. Ang mga katangiang ito ay tinatawag na bunga ng Espiritu, gaya ng inilalarawan sa Galacia 5:22-23. Ipinaliwanag ni Pablo na napakahalaga ng pag-ibig anupat kahit ang isang tao ay makapagsalita sa iba't ibang wika, wala itong kabuluhan kung hindi naman nakikita ang pag-ibig (1 Corinto 13:1).
- Ang "tungkulin sa trabaho" ng Espiritu Santo ay ibinigay ni Jesus noong huling hapunan (Paskuwa) sa kanyang mga alagad. Habang binabasa mo ang sinabi ni Jesus sa Juan 14:26 at Juan 16:7-15, isulat ang sinabi ni Jesus na gagawin ng Espiritu Santo. Mahalaga na maunawaan mo ang mga ito sapagkat lahat ng ito ay mga bagay na ginawa na o nais gawin ng Espiritu Santo sa iyong buhay.
- Ang mga kaloob ng Espiritu ay iba't ibang kakayahan at iba't ibang motibasyon na ibinigay sa iba't ibang Kristiyano bilang mga bahagi ng katawan ni Cristo. Ang dalawang pangunahing talata na naglalarawan sa mga kaloob na ito ay ang Roma 12:6-8 at 1 Corinto 12:1-31. Ang layunin ng mga kaloob na ito ay patatagin ang ibang tao, gaya ng sinasabi sa 1 Corinto 12:7.

Habang inaala-ala na ang Espiritu Santo ay Diyos, anu-anong mga katangian ng Diyos ang nakikita mo sa kanya? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga bahagi ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Pedro

Basahin ang Lucas 5:1-11

Basahin ang Lucas 6-24

Basahin ang Juan kabanata 13, 20-21

Si Pedro (Simon Pedro) ay isa sa labindalawang lalaking pinili ni Jesus upang maging kanyang mga alagad at apostol. Si Pedro ay kilala sa pagiging mabilis magsabi ng kanyang iniisip, kaya marahil maraming pangyayari tungkol sa kanya ang naitala sa Biblia. Siya rin ang sumulat ng mga aklat ng 1 Pedro at 2 Pedro.

- Si Pedro ay isang mangingisda bago niya nakilala si Jesus. Ipinakita ni Jesus ang kanyang kapangyarihan kay Pedro sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng napakaraming huli ng isda, higit pa sa anumang naranasan niya noon (Lucas 5:1-11). Matapos ang muling pagkabuhay ni Jesus, nang si Pedro ay nalilito at bumalik sa pangingisda, inulit ni Jesus ang parehong himala para sa kanya (Juan 21:1-14), kahit na itinanggi ni Pedro na kilala niya si Jesus bago ang pagpapako sa krus (Juan 18:15-27). Pagkatapos nito, sinabi ni Jesus kay Pedro na maipapakita niya ang kanyang pag-ibig kay Jesus sa pamamagitan ng pagpapakain sa kanyang mga tupa (Juan 21:15-17).
- Sinabi ni Jesus kay Pedro na ang kahulugan ng kanyang pangalan ay "bato", at itatayo ni Jesus ang kanyang iglesia sa "batong ito" (Mateo 16:17-19). Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin niya ito kay Pedro? Ang pinakamainam na paraan upang maunawaan ito ay tingnan kung ano ang isinulat mismo ni Pedro tungkol sa pagtatayo ni Jesus ng kanyang iglesia sa bato. Ipinaliwanag niya ito sa kanyang sulat, 1 Pedro 2:4-8.
- Naranasan ni Pedro kung gaano kadalang maimpluwensiyahan ni Satanang isang tao. Sa Marcos 8, nagkaroon siya ng tamang pagkaunawa tungkol kay Jesus, ngunit hindi nagtagal ay may sinabi siyang pangungusap kay Jesus at sinabi ni Jesus sa kanya, "Umalis ka sa harap ko, Satanang!" (Marcos 8:27-33).
- Tinulungan ni Pedro ang mga pinuno ng unang iglesia na maunawaan na ang Diyos ay nagkakaloob ng kaligtasan sa mga taong mapagpakumbaba ang puso sa kanya, at hindi batay sa kanilang mga gawa o sa kung gaano nila nasunod ang mga kautusan (Mga Gawa 15:8-11). Ito ay totoo para sa mga Judyo at sa lahat ng tao.
- Ginamit ng Diyos si Pedro upang buksan ang daan sa pagpapahayag ng ebanghelyo sa mga taong hindi Judyo (mga Hentil). Noong una, iniisip ng mga Kristiyano na kailangang nilang maging Judyo muna bago nila matanggap si Jesu-Cristo bilang kanilang Tagapagligtas. Mga Gawa 10:1-11:18
- Sa buhay ni Pedro, ano ang iyong napansin tungkol sa Diyos? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga bahagi ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Juan

Basahin ang Lucas 5:1-11

Basahin ang Juan 1-21

Basahin ang 1 Juan, 2 Juan, at 3 Juan

Basahin ang Pahayag 1-5 at 21-22 (o ang buong aklat ng Pahayag sa lalong madaling panahon)

- Si Juan ay kasamahang mangingisda ni Pedro bago sila tinawag ni Jesus upang maging kanyang mga alagad. Ang kapatid ni Juan na si Santiago ay isa ring mangingisda at sumama rin kay Jesus bilang kanyang alagad.
- Nang isulat ni Juan ang ebanghelyo ayon kay Juan, minsan ay tinukoy niya ang kanyang sarili bilang "ang alagad na minamahal ni Jesus" (Juan 13:23).
- Si Juan din ang sumulat ng tatlong liham na naging bahagi ng Banal na Kasulatan – 1 Juan, 2 Juan, at 3 Juan.
- Binibigyang-diin ni Juan na maaari tayong magkaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng ating pananampalataya kay Jesu-Cristo. (Juan 3:16, Juan 5:24, Juan 20:30-31; 1 Juan 5:11-13)
- Sa bandang huli ng kanyang buhay, isinulat ni Juan ang Pahayag, ang huling aklat ng Biblia (Pahayag 1:1-4). Isinulat niya ito habang siya ay nasa isla ng Patmos (Pahayag 1:9),

kung saan siya ipinatapon ng mga awtoridad ng Roma. Ang aklat na ito ay pangunahing pahayag tungkol sa mga gagawin ni Jesu-Cristo sa mga huling araw (Pahayag 1:1-2).

- Ang Ebanghelyo ayon kay Juan, na nagsasalaysay tungkol sa buhay, kamatayan, at mga turo ni Jesu-Cristo, ay naglalaman ng maraming natatanging pangyayari na hindi matatagpuan sa ibang mga aklat ng ebanghelyo dahil ang pangunahing layunin nito ay ipakita na si Jesus ay Diyos. Ipinaliwanag ni Juan ang layuning ito sa Juan 20:30-31.
- Sa buhay ni Juan, ano ang iyong napansin tungkol sa Diyos? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga bahagi ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")

Pablo

Basahin ang Mga Gawa 7:54–8:3; 9:1-31; 11:19-30; 12:25–28:31

Basahin ang Galacia 1:13-24

Pagkatapos ng kamatayan ni Jesu-Cristo, ipinangaral ng lahat ng kanyang mga alagad na si Jesus ang Hari ng mga hari at ang Tagapagligtas mula sa ating mga kasalanan. Noong una, inusig ni Pablo ang mga alagad (noon ay Saul pa ang kanyang pangalan), ngunit matapos magpakita sa kanya si Jesus, naging masigasig din siyang tagapangaral tungkol kay Jesu-Cristo (Mga Gawa 9:1-31). Nang maglaon, tinawag na siyang Pablo.

- Natanggap ni Pablo ang pinakamataas na uri ng edukasyon na maaaring makuha ng isang Judio noong kanyang panahon, kabilang dito ang masusing pag-aaral ng Lumang Tipan, ayon sa tawag natin dito ngayon (Filipos 3:4-6).
- Alam ng Diyos na ang layunin ni Pablo ay sundin siya ayon sa pinakamabuting pagkaunawa niya. Kaya't nagpakita si Jesu-Cristo kay Pablo sa kanyang maluwalhating katawan na muling binuhay (Mga Gawa 9:1-31; 1 Timoteo 1:12-13). Ito ang simula ng malaking pagbabago sa buhay ni Pablo.
- Isinugo si Pablo bilang misyonero galing sa iglesia sa Antioquia (Mga Gawa 13:1-3). Ano ang nakita mo tungkol sa pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga tao sa bahaging ito? Isulat ang iyong obserbasyon sa seksyong "Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos – Kanyang mga Katangian."
- Ginamit ng Diyos si Pablo upang tulungan ang mga pinuno ng iglesia na higit na maunawaan na ang kaligtasan at ang pakikipag-ugnayan sa Diyos ay nakabatay sa biyaya ng Diyos, at hindi sa ating sariling pagsisikap o mabubuting gawa. Ipinaliwanag ito ni Pablo sa mga apostol at matatandang namumuno sa Jerusalem (Mga Gawa 15:19-21), at ipinaliwanag din niya ito kina Pedro at sa iba pang mga pinuno nang muli nilang bigyang-diin ang pagsunod sa mga kautusan ng Lumang Tipan bilang batayan para sa kaligtasan (Galacia 2:11-21).
- Si Pablo at ang kanyang mga kasama ang kauna-unahang nagdala ng mensahe ng ebanghelyo ni Jesu-Cristo sa maraming lungsod mula Antioquia hanggang Grecia (Mga Gawa 13-21). Sa Mga Gawa 17:26-27, ano ang pagkaunawa ni Pablo tungkol sa paraan ng pagkilos ng Diyos sa buhay ng mga tao? Isulat ang iyong obserbasyon sa seksyong "Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Diyos – Kanyang mga Katangian."
- Muling binisita ni Pablo ang marami sa mga lungsod kung saan siya nagtatag ng mga iglesia at sumulat siya ng mga liham upang tulungan silang lumago sa kanilang buhay Kristiyano. Marami sa mga liham na ito ay agad na kinilala ng mga unang apostol bilang bahagi ng Banal na Kasulatan, kahit noong nabubuhay pa si Pablo (2 Pedro 3:14-16). Kung isasaalang-alang na ang ilan sa mga liham na ito ay isinulat habang nasa bilangguan

si Pablo (gaya ng Filipos), ano ang iyong napansin tungkol sa mga katangian ng Diyos? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa naaangkop na bahagi ng manwal.)

- Ang buhay ni Pablo ay ibinigay bilang halimbawa na dapat nating tularan sa maraming paraan (Filipos 3:12-17). Ang kanyang halimbawa sa pangangaral ng ebanghelyo at pagtatatag ng mga iglesia ay sinundan ng maraming mananampalataya sa buong kasaysayan.
 - Maingat na itinuro ni Pablo ang teolohiya at mga pangunahing doktrina ng pananampalataya sa marami niyang mga liham, lalo na sa Roma at Galacia.
 - Ano pa ang iyong napansin tungkol sa Diyos sa buhay ni Pablo? (Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga bahagi ng manwal na may mga pamagat na "Pagliligtas ng Diyos," "Mga Katangian ng Diyos," at "Mga Pangako ng Diyos.")
-

Pagliligtas ng Diyos

(Mga Pahina ng Talaarawan)

Sinabi ni Jesu-Cristo na isinugo Siya sa sanlibutan upang iligtas ito mula sa kaparusahan (Juan 3:17). Paano nagaganap ang kaligtasang ito?

Nang lumapit sa kanya ang isang Pariseo upang makipag-usap tungkol sa mga espirituwal na bagay, sinabi ni Jesus, “Tandaan mo ang sinasabi kong ito: malibang ipanganak na muli ang isang tao, hindi niya makikita ang paghahari ng Diyos.” (Juan 3:3) Pagkatapos ay nagtanong si Nicodemo, isang Pariseo, kung paanong mangyari ang ganoong bagay.

Tawagin man itong kaligtasan o ipanganak na muli, narito ang buod ng itinuturo ng Biblia tungkol sa paraan na ginawa ng Diyos upang maging bukas ang buhay na walang hanggan sa sinumang nagnanais nito. Nasa ibaba ang mga pamagat ng mga seksyong nagbibigay ng mas malinaw na pagkaunawa tungkol sa pagliligtas ng Diyos. Pagkatapos ng listahan, ang bawat paksa ay pinalawak at sinusuportahan ng mga talata mula sa Biblia. Sa dulo ng bawat seksyon ay may bakanteng espasyo kung saan maaari mong isulat ang iba pang mga talata ng Biblia na makatutulong sa iyong maunawaan ang mga katotohanang ito.

1. **Mga Suliranin ng Tao**
2. **Mga Kakulangan ng Tao**
3. **Paglalaan ng Diyos**
4. **Pagtugon ng Tao sa Diyos**
5. **Mga Katiyakan ng Diyos sa Kanyang mga Anak**
6. **Ang Espiritu ng Diyos ay Nananahan sa Iyo**

Ang bawat isa sa anim na paksang ito ay nasa itaas ng mga susunod na pahina, kasama ang ilang halimbawa. Ang bakanteng espasyo sa ibaba ng bawat halimbawa ay inilaan upang maisulat mo ang mga talata ng Biblia at mga paliwanag na may kaugnayan sa bawat paksa. Ang bawat paksa ay tumutulong sa atin na maunawaan kung paano kumilos ang Diyos upang tulungan ang mga tao sa iba't ibang sitwasyon at upang maunawaan ang walang hanggang kaligtasan mula sa kasalanan at kamatayan na kaloob ng Diyos sa isang kahanga-hangang paraan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.

1. Mga Suliranin ng Tao

- Genesis 2:15-17, 3:1-19 – Nawala ang kaugnayan nina Adan at Eva sa Diyos nang nagawa nila ang unang kasalanan.
- Santiago 2:10 – Kahit isang pagsuway sa Diyos ay sapat na upang mawalay tayo sa kanya, tulad din ng anumang dami ng kasalanan.
- Mateo 5:21-22, 27-28 – Ang masasamang pag-iisip ay kasingbigat ng masasamang gawa sa paningin ng Diyos.

Ang anumang uri ng kasalanan ay naghihiwalay sa atin sa Diyos at nagdudulot ng espirituwal na kamatayan. Narito ang ilang talata na nagpapaliwanag nito:

- Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan (Roma 6:23).
- Ang kabayaran ng lahat ng uri ng kasalanan ay hindi lamang pisikal na kamatayan kundi pati na rin walang hanggang kamatayan (2 Tesalonica 1:9, Pahayag 20:11-15 at 21:8), na nangangahulugang walang hanggang pagkakahiwalay sa Diyos at pagdurusa sa lawa ng apoy.

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

2. Mga Kakulangan ng Tao

- Santiago 2:10 – Gaano man karami ang mabubuting gawa ng isang tao, hindi ito kailanman magiging sapat upang bayaran ang parusang espirituwal na kamatayan na nararapat sa bawat tao.
- Galacia 2:16, 20-21 – Gaano man karelihiyoso ang isang tao, hindi ito magiging sapat upang mabayaran ang parusang espirituwal na kamatayan na nararapat sa kanya.
- Awit 49:7-9 – Walang sinumang tao ang maaaring umako ng parusa ng iba, sapagkat bawat isa ay kailangang managot sa sarili niyang kasalanan, na ang kaparusahan ay walang hanggang kamatayan.

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

3. Paglalaan ng Diyos

- Efeso 1:3-10 – May plano na ang Diyos upang iligtas ang mga tao bago pa niya sila nilikha.
- Roma 5:6-11 – Kahit na tayo ay parang mga kaaway ng Diyos at lubos na walang kakayahang iligtas ang ating sarili, kumilos ang Diyos dahil sa kanyang pag-ibig at ginawa niyang posible ang ating kaligtasan.
- Hebreo 10:8 – Ang mga hain na hayop ay hindi kailanman naging sapat upang bayaran ang parusa ng kamatayan na nararapat sa tao.
- Itinakda ng Diyos, na ating Hukom, na ang isang perpektong tao ang maaaring tumanggap ng parusang kamatayan para sa ibang tao (Hebreo 10:8-14). Upang maisakatuparan ito, ang Diyos mismo ay naging tao, sa pamamagitan ng mahimalang paglilihi kay Maria, humigit-kumulang 2,000 taon na ang nakalipas. Pinangalanang Jesus ang anak ni Maria, at nang siya ay lumaki, ipinahayag niya na siya ang Cristo (Mesiyas), kaya't tinawag siyang Jesu-Cristo. Sinabi niya sa kanyang mga alagad na naparito siya upang akuin ang parusang kamatayan na nararapat sa bawat isa sa atin (Marcos 10:45).
- Habang nakabayubay si Jesu-Cristo sa krus, sumigaw siya, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" (Mateo 27:46). Sa sandaling iyon ay dinaranas niya ang buong poot ng paghatol ng Diyos laban sa kasalanan ng sangkatauhan (Roma 8:3-4, 2 Corinto 5:21).
- Si Jesu-Cristo ang naging kahaliling bayad (handog) para sa ating parusang kamatayan. Ang katotohanang ito ay sinisimbulo sa maraming paraan mula sa simula hanggang sa katapusan ng Biblia.
 - Nagbigay ang Diyos ng isang tupa upang ihandog ni Abraham bilang kapalit ng kanyang anak – Genesis 22.
 - Ang Kordero ng Paskuwa ay inihain upang hindi mamatay ang panganay na anak – Exodo 12:1-13.
 - Ang mga handog na hayop sa templo ay iniaalay bilang kabayaran para sa kasalanan ng mga tao – Levitico 4:32-35, 5:1-19.
 - Ang Lingkod ng Diyos (Mesiyas) ang magdadala ng ating mga kasalanan – Isaias 53
 - Maraming ulit (31 beses) na tinawag si Jesu-Cristo na Kordero ng Diyos sa aklat ng Pahayag. (Pahayag 7:17, 15:3, 21:23)
- Nagbigay si Jesu-Cristo ng patunay na ang kanyang handog para sa kasalanan ay tunay at totoo ang lahat ng kanyang sinabi. Sinabi niya sa kanyang mga alagad na sa ikatlong araw matapos ang kanyang kamatayan ay muli siyang mabubuhay (Mateo 16:21). Ito ang malinaw na patunay na totoo ang lahat ng kanyang mga pahayag at na siya nga ang Diyos na nagkatawang-tao upang iligtas tayo (Juan 5:36). Sa kabila ng lahat ng ginawa ng kanyang mga kaaway upang pigilan ang kanyang muling pagkabuhay, sa ikatlong araw ay nagpakita siya sa kanyang mga alagad at sa marami pang iba. Nakisalamuha siya sa kanila sa loob ng 40 araw, at pagkatapos, sa harap ng maraming saksi, umakyat siya sa langit. Bago siya umalis, nilinaw niya na muli siyang babalik bilang Hari ng sanlibutan, at pagkatapos ay darating ang huling paghuhukom sa lahat ng tao (Mateo 27:62-66, Mga Gawa 1:1-11).

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

(Karugtong) 3. Paglalaan ng Diyos

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

4. Pagtugon ng Tao sa Diyos

- Juan 1:12, Roma 10:9-13, Roma 5:15-17, Roma 6:23, Efeso 2:8-9 – Ang kailangan lamang upang maligtas ay ang maniwala na iniaalok ng Diyos ang kanyang kaloob na kaligtasan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, at tanggapin si Jesus bilang kaloob ng Diyos para sa ating kaligtasan.
- Roma 10:9-13; Mga Gawa 16:31 – Ang pagtanggap sa kaloob ng Diyos ay ipinapahayag sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanya. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng pagsambit gamit ang ating mga labi o sa pagsabi gamit ang ating isip.
- Lucas 23:40-43 – Ang halimbawa kung paano matatanggap ng isang tao ang kaloob na ito ng kaligtasan ay ipinakita sa buhay ng isa sa mga magnanakaw na ipinako sa krus katabi ni Jesus.

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

5. Mga Katiyakan ng Diyos para sa Kanyang mga Anak

Narito ang ilang talata sa Biblia na nagpapatunay na tayo ay kabilang na sa walang hanggang pamilya ng Diyos pagkatapos nating inilagak ang ating pagtitiwala kay Jesu-Cristo (ang Siyang nagbigay ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapalaya sa atin mula sa kapangyarihan ni Satanas at pagbabayad ng kaparusahang nararapat sa lahat ng ating kasalanan).

- Juan 5:24
- Roma 8:1-4
- 1 Juan 5:11-13
- Hebreo 10:10-14
- Awit 103:12

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

6. Ang Espiritu ng Diyos ay Nananahan sa Iyo

Narito ang ilang talata sa Biblia na nagtuturo na ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa lahat ng tumanggap kay Jesu-Cristo. Ikaw ay na kay Cristo, at si Cristo ay nasa iyo.

- Bago umalis si Jesus, sinabi niya sa kanyang mga alagad, “Dadalangin ako sa Ama, upang kayo'y bigyan niya ng isa pang Patnubay na magiging kasama ninyo magpakailanman. Siya ang Espiritu ng katotohanan, na hindi matanggap ng sanlibutan sapagkat siya ay hindi nakikita ni nakikilala ng sanlibutan. Ngunit nakikilala ninyo siya, sapagkat siya'y nasa inyo at siya'y mananatili sa inyo.” (Juan 14:16–17)
- Efeso 1:13-14 “Sa pamamagitan ni Cristo, kayo rin na nakarinig ng salita ng katotohanan, ng Magandang Balita na nagdudulot ng kaligtasan, at sumampalataya sa kanya, ay pinagkalooban ng ipinangakong Espiritu Santo bilang tatak ng pagkahirang sa inyo. Ang Espiritu ang katibayan na makakamit natin nang lubos ang lahat ng pangako ng Diyos sa atin, at sa gayon ay pupurihin ang kanyang kaluwalhatian.”
- Roma 8:1 “Kaya nga, wala nang kahatulang parusa sa mga taong nakipag-isa na kay Cristo Jesus.”
- 1 Corinto 6:19 “Hindi ba ninyo alam na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo at ipinagkaloob ng Diyos sa inyo? Hindi ninyo pag-aari ang inyong katawan;”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

Ang Pagliligtas ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ang sentro ng kasaysayan

Ang paghahandog ni Jesu-Cristo para sa ating kaligtasan ang pinakasentro ng buong kasaysayan – ng nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ng buong sangkatauhan.

Ang paghahandog ni Jesu-Cristo para sa ating kaligtasan ang pinakasentro ng buong kasaysayan ng nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ng buong sangkatauhan. Ang pagbibigay ng Diyos ng kaligtasan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Namuhay siya nang simple, mahirap, at may tatlong taong pampublikong ministeryo, ngunit ang kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ay nagkaroon ng higit na impluwensya sa mundo kaysa sa sinumang nabuhay. Inihanda ng Diyos ang sanlibutan para sa pagdating ni Jesus sa pamamagitan ng maraming propesiya na isinulat nang matagal na panahon bago pa man ito natupad (Lucas 24:25-27). Gumawa rin ang Diyos ng mga kakaibang pangyayari upang ihanda ang mga tao para kay Jesu-Cristo, na tinatawag ding Anak ng Diyos, Anak ng Tao, at Tagapagligtas ng sanlibutan.

- Patuloy na pinili at pinanatili ng Diyos ang angkan kung saan isisilang ang Mesiya (Cristo), mula kina Abraham, Isaac, Jacob, Juda, Ruth, David, at sa mga inapo ni Solomon.
- Inihula ng Diyos ang eksaktong maliit na bayan kung saan isisilang ang Mesiya (ang Cristo) (Mikas 5:2), humigit-kumulang apatnaraang taon bago ito nangyari.
- Inihula rin ng Diyos, mahigit apatnaraang taon bago ang pangyayari, na ang natatanging sanggol na isisilang sa isang pamilyang Israelita ay magiging Makapangyarihang Diyos (Isaias 9:6).
- Ang lugar ng kamatayan ni Jesus ay bahagi rin ng kamangha-manghang plano ng Diyos. Bagama't ang kanyang mga kaaway ang pumili kung saan siya ipapako sa krus, nangyari ito sa parehong kabundukan (Bundok Moria) kung saan inutusan ng Diyos si Abraham na ihandog ang kanyang anak at kung saan siya rin ang naglaan ng isang tupang ihahain bilang kapalit upang hindi mamatay ang isang tao.
- Ang panahon ng kamatayan ni Jesus ay itinakda rin ng Diyos. Bagama't ang kanyang mga kaaway ang nagpasiya kung kailan siya papatayin, nangyari ito kasabay ng Kapistahan ng Paskuwa, nang ang mga Judio ay naghahandog ng mga kordero bilang pag-alala sa Paskuwa sa Egipto, nang ang dugo ng kordero ang naging tanda upang maligtas ang mga tao sa kamatayan.
- Sa kasukdulan ng kasaysayan ng daigdig, ipinakikita si Jesu-Cristo bilang Kordero. Sa huling aklat ng Biblia (Pahayag), na naglalarawan ng huling gagawin ng Diyos sa sanlibutan, si Jesus ay tinawag na "Kordero" nang tatlumpu't isang ulit. Ang Kordero ang pangunahing tauhan sa kasukdulan ng kasaysayan. Siya ay tinawag na Kordero sapagkat ang kanyang alay ang ganap na batayan upang ang mga makasalanang tao ay maibalik sa walang hanggang mapagmahal na pakikipag-ugnayan sa kanilang Manlilikha.

Isinagawa ng Diyos ang natatanging pangyayaring ito upang gawing posible ang walang hanggang kaligtasan para sa lahat ng taong nabuhay, nabubuhay, at mabubuhay pa. Itong pinakadakilang pangyayari sa kasaysayan ay isinakatuparan sa paraang nagpapakita na tanging ang ating matalinong Manlilikha lamang ang makagagawa nito, na may kakayahan at karunungan higit na mataas kaysa sa kayang maunawaan ng tao. Habang masusing sinisiyasat ng isang tapat na naghahanap ng katotohanan ang pangyayaring ito, lalo siyang namamangha

sa bawat aspeto nito. Sa mundong puno ng pagdurusa, sakit, at kalituhan, ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo ang nagbibigay ng tunay na pag-asa sa bawat tao.

Mga Katangian ng Diyos

(Mga pahina ng Talaarawan)

Maraming bagay ang nakasulat sa Biblia na naglalarawan tungkol sa Diyos. Inilalahad nito ang mga ginawa ng Diyos mula pa sa simula ng sanlibutan at ang mga patuloy niyang gagawin hanggang sa gawin niya ang isang bagong langit at bagong lupa sa hinaharap. Natututuhan natin ang tungkol sa Diyos sa dalawang pangunahing paraan: 1) sa pag-aaral ng mga pangyayaring nakatala sa Biblia tungkol sa kanyang mga ginawa sa kasaysayan, at 2) sa pag-aaral ng mga paglalarawan ng Biblia tungkol sa Diyos. Matututuhan din natin ang tungkol sa Diyos sa pamamagitan ng pag-aaral ng kanyang mga pangako, na tatalakayin sa huling bahagi ng manwal na ito.

Habang binabasa mo ang Biblia, hanapin ang mga talata na tungkol sa Diyos at ang mga naglalarawan ng katangian ng Diyos. Isulat ang sanggunian (reference) ng talata at isang maikling buod nito sa pahina ng talaarawan na nakatalaga para sa katangiang ipinakikita sa talatang iyon. Makatutulong ito upang madali mong mabalikan ang mga ito sa hinaharap. Narito ang buod ng mga katangiang nakalista sa mga susunod na pahina. Ang bawat katangian ay may nakahiwalay na pahina na may sapat na espasyo upang maisulat mo ang mga talatang matatagpuan mo. Mayroon nang ilang halimbawang talata mula sa Biblia sa ilalim ng bawat katangian. Maaari kang magdagdag pa ng iba habang nagpapatuloy ka sa iyong pag-aaral ng Biblia.

1. Ang Lawak ng **Kapangyarihan** ng Diyos
2. Ang Lawak ng **Presensiya** ng Diyos
3. Ang Lawak ng **Pag-ibig** ng Diyos
(Kabilang ang kanyang **Awa**, **Habag at Biyaya**)
4. Ang Lawak ng **Kaalaman** ng Diyos
5. Ang Lawak ng **Katarungan** ng Diyos
6. Ang Lawak ng **Kontrol** at **Soberanya** ng Diyos
7. Ang Lawak ng **Hindi Pagbabago** ng Diyos
8. Ang Lawak ng **Katapatan** ng Diyos
9. Ang Lawak ng **Kaganapan** at **Kabanalan** ng Diyos
10. Ang Lawak ng **Pagtulong** ng Diyos
11. Iba pang mga Katangian ng Diyos

Habang isinusulat mo ang mga natututuhan mo tungkol sa Diyos, lalalim ang iyong pagkakilala at pag-unawa sa kanya. At habang higit mong nauunawaan kung sino ang Diyos, lalo ring mababago ang iyong buhay.

1. Ang Lawak ng Kapangyarihan ng Diyos

Maraming ulit sa Biblia na tinutukoy ang Diyos bilang Manlilikha o Lumalang. Matututuhan din natin na may kontrol siya sa lahat ng kanyang nilikha. Maraming talata ang nagpapahayag ng lakas at kapangyarihan ng Diyos.

Genesis 1:1 – “Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa;”

Awit 146:5-6 – “Mapalad ang tao, na ang kanyang Diyos na laging katulong ay ang Diyos ni Jacob; sa Diyos na si Yahweh, umaasang lubos, sa Diyos na lumikha niyong kalangitan, ng lupa at dagat, at lahat ng bagay. Ang kanyang pangako ay maaasahan.”

Awit 66:5-7 – Hinati ng Diyos ang Dagat na Pula. "Makapangyarihang hari kailanman,"

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

2. Ang Lawak ng Presensiya ng Diyos

Genesis 28:16-17 – Nakipag-usap ang Diyos kay Jacob sa pamamagitan ng isang panaginip habang siya ay natutulog sa labas. Dahil dito, napagtanto ni Jacob na naroon ang Diyos, kahit na hindi niya ito lubos na nalalaman.

Awit 139:7-10 – “Saan ako magpupunta, upang ako'y makatakas? Sa iyo bang Espiritu, ako ba'y makakaiwas? Kung langit ang puntahan ko, tiyak na naroroon ka, sa daigdig ng mga patay, humimlay man ako'y ikaw din ang kasama; kung ako ay makalipad, umiwas na pasilangan, o kaya ang tirahan ko'y ang duluhan ng kanluran; tiyak ikaw ay naroon, upang ako'y pangunahan, matatagpo kita roon upang ako ay tulungan.”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

3. Ang Lawak ng Pag-ibig ng Diyos

(Kabilang ang kanyang **Awa, Habag** at **Biyaya**)

Bilang 14:18 – “Si Yahweh ay hindi madaling magalit, mahabagin at handang magpatawad.”

Jonas 1-4 – Gumawa ng paraan ang Diyos upang tulungan ang mga tao sa Ninive, isang lungsod ng mga Hentil na may masamang reputasyon dahil sa pang-aabuso at pagpapahirap nito sa ibang tao. Nais ng Diyos na ilapit sila sa kanya!

Lucas 13:34 – Mahal ng Diyos ang lahat ng tao, kabilang na ang mga taong napopoot sa kanya at naghihimagsik laban sa kanya. Ipinakita ito ni Jesus nang kanyang sinabi, “Jerusalem, Jerusalem! Pinapatay mo ang mga propeta at binabato ang mga isinusugo sa iyo! Ilang beses kong sinikap na kupkupin ang iyong mga anak, gaya ng pag-aaruga ng isang inahin sa kanyang mga sisiw, ngunit ayaw mo.”

PAALALA: Sa Kasulatan, inilalarawan ang Diyos sa pamamagitan ng mga sumusunod na tungkulin, at ang bawat isa ay nagpapakita ng dakilang pag-ibig. Maaari kang magsulat ng mga talata sa Biblia pagkatapos ng bawat tungkulin habang nakikita mo ang mga ito sa iyong pag-aaral ng Biblia.

- **Tagapagligtas**
- **Ama**
- **Asawa**
- **Kaibigan**

Genesis 6-9 – Mahal ng Diyos ang mga tao at nais niya ang isang mapagmahal na ugnayan sa kanila, ngunit hindi niya pinipilit ang mga tao na mahalin siya. Hindi niya pinipilit ang sinuman na mamuhay sa kaniya.

- Ang puso ng Diyos ay napuno ng kalungkutan dahil sa kasakiman ng mga taong hindi kumilala sa kanya at maging tumalikod laban sa kanya (Genesis 6:6).

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

(karugtong) 3. Ang Lawak ng Pag-ibig ng Diyos
(Kabilang ang kanyang ***Awa, Habag*** at ***Biyaya***)

(karugtong) 3. Ang Lawak ng Pag-ibig ng Diyos

(Kabilang ang kanyang ***Awa, Habag*** at ***Biyaya***)

4. Ang Lawak ng Kaalaman ng Diyos

Genesis 18:10-15 – Nang dumalaw ang Panginoon at ang dalawang anghel kay Abraham, alam ng Panginoon ang iniisip ni Sara kahit hindi niya ito nakikita.

Awit 147:5 – "taglay niyang karunungan, hinding-hindi masusukat."

Lucas 12:6 – Sinabi ni Jesus na alam ng Diyos ang bawat hibla ng buhok ng tao at maging ang bawat maya.

Awit 139:1-4 – Alam ng Diyos ang bawat kaisipan na mayroon ang tao.

Lucas 16:15 – Alam ng Diyos ang bawat motibo ng tao. "Kayo ang nagpapanggap na matuwid sa harapan ng mga tao, ngunit alam ng Diyos ang nilalaman ng inyong mga puso."

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

5. Ang Lawak ng Katarungan ng Diyos

Mahal ng Diyos ang mga tao at nais niya ang isang mapagmahal na ugnayan sa kanila, ngunit hindi niya pinipilit ang mga tao na mahal siya. Hindi niya pinipilit ang sinuman na mamuhay sa kaniya.

Genesis 2:17 – Sinabi ng Diyos kina Adan at Eva na kapag ang sinuman ay nagkasala, siya ay mamamatay.

Ipinakita ito nang hatulan ng Diyos ang buong sanlibutan sa pamamagitan ng isang malawakang baha.

Genesis 6–9

- Napuno ng dalamhati ang puso ng Diyos dahil sa kasakiman ng mga tao (Genesis 6:6).
- Ipinangaral ni Noe sa mga tao ang tungkol sa Diyos (2 Pedro 2:5), ngunit walang sinumang nagnais na sumama kay Noe. Kaya isinagawa ng Diyos ang kanyang kaparusahan sa kasalanan.
- Makakatiyak tayo na hindi nagustuhan ng lahat ng tao ang baha, ngunit hindi sila iniligtas ng Diyos sapagkat ayaw din nilang magkaroon ng kaugnayan sa kanya. Nais nila ang mabubuting bagay na ibinibigay ng Diyos, ngunit ayaw nila mismo ang Diyos.

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

Katarungan ng Diyos sa pagpaparusa sa mga bansa sa kasaysayan:

Maraming tao ang nagsabi na ang Diyos ay hindi mapagmahal at hindi makatarungan nang utusan niya ang mga Israelita na lipulin ang malalaking pangkat ng mga tao sa Palestina.

Basahin ang mga sumusunod na talata, manalangin, at bumuo ng iyong sariling pasya.

- Deuteronomio 9:4-6; 18:9-13; Awit 106:34-38 – Ipinapakita ng mga talatang ito ang mga dahilan ng Diyos sa paglipol sa mga pangkat ng tao.
- Levitico 26:14-39; Deuteronomio 28:15-68 – Nagbabala ang Diyos na magiging mas malala pa ang kanyang paghatol sa mga Israelita kung gagawin din nila ang parehong mga kasamaan (na kalaunan ay nangyari sa Israel sa pamamagitan ng Asiria, Babilonia, at Roma).
- Genesis 2:15-17; Roma 6:23; Pahayag 21:8 – Ang Diyos ay may iisang pamantayan para sa lahat ng tao sa buong kasaysayan.

6. Ang Lawak ng Kontrol at Soberanya ng Diyos

Genesis 37-47 – Maraming pangyayari sa buhay ni Jose ang pinag-ugnay ng Diyos upang siya ay maging pinuno na susunod sa Faraon, at kalaunan ay magamit upang iligtas ang kanyang mga kapatid. Dumaan ang mga mangangalakal na Midianita sa tamang pagkakataon habang pinag-iisipan ng kanyang mga kapatid kung ano ang gagawin sa kanya. Ipinagbili si Jose bilang alipin kay Potifar. Ang tagapangasiwa ng mga inumin at ang punong panadero ni Faraon ay nakulong kasama niya, at kapwa sila nagkaroon ng mga panaginip. Pagkatapos nito, nagkaroon din ng panaginip ang Faraon.

Genesis 50:19-20 – Ginamit ng Diyos ang masasamang pangyayari upang maisakatuparan ang kanyang mabubuting plano.

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

7. Ang Lawak ng Hindi Pagbabago ng Diyos

1 Samuel 15:29 – Ang Diyos ay hindi nagbabago.

Hebreo 13:8 – “Kung sino si Jesu-Cristo noon ay siya rin ngayon at magpakailanman.”

Santiago 1:17 – Ang Diyos ay hindi nagbabago.

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

8. Ang Lawak ng Katapatan ng Diyos

Genesis 13:14-17 – Sinabi ng Diyos kay Abraham na mamahin ng kanyang mga lahi ang lupain ng Palestina. Ang pangakong ito ay nananatiling totoo hanggang sa kasalukuyan, sa kabila ng lahat ng pagpatay at pagkawasak na naranasan ng mga Judio.

Genesis 49:8-10 – Ihambing sa Pahayag 5:5. Sinabi ng Diyos sa pamamagitan ni Jacob na ang darating na pinuno (ang Mesiyas) ay magmumula sa lahi ni Juda. Kalaunan, ipinahayag sa aklat ng Pahayag na si Jesus ay nagmula sa lipi ni Juda.

Awit 146:6 – “sa Diyos na lumikha... Ang kanyang pangako ay maaasahan.”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

9. Ang Lawak ng Kaganapan at Kabanalan ng Diyos

Josue 7:1-26 – Iniutos ng Diyos sa hukbo ng Israel na lubusang wasakin ang Jerico at huwag kumuha ng anumang bagay para sa kanilang sarili. Ngunit dahil sa isang kawal na kumuha ng ilan sa mga bagay sa Jerico para sa kanyang sarili, hindi tinulungan ng Diyos ang hukbo ng Israel nang lusubin nila ang sumunod na lungsod. Dahil dito, may mga sundalong namatay.

Muli lamang silang tinulungan ng Diyos matapos maparusahan si Acan sa kanyang kasalanan.

Pahayag 4:8 – “Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat...”

Habakuk 1:13 – Napakabanal ng Diyos kaya hindi niya kayang makita ang kasamaan. (Malinaw na nakikita ng Diyos ang lahat ng kasamaan, ngunit may kahulugang hindi niya nais na mamasdan ito.)

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

10. Ang Lawak ng Pagtulong ng Diyos

Patuloy na nagtuturo ang Diyos sa bawat tao sa buong mundo sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay. Lagi niya silang tinutulungan upang higit siyang makilala at maranasan ang kanyang kaganapan.

Hebreo 12:4-11 – Ginagamit ng Diyos ang mga pagsubok upang sanayin tayo.

Awit 71:17 – Tinuruan ng Diyos ang mang-aawit mula pa sa kanyang kabataan.

Awit 94:10-14 – Ang Diyos ang nagtuturo sa mga tao.

Awit 32:8 – Tayo ay pinangungunahan at ginagabayan ng Diyos.

Deuteronomio 8:2-5 – Tinuturuan at dinidisiplina tayo ng Diyos.

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

11. Iba pang mga Katangian ng Diyos

MGA TALATA SA BIBLIA:

Mga Pangako ng Diyos

(Mga pahina ng Talaarawan)

Nagbigay si Pedro ng isang magandang buod kung bakit napakahalaga ng mga pangako ng Diyos:

“Tinanggap natin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos ang lahat ng bagay na magtuturo sa atin upang tayo'y mamuhay na maka-Diyos. Ito'y dahil sa ating pagkakilala kay Jesus, na siya ring tumawag sa atin upang bahaginan tayo ng kanyang kaluwalhatian at kadakilaan. Sa paraang ito ay binigyan niya tayo ng mga dakila at napakahalagang pangako upang makaiwas kayo sa nakakasirang pagnanasa sa sanlibutang ito at upang makabahagi tayo sa kanyang likas bilang Diyos.” (2 Pedro 1:3-4)

Nasa ibaba ang buod ng mga pangakong ibinigay ng Diyos, na inayos ayon sa mga pangkalahatang kategorya.

1. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa **Kaligtasan/Pakikipagkasundo**
2. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa **Kanyang Presensiya**
3. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa **Pamumuno/Patnubay**
4. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa **Pag-iingat**
5. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa **Karunungan/Kaalaman/Pag-unawa**
6. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa **Paglalaan/Pagkakaloob**
7. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa **Pagpapagaling/Pagpapanumbalik**
8. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa **Tulong/Kalakasan**
9. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa **Pagsubok/Pagdurusa**
10. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa **Kanyang Ugnayan sa Atin**
11. Iba pang mga Pangako mula sa Diyos

Habang binabasa mo ang Biblia, isulat ang mga pangakong matatagpuan mo ayon sa iba't ibang aspeto ng buhay na kailangan nating lahat. Isulat ang sanggunian (reference) ng talata at isang maikling buod ng bawat pangakong matutuklasan mo. Makatutulong ito upang madali mo itong mabalikan sa hinaharap. Sa mga susunod na pahina ay may espasyo para maisulat mo ang mga pangakong matatagpuan mo. Ang bawat pahina ay may nakalaan na espasyo para sa bawat kategorya ng mga pangako. Sa bawat kategorya ay mayroon nang ilang halimbawang talata na nakasulat. Maaari kang magdagdag pa ng iba habang nagpapatuloy ka sa iyong pag-aaral ng Salita ng Diyos.

1. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Kaligtasan/Pakikipagkasundo

Exodo 6:7 – “Ituturing ko kayong aking sariling bayan at ako ang magiging Diyos ninyo.”

Juan 1:12 – “Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos.”

Roma 6:23 – “Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.”

1 Juan 5:11–13 – “At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng kanyang Anak. Kung ang Anak ng Diyos ay nasa isang tao, mayroon siyang buhay na walang hanggan; ngunit kung wala sa kanya ang Anak ng Diyos ay wala siyang buhay na walang hanggan. Isinusulat ko ito sa inyo upang malaman ninyo na kayong sumasampalataya sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan.”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

2. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Kanyang Presensiya

Genesis 28:15 – “Tandaan mo, susubaybayan kita at ipagtatangol saan ka man magpunta...”

Josue 1:9 – “...akong si Yahweh, na iyong Diyos, ay kasama mo saan ka man magpunta.”

Mateo 28:20 – “Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon.”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

3. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Pamumuno/Patnubay

Awit 32:8 – “Aakayin kita sa daan, tuturuan kita at laging papayuhan.”

Kawikaan 3:5–6 – “Kay Yahweh ka magtiwala, buong puso at lubusan, at huwag kang mananangan sa sariling karunungan. Sa lahat ng iyong gawain siya nga'y alalahanin, upang ika'y patnubayan sa iyong mga tatahakin.”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

4. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Pag-iingat

Awit 34:19 – “Ang taong matuwid, may suliranin man, sa tulong ni Yahweh, agad maiibsan.”

Awit 46:1 – “Ang Diyos ang ating lakas at kanlungan, at handang saklolo kung may kaguluhan.”

2 Tesalonica 3:3 – “Ngunit tapat ang Panginoon; siya ang magpapatatag at mag-iingat sa inyo laban sa Masama.”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

5. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Karunungan/Kaalaman/Pag-unawa

Juan 14:26 – “Ngunit ang Patnubay, ang Espiritu Santo na isusugo ng Ama sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi ko sa inyo.”

Santiago 1:5 – “Ngunit kung ang sinuman sa inyo ay kulang sa karunungan, humingi siya sa Diyos at siya'y bibigyan, sapagkat ang Diyos ay nagbibigay nang sagana at hindi nanunumbat.”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

6. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Paglalaan/Pagkakaloob

Filipos 4:19 – “At buhat sa hindi mauubos na kayamanan ng Diyos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Cristo Jesus.”

1 Juan 5:14–15 – “May lakas-loob tayong lumapit sa kanya dahil alam nating ibibigay niya ang anumang hingin natin kung ito'y naaayon sa kanyang kalooban. At dahil alam nating pinapakinggan nga niya tayo, alam din nating ibinibigay niya ang bawat hinihiling natin sa kanya.”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

7. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Pagpapagaling/Pagpapanumbalik

Exodo 6:6 – “kayo'y palalayain ko mula sa pagkaalipin.” (Ang pangakong ito ay unang ibinigay sa mga Israelita, ngunit sa prinsipyo ay maiaangkop din sa ating paglaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan.)

Exodo 15:26 – “Akong si Yahweh ang inyong manggagamot.”

Awit 103:2–3 – “Si Yahweh ay papurihan, O aking kaluluwa, at huwag mong kaliligtaan, mabubuti niyang gawa. Ang lahat kong kasalana'y siya ang nagpapatawad, at anumang aking sakit, ginagamot niyang lahat.”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

8. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Tulong/Kalakasan

Genesis 50:20 – “Masama nga ang inyong ginawa sa akin, subalit ipinahintulot iyon ng Diyos para sa kabutihan, at dahil doo'y naligtas ang marami ngayon.”

Exodo 6:6 – “Ipadarama ko sa kanila ang bigat ng aking kamay; paparusahan ko sila at kayo'y palalayain ko mula sa pagkaalipin.” (Ang pangakong ito ay unang ibinigay sa mga Israelita, at pagkatapos ay sa ating lahat.)

Roma 8:35–37 – “Sino ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Ang kaguluhan kaya, ang kapighatian, pag-uusig, pagkagutom, kahirapan, panganib, o kamatayan? Ayon sa nasusulat, “Dahil sa inyo'y buong araw kaming pinapatay, turing nila sa amin ay mga tupang kakatayin lamang.” Hindi! Sa lahat ng mga ito, tayo'y lalong higit pang magtatagumpay sa pamamagitan niya na nagmamahal sa atin.”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

9. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Pagsubok at Pagdurus

2 Corinto 4:16-17 – Ang ating mga pansamantalang pagsubok ay nagpapalakas sa ating kalooban at nagbibigay sa atin ng walang hanggang kaluwalhatian.

Santiago 1:2-4 – Magpasalamat kapag dumaraan sa pagsubok, sapagkat alam ninyong ang mga ito ay humuhubog sa inyong pagkatao.

2 Corinto 12:7-10 – Ang kapangyarihan ng Diyos ay higit na nahahayag sa ating kahinaan.

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

10. Mga Pangako ng Diyos tungkol sa Kanyang Ugnayan sa Atin

Juan 14:21 – “Ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama; iibigin ko rin siya at ako'y lubusang magpapakilala sa kanya.”

Juan 14:3 – “Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko ba sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan? At kapag naipaghanda ko na kayo ng matitirhan, ako'y babalik at isasama ko kayo upang kayo'y makapiling ko kung saan ako naroroon.”

Juan 14:12 – “Pakatandaan ninyo: ang nananalig sa akin ay makakagawa ng mga ginagawa ko, at higit pa kaysa rito, sapagkat babalik na ako sa Ama.”

KARAGDAGANG MGA TALATA SA BIBLIA:

11. Iba Pang mga Pangako mula sa Diyos

MGA TALATA SA BIBLIA:

Apendise 1

Mga Praktikal na Hakbang sa Pagiging Espirituwal na Magulang

Nang likhain ng Diyos ang mga tao, ang kanyang plano at layunin para sa kanila ay ang mag-asawa at magkaroon ng mga anak. Bagama't hindi lahat ay nagkakaroon ng pisikal na anak, ito pa rin ang karaniwang plano ng Diyos para sa karamihan ng mga tao. Sa espirituwal na aspeto, ganoon din ang plano ng Diyos. Kapag ang isang tao ay ipinanganak sa pamilya ng Diyos, ang layunin ng Diyos ay lumago siya sa espirituwal at tumulong din sa paglago ng iba. Sa ganitong paraan, ang karaniwang plano ng Diyos para sa kanyang mga espirituwal na anak ay maging mga espirituwal na magulang. Nilinaw ito ni Jesus nang ibigay niya ang kanyang atas sa kanyang mga alagad bago siya umakyat sa langit (Mateo 28:18-20). Narito ang ilang praktikal na hakbang upang maging isang espirituwal na magulang sa pamamagitan ng pagtulong sa iba na lumago sa kanilang espirituwal na buhay.

Una sa lahat, unawain kung ano ang isang espirituwal na magulang.

- Ang espirituwal na magulang ay isang taong tumutulong sa isa o ilang tao upang lumago sa kanilang personal na buhay kasama si Jesus. 1 Tesalonica 1:11-12
- Maaari itong maging isang ama o ina na tumutulong sa isa o higit pang mga anak. Efeso 6:4
- Maaari rin itong maging sinumang sumusunod sa halimbawa ni Jesus upang tulungan ang isa o higit pang mga alagad. Mateo 28:18-20 (TANDAAN: Sa Biblia, ang salitang alagad (disciple) ay nagmula sa salita na nangangahulugang "matuto.")



Unawain kung ano ang ginagawa ng isang espirituwal na magulang.

- Ang espirituwal na magulang ay naghihikayat at tumutulong sa iba na matuto kay Jesus. Hebreo 3:13
- Ang espirituwal na magulang ay nananalangin para sa bawat alagad at tinutulungan din silang manalangin para sa iba. Natututuhan natin ito mula sa halimbawa ni Pablo at sa prinsipyong makikita sa Efeso 6:18.
 - Ang espirituwal na magulang ay nakikipagtalakayan sa bawat alagad tungkol sa kung paano isasabuhay sa bawat aspeto ng kanilang personal na buhay ang kanilang kaugnayan sa Diyos ayon sa Biblia. Natututuhan natin ito mula sa halimbawa ni Jesus at sa prinsipyong nakasaad sa Josue 1:8-9.



Unawain kung ano ang hindi ginagawa ng isang espirituwal na magulang.

- Ang isang espirituwal na magulang ay naiiba sa isang pisikal na magulang sa isang mahalagang paraan. Hindi sinusubukang kontrolin ng espirituwal na magulang ang kanyang mga alagad. Ang mga alagad ay laging may ganap na kalayaang makilahok o hindi, tulad ng pagbigay ni Jesus sa kanyang mga alagad ng ganap na kalayaang

sumunod sa kanya o hindi. Halimbawa, binigyan ni Jesus si Judas ng ganap na kalayaan, kahit alam niyang gagamitin nito ang kalayaang iyon upang ipagkanulo ang kanyang espirituwal na magulang. Huwag isipin na mayroon kang awtoridad upang kontrolin ang iyong mga alagad.

Unawain at isabuhay ang mga hakbang upang maging isang espirituwal na magulang.

1. Manalangin at humanap ng isang taong may hangaring lumago sa kanyang buhay kasama ang Diyos. Juan 7:37-38
2. Regular na magkita at magtipon. Hebreo 3:13-15
3. Talakayin ninyo kung sino ang Diyos, ang kanyang katangian at mga kalikasan bilang Diyos, at alamin din kung ano ang kanyang ginawa para sa atin. Pag-usapan kung paano maisasabuhay sa bawat aspeto ng personal na buhay ang pakikipag-ugnayan sa Diyos ayon sa Biblia, ang Salita ng Diyos. Ito ang ginawa ni Jesus sa kanyang mga alagad, tinulungan niya silang mamuhay ayon sa katotohanan ng Diyos sa lahat ng paraan.
4. Gamitin ang *Mga Manwal sa Pangunahing Pagsasanay* bilang gabay sa mga paksang pag-aaralan sa Biblia. Ang mga manwal na ito ay mga gabay upang matulungan kayong hanapin ang mga talata sa Biblia ayon sa mga paksang itinuro ni Jesus sa kanyang mga alagad. Sa simula ng bawat isa ng tatlong manwal (Aklat 1, 2, at 3) ay may mga tagubilin kung paano gamitin ang partikular na manwal na iyon. Bawat isa ay ginagamit sa magkakaibang paraan, ngunit ang layunin ay palaging tulungan ang mga tao na mag-aral ng Biblia bilang pangunahing batayan ng kanilang pamumuhay kasama ang Diyos.
5. Kung may iba pang mga kaibigan na may katulad na hangaring lumago sa kanilang personal na buhay kasama ang Diyos, isama ang isa, dalawa, o tatlo pa sa grupo mong regular na nagtitipon. (Kung lima o higit pa ang nasa grupo, nagiging mahirap para sa bawat isa na magbahagi at magtalakay tungkol sa mga nangyayari sa kanilang personal na buhay.) TANDAAN: Upang magkaroon ng ganap na pagiging bukas sa grupong personal na nagdidisipulo, mas mabuting ang mga lalaki ay makipagtipon sa mga lalaki at ang mga babae ay sa mga babae.
6. Hikayatin at payuhan ang inyong mga espirituwal na anak na ipanalangin ang kanilang pamilya at mga kaibigan, at humanap ng isa o higit pang mga taong maaari nilang tulungang maging anak ng Diyos at lumago sa kanilang buhay kasama ang Diyos. Sa ganitong paraan, sila rin ay magiging mga espirituwal na magulang! (Sinusunod nito ang halimbawa ni Jesus, na nagturo sa kanyang mga espirituwal na anak na tulungan ang iba, gaya ng sinabi niya sa Mateo 28:18-20.)
7. Ipagpatuloy ang pakikipagkaibigan, pananalangin, paghihikayat, at pagbibigay ng payo sa inyong mga espirituwal na anak hangga't maaari. (Sinusunod nito ang halimbawa ni Pablo sa kanyang mga espirituwal na anak, gaya ng makikita sa 1 Tesalonica 2:6-20.)



Karagdagang gabay para sa mga PAMILYA at mga TAGAPANGUNA NG BIBLE DISCUSSION

Narito ang ilang gabay para sa mga magulang na nais tulungan matuto ang kanilang mga anak mula sa Biblia o para sa mga espirituwal na magulang na nais tulungan ang iba na matuto mula sa Biblia. Ang mga gabay na ito ay kapaki-pakinabang para sa sinumang nagnanais matuto at mamuhay ayon sa Salita ng Diyos.

Una sa lahat, isulat ang sumusunod na limang tanong at ilagay ang mga ito sa inyong Biblia. Makatutulong ang mga ito upang maunawaan ninyo kung ano ang sinasabi ng Biblia at kung paano mo maisasabuhay ang katotohanan nito. Maaari ninyong gamitin ang mga tanong na ito kahit hindi pa kayo gaanong nakababasa ng Biblia at kahit hindi kayo nakapaghanda nang maaga (bagama't makatutulong ang paghahanda).



Limang Tanong para sa Bible study groups:

1. Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa **Diyos**?
2. Mayroon bang **halimbawang** dapat tularan?
3. Mayroon bang **utos** na dapat sundin?
4. Mayroon bang **pangakong** dapat panghawakan?
5. Mayroon bang **babalang** dapat pag-isipan?

Kapag nagtitipon kayo kasama ang inyong pamilya o mga kaibigan para sa Bible Study, gawin ang mga sumusunod:

- Pumili ng anumang bahagi ng Biblia na babasahin. Maaaring kalahati ng isang kabanata o isang buong kabanata.
- Manalangin nang malakas at hilingin sa Diyos na tulungan kayong maunawaan ang inyong babasahin.
- Basahin nang malakas ang napiling bahagi nang magkakasama.
- Hanapin ang mga sagot sa limang tanong, simula sa unang tanong tungkol sa Diyos.
- Manalangin at hilingin sa Diyos na tulungan kayong matandaan ang inyong mga natutuhan. (Mas mainam kung salitan kayong mananalangin nang malakas.)

Apendise 2

Mga Dahilan Kung Bakit Natin Nalalaman na ang Biblia ay Komunikasyon ng Diyos

Ipinapahayag na ang Biblia ay komunikasyon ng Diyos

Ipinapahayag na ang Biblia ay pangungusap mula sa Diyos, ngunit may iba ring mga aklat na pangrelihiyon na nagpapahayag nang ganito. Kaya ang bawat dokumentong nagsasabing ito ay mula sa Diyos ay kailangang suriin nang mabuti sa lahat ng anggulo. Narito ang mga dahilan kung bakit nalalaman nating ang Biblia ay naisulat sa pamamagitan ng isang nilalang na may mataas na karunungan at kakayahan kaysa sa tao, at na ito ay tunay na isang mensahe ng pag-ibig mula sa lumikha sa ating lahat.

Ang mga dokumento ng Biblia ay maaasahan sa lahat ng paraan

Alam nating ang mga dokumentong bumubuo sa Biblia ay mapagkakatiwalaan sa lahat ng paraan dahil sa mga sumusunod:

- **Ang pagkakaisa ang nilalaman nito.** Ang Biblia ay nabuo sa loob ng humigit-kumulang 2,000 taon at isinulat ng mahigit tatlong may-akda. Gayunman, nananatiling magkakatugma ang nilalaman nito at umaayon sa napatunayang kasaysayan at agham.
- **Ang kalidad ng mga salaysay nito.** Ang kalidad at dami ng mga salaysay sa Biblia ay kapantay o higit pa kaysa sa ibang mga akda noong panahong isinulat ito. Ang mga ulat ng mga saksi at ang mga dokumentong tungkol sa pangunahing tauhan nito, si Jesu-Cristo, ay mas malapit sa mismong panahon ng mga pangyayari at mas marami kaysa sa mga tala tungkol sa sinumang ibang makasaysayang tao noong panahong iyon (0–100 AD).
- **Ang kalidad ng mga kopya nito.** Maraming kopya ng malalaking bahagi ng Biblia (ang ilan ay mahigit 2,000 taong gulang) ang matatagpuan sa mga museo, aklatan, at pribadong koleksiyon. Ang nilalaman ng mga sinaunang manuskritong ito ay katugma ng mga kasalukuyang bersiyon ng Biblia, na nagpapakita ng hindi nagbabago ang pagiging maaasahan ng nilalaman nito. Ang lahat ng salin ng Biblia sa iba't ibang wika ngayon ay maaaring ihambing sa mga sinaunang manuskrito sa orihinal na mga wika upang mapatunayan ang katumpakan ng mga ito.
- **Ang pag-ayon nito sa kasaysayan.** Ang Biblia ay binubuo ng maraming salaysay tungkol sa kung paano kumilos ang Diyos sa buong kasaysayan, at ang mga ito ay umaayon sa mga pangyayari sa napatunayan ng kasaysayan.
- **Ang katuparan sa maraming hula nito.** Ang Biblia ay naglalaman ng maraming hula tungkol sa mga bansa at pamahalaan na mangyayari sa hinaharap. Marami sa mga hulang ito ang natupad na at kabilang din dito ang mga kakaibang hula tungkol sa bansang pinagmulan ni Jesus, na patuloy na nakikitang nagaganap hanggang sa kasalukuyan.
- **Ang taong sentro ng Biblia ay natatangi sa buong kasaysayan.** Walang ibang tao sa kasaysayan, maliban kay Jesu-Cristo, ang nag-angking siya ay Diyos at pagkatapos ay pinatunayan ang pag-aangking iyon sa pamamagitan ng iba't ibang himala. Inihula rin niya maging ang sarili niyang kamatayan at muling pagkabuhay, at pagkatapos ay tinupad ito. Ang mga ulat ng mga nakasaksi sa mga pangyayaring ito (na nakatala sa

Bagong Tipan ng Biblia), ay may mas mataas na kalidad kaysa sa anumang iba pang makasaysayang tala mula sa panahong iyon, gaya ng nabanggit na.

- **Ang awtoridad ng rekomendasyon ni Jesu-Cristo.** Si Jesu-Cristo, na nag-angking siya ay Diyos (at pinatunayan ang pag-aangking iyon, gaya nang nabanggit na), ay nagturo na ang lahat ng Kasulatang naisulat bago ang kanyang kapanganakan (na tinatawag nating Lumang Tipan ngayon) ay ganap na tumpak, mapagkakatiwalaan, at siyang pahayag ng Diyos sa sangkatauhan. Base sa kanyang awtoridad, wala nang mas mataas pang pagpapatunay na kailangan.

Ipinakikita ng Biblia na ang Diyos ang may kontrol sa buong kasaysayan

Marahil ang isa sa mga pinakanatatangi at pinakakahanga-hangang katangian ng Biblia ay ang may-akda nito (ang pinagmulan na dakila kaysa sa mga taong sumulat ng Biblia) ay nagpapakita na siya ang may ganap na kontrol sa kasaysayan sa pamamagitan ng paghula ng mga pangyayaring magaganap libu-libong taon bago pa man ito mangyari. Ang Biblia ay isinulat sa paraang nagpapakita na ito ay nagmula sa isang nilalang na may higit na mataas na karunungan kaysa sa tao – isang matalinong nilalang na nakaaalam ng mga pangyayaring magaganap libu-libong taon bago pa man mangyari ang mga ito.

Hindi lamang ipinakikita ng Biblia na ang Diyos ang may kontrol sa kasaysayan, ipinakikita rin nito na ang taong sentro ng Biblia ay ang may pinakamalaking impluwensiya sa buong kasaysayan. Ang mga alagad ni Jesu-Cristo ay nagkaroon ng napakalaking impluwensiya sa kasaysayan, kultura, agham, medisina, at edukasyon ng mundo, higit kaysa sa sinuman. Maging ang pinakatinatanggap na sistema ng pagbibilang ng mga taon sa buong mundo ay nakabatay sa kanyang kapanganakan.

Ang solusyon ng Biblia para sa buhay na kasama ang Diyos ay natatangi

Lahat ng relihiyon sa mundo ay nagtuturo sa mga tao kung paano mapabubuti ang kanilang buhay at kung paano magiging katanggap-tanggap sa Diyos o sa isang mas mataas na kapangyarihan. Ngunit ang mensahe ng Biblia at ng taong sentro nito, si Jesu-Cristo, ay naiiba sa lahat ng ibang relihiyon. Itinuturo ng Biblia na ang Diyos, ang ating Manlilikha, ay nag-aalok ng buhay na walang hanggan kasama niya bilang isang kaloob na siya mismo ang naglaan. Ipinaliliwanag ng Biblia na hindi kailanman kaya ng tao na gawing karapat-dapat ang kanyang sarili upang magkaroon ng buhay kasama ang Diyos. Ngunit dahil sa napakadakilang pag-ibig ng Diyos sa tao, siya ay nagkatawang-tao at inialay ang kanyang buhay upang gawing posible na matanggap ito bilang kaloob mula sa kanya ng sinumang nagnanais magkaroon ng buhay kasama niya. Ang pangunahing mensaheng ito ng Biblia ay nagbibigay-diin sa ginawa ng Diyos para sa tao, at hindi sa dapat gawin ng tao para sa Diyos. Ito ay isang mensahe ng mapagsakripisyong pag-ibig ng Diyos para sa sangkatauhan. Dahil dito, nauunawaan natin na ang Biblia ay tunay na pahayag ng Diyos para sa mga taong kanyang nilikha at minamahal.

Apendise 3

Ang Pinakamaimpluwensiyang Tao sa Kasaysayan

Ang Diyos ang pangunahing paksa ng Biblia mula simula hanggang wakas, at si Jesu-Cristo ang pagpapahayag ng Diyos sa anyong tao. Dahil dito, siya ang taong sentro sa Biblia. Inilalarawan ng unang bahagi ng Biblia kung paano inihanda ng Diyos ang pagdating ni Jesu-Cristo. Pagkatapos ay ipinaliliwanag ng Biblia kung paano siya dumating upang magbigay ng kaligtasan sa sanlibutan. Sa huling bahagi naman ng Biblia, ipinapahayag na siya ay muling babalik bilang hari ng buong daigdig at bilang asawa ng mga umiibig sa kanya.

Wala nang ibang tao sa buong kasaysayan ng mundo ang nagkaroon ng impluwensiyang katulad ng kay Jesu-Cristo. Hanggang sa kasalukuyan, halos lahat ng tao sa mundo ay kinikilala ang kanyang kapanganakan sa tuwing isinusulat nila ang bilang ng kasalukuyang taon. Ang pinakamalawak na ginagamit na sistema ng pagbibilang ng mga taon sa buong mundo ay nakabatay sa tinatayang taon ng kapanganakan ni Jesu-Cristo.

Mas marami ang mga taong kumikilala sa kanilang sarili bilang mga Kristiyano kaysa sa alinmang ibang relihiyon sa mundo. Bagama't marami sa kanila ang maaaring hindi lubos na nakauunawa kay Jesu-Cristo, sila man lamang ay naaakit sa kanya. Ang Biblia, na ang taong sinisentro ay si Jesu-Cristo, ang pinakanabasang aklat sa buong mundo mula nang maimbento ang palimbagan. Sa katunayan, ang palimbagan ay unang binuo upang makapaglimbag ng mas maraming kopya ng Biblia. Milyun-milyong kopya ng Biblia ang naibenta sa buong mundo, higit na mas marami kaysa sa alinmang ibang aklat sa kasaysayan.

Hindi lamang mas marami ang mga alagad ni Jesu-Cristo kaysa sa sinumang tao sa kasaysayan, kundi ang kanyang mga turo rin ang nagkaroon ng pinakamalakas na impluwensiya. Marami sa mga unang unibersidad sa Europa, Hilagang Amerika, at Timog Amerika ay itinatag upang ituro ang Biblia. Marami ring mga ospital sa iba't ibang panig ng mundo ang itinatag ng mga taong may pananampalatayang Kristiyano. Ang organisasyong Red Cross, kasama ang marami nitong sangay, ay nagbigay ng tulong sa mga tao sa buong mundo. Ang pinagmulan nito ay mula sa mga Kristiyanong kumilala kay Jesu-Cristo bilang dakilang tagapagligtas ng sanlibutan, at ang krus na ginagamit bilang sagisag nito ay sumasagisag sa kanyang pag-aalay ng buhay para sa buong sangkatauhan.

Hindi lamang si Jesu-Cristo ang may pinakamalaking impluwensiya sa mundo, siya rin ang pinakakakaibang tao sa kasaysayan. Inihula niya kung paano siya papatayin, kung paanong siya ay mananatiling patay sa loob ng tatlong araw, at kung kailan siya muling mabubuhay. Wala nang ibang tao sa buong kasaysayan ang gumawa nito.

Hindi lamang muling nabuhay si Jesu-Cristo ayon sa kanyang sariling hula, kundi inangkin din niyang siya ang Diyos, ang Maylalang ng sanlibutan, na naparito sa anyo ng tao. Bilang patunay ng kanyang kapangyarihan, pinagaling niya ang bawat uri ng sakit na dinala sa kanya, pinalayas ang lahat ng masasamang espiritung dinala sa kanya, nagparami ng pagkain kahit walang sapat na pinagkukunan, pinahupa ang bagyo at hangin, at nakabasa ng nilalaman ng isip ng mga tao. Wala nang ibang tao sa buong kasaysayan ang nag-angking siya ang Diyos, na Maylalang ng

sanlibutan, at pagkatapos ay pinatunayan ito sa pamamagitan ng paghula sa kanyang sariling muling pagkabuhay upang ipakita ang kanyang kapangyarihan laban sa kamatayan, ang pinakamatinding kaaway ng buong sangkatauhan.

Kasabay ng kanyang pag-aangking siya ang Diyos, ipinaliwanag din ni Jesu-Cristo na ang lahat ng bahagi ng Bibliang naisulat bago ang kanyang kapanganakan ay isinulat upang ihula ang kanyang pagdating at ihanda ang sanlibutan para rito. Sa madaling salita, ipinahayag ni Jesu-Cristo na siya ang kasukdulan ng kasaysayan. Sinabi rin niya na sa hinaharap ay muli siyang babalik sa mundo bilang tagapagligtas at bilang kataas-taasang hari ng buong daigdig.

Ang nabagong buhay ay nangyayari dahil kay Jesu-Cristo

Hindi kataka-taka na napakaraming buhay ang nabago sa pamamagitan ng isang personal na ugnayan sa natatanging tao na ito. Maraming bagay ang natutuhan ng mga unang alagad ni Jesu-Cristo mula sa kanya at nasaksihan nila ang marami niyang himala. Dahil dito, nagkaroon sila ng matinding pagnanais na gawin ang anumang iniutos niya. Ngunit nang makita nilang inaresto at pinahirapan ang kanilang guro, nawala ang kanilang lakas ng loob na makilala bilang kanyang mga alagad, kaya siya ay kanilang iniwan. Gayunman, lubos na nagbago ang kanilang buhay matapos paulit-ulit na nagpakita si Jesus sa kanila sa loob ng apatnapung araw sa kanyang muling nabuhay na katawan at nakasalo pa nilang kumain. Sa huli, matapos nilang makitang umakyat siya sa langit, lubusang nabago ang kanilang pag-iisip. Naging tapat silang mga saksi habang buhay, kahit humantong pa ito sa kanilang sariling kamatayan. Marami sa kanila ang pinatay ng mga sumasalungat sa kanila, sapagkat hindi nila itinanggi ang kanilang patotoo na nakita nilang si Jesu-Cristo ay tunay na muling nabuhay sa ikatlong araw pagkatapos ng kanyang kamatayan.

Si Pablo, na dating kaaway ni Jesu-Cristo, ay nabago rin nang personal niyang makita si Jesus sa kanyang muling nabuhay na katawan. Pagkatapos nito, naging kasama siya ng iba pang mga alagad ni Jesus at isinulat niya ang marami sa mga turo ni Jesu-Cristo upang maiparating ang mga ito sa mga tao sa buong mundo.

Si Jesu-Cristo ang daan sa pagbabago ng iyong buhay

Katulad ng mga alagad at ni Apostol Pablo, habang higit mong nauunawaan kung sino si Jesu-Cristo at kung sino ang Diyos, at habang higit kang nagpapasakop sa kanyang katotohanan, higit ding mababago ang iyong pag-iisip at ang iyong buhay. Habang mas pinagbubulay-bulayan mo ang katotohanan tungkol sa Diyos, lalo na ang ipinahayag sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, lalo kang magiging ibang tao. Ito ang dahilan kung bakit ipinanalangin ni Pablo ang mga Kristiyanong kilala niya,

“Idinadalangin ko sa Diyos ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang maluwalhating Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at pagpapahayag tungkol sa Diyos upang lubos ninyo siyang makilala. Nawa'y liwanagan ng Diyos ang inyong mga puso upang malaman ninyo ang pag-asa na para doon ay tinawag niya kayo, kung gaano kasagana ang pagpapalang inilaan niya para sa kanyang mga banal, at kung ano ang dimasukat niyang kapangyarihan na kumikilos sa atin na mga nananalig sa kanya.”

Efeso 1:17-19

Isinulat din ni Pablo sa 2 Corinto 3:18, “At ngayong naalis na ang talukbong, nagniningning sa ating mga mukha ang kaluwalhatian ng Panginoon. At ang kaluwalhatiyan iyan na nagmumula

sa Panginoon, na siyang Espiritu, ang siyang magbabago sa atin mula sa isang antas ng kaluwalhatian hanggang tayo'y maging kalarawan niya.”

May mga taong nagagalak kay Jesu-Cristo bilang kanilang Tagapagligtas at nasisiyahang magbasa ng mga kuwento tungkol sa kanyang buhay, ngunit hindi nila napagtatanto na si Jesus din ang huwaran ng isang mapagmahal na pag-aasawa. May iba namang mga Kristiyano na hindi nakaaalam na si Jesus ang huwaran sa pagtulong sa ibang tao upang maging Kristiyano, at marami rin ang hindi nakaaalam na si Jesus ang huwaran sa pagtatatag ng isang iglesia! Sa katotohanan, si Jesu-Cristo ang pinakamahalagang huwaran sa bawat aspeto ng ating buhay!

- Siya ang huwaran ng bawat mapagmahal na ugnayan.
- Siya ang huwaran ng pamumuno.
- Siya ang huwaran ng pagtulong at paglilingkod.
- Siya ang huwaran sa pagtrabaho at pamumuhunan.
- Siya ang huwaran ng edukasyon.

Apendise 4

Ginagamit ng Diyos ang Buong Kasaysayan Upang Ipakilala ang Kanyang Sarili

Ang Biblia ay isinulat ng mga taong may-akda na ginabayan ng Diyos. (Basahin ang Apendise 2 para sa karagdagang impormasyon.) Isa sa mga patunay na ang Biblia ay nagmula sa Diyos ay ang paraan ng pagpapakita nito na ang Diyos ang may kontrol sa kasaysayan sa loob ng libu-libong taon. Nagiging malinaw ito habang binabasa natin ang Biblia at nakikita na ang layunin ng Diyos sa simula pa lamang ay ang makilala siya ng mga tao, at na patuloy niyang isinasagawa ang kanyang mga plano upang maihayag ang kanyang katangian upang makilala siya ng sangkatauhan. Ang mga plano ng Diyos upang tulungan ang mga tao na makilala siya ay isinasakatuparan sa loob ng libu-libong taon at nagpapatuloy pa rin hanggang sa kasalukuyan.

Kapag nakita natin na ang buong kasaysayan ay ginagamit ng Diyos upang maisakatuparan ang kanyang layunin at mga plano upang makilala siya ng mga tao, nagiging malinaw na ang Diyos ang tunay na may-akda ng Biblia at na siya nga ang may kontrol sa kasaysayan. Ang sumusunod ay mas detalyadong paliwanag.


Ang hangarin ng Diyos ay lubusan siyang makilala ng tao sa pag-ibig

Sa buong Biblia, makikita natin na ang pangunahing layunin ng Diyos ay gumawa ng mga bagay na tutulong sa mga tao na makilala siya upang magkaroon siya ng personal na kaugnayan sa kanila.

Tulad ng lahat ng ginagawa ng Diyos, habang lalo nating pinagmamasdan at pinag-aaralan ang kanyang mga ginawa at mga ginagawa, lalo nating nakikita ang kanyang kamangha-manghang kaalaman, karunungan, at pag-ibig. Ang kanyang kakayahan at katangian ay nahahayag sa napakaraming paraan! Habang lalo natin itong nakikita, para itong pagmamasid sa kagandahan ng isang diyamante. Kung paanong ang isang bihasang alahero ay lumilikha ng maraming tapyas (facets) upang higit na maipakita ang kagandahan ng isang diyamante, gayundin ang Diyos na nagsakatuparan ng maraming plano sa buong kasaysayan upang tulungan ang mga tao na makita, makilala, at maunawaan ang iba't ibang aspeto ng kanyang pagkakilanlan.



Ang sumusunod na diagram ay isang paraan upang ibuod ang buong Biblia at ang buong kasaysayan. Ito ay isang pinasimpleng bersiyon ng timeline na matatagpuan sa unang bahagi ng manwal na ito, Aklat 1.



Ang layunin at mga plano ng Diyos sa buong kasaysayan at sa buong mundo ay ipinaliwanag sa kumpletong Biblia, mula sa simula hanggang sa wakas. Ang mga sumusunod na pahina ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng mga ito.

Ang “Pagkilala” ang pundasyon ng pag-ibig

Ang pag-ibig ay isang natatanging katangian na hindi matatagpuan sa mga makina. Ginagawa lamang ng mga mekanikal na robot ang anumang ipinoprograma sa kanila at hindi nila kayang magpahayag ng pag-ibig. Ang pag-ibig ay nangangailangan ng kakayahang pumili upang maipakita ang pagkalugod, pagpapahalaga, pagnanais, at kagalakan sa ibang tao. Ginagamit din ang pagpili upang tanggiin ang isang tao.

Ang pagpiling magmahal ay nakabatay sa kaalaman at mga karanasan sa ibang tao. Habang mas nakikilala mo ang mabuting katangian ng isang tao at nararanasan ang kanyang pagpapahalaga at pagmamahal sa iyo, mas malamang na tumugon ka rin nang may pagkalugod at pagpapahalaga sa kanya, na siyang pag-ibig.

Gayundin, ang pagkilala sa Diyos ang batayan ng pagmamahal sa kanya.

Dahil nilikha ng Diyos ang tao upang magmahal, mayroon siyang plano kung paano niya ipapakita ang kanyang pag-ibig sa mga nilalang na kanyang nilikha. Sinasabi ng Biblia na mula pa noong una ay mayroon nang plano ang Diyos kung paano niya ipakikilala ang kanyang pag-ibig sa mga tao upang sila ay makatugon sa kanya nang may pag-ibig. Higit pa rito, sinasabi rin ng Biblia na bago pa likhain ang sanlibutan ay mayroon nang plano ang Diyos kung paano niya ipapakita ang kanyang pag-ibig sa mga tao kahit na piliin nilang tanggiin ang kanyang pag-ibig!

“Bago pa likhain ang sanlibutan ay pinili na niya tayo upang maging kanya sa pamamagitan ng ating pakikipag-isa kay Cristo at upang tayo'y maging banal at walang kapintasan sa harap niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, pinili niya tayo upang maging anak niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ayon sa kanyang layunin at kalooban. Sa gayon ay purihin ang kaluwalhatian ng kanyang kagandahang-loob na sagana niyang ibinigay sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak! Tinubos tayo ni Cristo sa pamamagitan ng kanyang dugo at pinatawad ang ating mga kasalanan. Ganoon kasagana ang kanyang kagandahang-loob na ibinuhos niya sa atin. Ayon sa kanyang karunungan at kaalaman,” (Efeso 1:4-8)

Habang mas nakikilala ng mga tao ang Diyos at ang kanyang pag-ibig, mas malamang na tumugon sila sa kanyang pag-ibig. Ito ang paulit-ulit na binibigyang-diin sa buong Biblia tungkol sa pagkilala sa Diyos.

- Sa aklat ng Ezekiel, humigit-kumulang animnapung ulit na sinabi ng Diyos na ginagawa niya ang iba't ibang bagay upang malaman ng mga tao na “Ako si YAHWEH (Ako ang PANGINOON).”
- Sa pamamagitan ni Jeremias, ipinahayag ng Diyos na darating ang panahon na makikilala siya ng buong Israel sa isang personal na paraan. (Jeremias 31:31-34)
- Sinabi ni Jesus na ang buhay na walang hanggan ay tungkol sa pagkilala sa Diyos. (Juan 17:3)
- Sinabi ni Pablo na ang pangunahing layunin ng kanyang buhay ay makilala si Jesu-Cristo. (Filipos 3:7–10)

Sa mga panalanging isinulat ni Pablo, ang kanyang pangunahing hinihiling ay tulungan ng Diyos ang mga tao na higit pang makilala ang Diyos. (Efeso 1:15-23, Efeso 3:14-19, Filipos 1:3-11, Colosas 1:3-12)

Mahalagang maunawaan ang buong kahulugan ng salitang "makilala" ayon sa Biblia. Sa Lumang Tipan, ang salitang Hebreo na ginamit sa aklat ng Ezekiel para sa "makilala" ang Panginoon (na ginamit nang humigit-kumulang animnapung ulit) ay siya ring eksaktong salitang Hebreo na ginamit sa ibang mga talata upang tukuyin ang sekswal na pagkakaisa ng isang lalaki at isang babae (Genesis 4:1, 4:17, 4:25, 38:26, at 1 Samuel 1:19). Ayon sa Biblia, ang pagkilala sa Diyos ay higit pa sa pagkaunawang pang-isipan. Ito ay isang ganap na pagbabahagi ng bawat aspeto ng buhay. At kapag ibinabahagi natin ang bawat bahagi ng ating buhay sa ibang tao, iyon ay pag-ibig.

Sa ganitong pag-unawa, nagiging malinaw kung bakit matindi ang pagbibigay-diin ng Diyos at ng mga may-akda ng Biblia sa pagkilala sa Diyos at kay Jesu-Cristo. Sapagkat ang Diyos ay pag-ibig at nilikha niya ang tao upang magmahal, ang layunin niya ay makilala siya ng lahat ng tao.

Ang pagkilala sa Diyos ang pundasyon ng lahat ng kanyang mga turo sa Biblia, na binuod ni Jesus sa pagsasabing,

“Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, at buong pag-iisip mo. Ito ang pinakamahalagang utos. Ito naman ang pangalawa: Ibigin

mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili. Sa dalawang utos na ito nakasalalay ang buong Kautusan ni Moises at ang katuruan ng mga propeta.”

(Mateo 22:37–40)

Ang higit na ganap na pagkilala sa Diyos ang nagbubunga ng pinakadakilang pag-ibig sa Diyos at ng pinakamatinding pag-ibig sa kapwa.

Sa kaisipang ito, mas mauunawaan natin ang maraming bagay na ginawa ng Diyos sa buong kasaysayan upang matulungan ang mga tao na higit siyang makilala. Ang kanyang gawa ng pagpapakilala ng kanyang sarili sa sangkatauhan ay maaaring ibuod sa sumusunod na limang plano:

1. PAGLIKHA – ang batayang inilaan ng Diyos upang lubos siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig
2. JESUS BILANG KORDERO – ang handog na inialay upang lubos na makilala ang Diyos sa pag-ibig
3. ISRAEL – ang bansang ginamit ng Diyos upang makilala siya sa pag-ibig ng lahat ng tao
4. JESUS BILANG LINGKOD-HARI – ang haring kailangan natin upang lubos nating makilala ang Diyos sa pag-ibig
5. ANG IGLESIA – ang kasintahang babaeng nagsisimulang lubos na makilala ang Diyos sa pag-ibig

Ang mamasdan ang kadakilaan at kagandahan ng Diyos (na maaaring ibuod bilang pagkakita sa kaluwalhatian ng Diyos) ay maihahambing sa pagtingin sa kinang ng isang diyamante. Kapag ang diyamante ay nakabaon sa ilalim ng lupa, hindi pa nakikita ang tunay nitong kagandahan. Isa na itong diyamante, ngunit kailangan pa itong tabasin at hubugin upang lumitaw ang kinang nito. Matapos itong paghirapan ng isang bihasang alahero, hinahangaan ng mga tao ang kamanghamangha nitong kagandahan. Gayundin, nais ng Diyos na makita ng mga tao ang kanyang kagandahan. Sa buong kasaysayan, gumamit ang Diyos ng iba't ibang paraan upang mahayag nang higit na malinaw at mailarawan ang kanyang kaluwalhatian.

Habang mas nakikita at nauunawaan natin ang iba't ibang paraan ng pagpapakilala ng Diyos sa kanyang sarili noon at maging sa kasalukuyan, lalo nating masasabi kasama ni Apostol Pablo, “Lubhang napakasagana ng kayamanan ng Diyos! Di matarok ang kanyang karunungan at kaalaman! Sino ang makakapagpaliwanag ng kanyang mga kapasyahan? Sino ang makakaunawa ng kanyang mga pamamaraan?” (Roma 11:33)

Sa mga sumusunod na pahina ay higit pang ipaliliwanag ang itinuturo ng Biblia tungkol sa limang paraang ito na ginamit at patuloy na ginagamit ng Diyos upang ipakilala ang kanyang sarili sa sangkatauhan.

1. PAGLIKHA

Ang batayang inilaan ng Diyos upang lubos siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig

Sinasabi ng lohika na habang mas kumplikado at mas tiyak ang disenyo ng isang bagay, mas matindi ang katalinuhang kinakailangan upang malikha ito. Karamihan sa mga tao ay matatawa kung may magsasabing ang isang kompyuter o sasakyan ay maaaring mabuo nang nagkataon lamang kung bibigyan ito ng sapat na mahabang panahon. Para sa mga taong gumagamit ng mga sasakyan at kompyuter, likas na nauunawaan na ang mga ito ay may tagalikha.

Kapag tiningnan natin ang disenyo ng ating katawan, o ang pagkakadiseno ng mga puno at mga bulaklak sa ating paligid, makikita nating higit na komplikado ang disenyo ng mga ito kaysa sa isang sasakyan. At habang lalo pang pinag-aaralan ng mga siyentipiko ang pagiging komplikado ng mga estrukturang nasa bawat selula ng ating katawan, o ang pagiging komplikado ng mga kalawakan sa sansinukob, lalo ring nagiging malinaw na ang ating Manlilikha ay may karunungan higit na lampas sa ating kayang maunawaan! Hindi lamang napakalawak na kaalaman ang kailangan upang likhain ang lahat ng ito, kundi pati kapangyarihan at kakayahang lampas sa ating maiisip.

Mababasa natin sa Awit 19:1-4, “Ang kaluwalhatian ng Diyos ay ipinapahayag ng kalangitan! Ang ginawa ng kanyang kamay, ipinapakita ng kalawakan! Sa bawat araw at gabi, pahayag ay walang patlang, patuloy na nagbibigay ng dunong at kaalaman. Wala silang tinig o salitang ginagamit, wala rin silang tunog na ating naririnig; ngunit abot sa lahat ng dako ang kanilang tinig, balita ay umaabot hanggang sa dulo ng daigdig. Gumawa ang Diyos sa langit ng tahanan para sa araw,”

Ang kalikasan sa ating paligid ay tumutulong sa atin na maunawaan ang kadakilaan at kaluwalhatian ng Diyos. Ang mga ebidensiya ay matibay kaya sinasabi sa Roma 1:20, “Mula pa nang likhain ng Diyos ang sanlibutan, ang kanyang likas na hindi nakikita, ang kanyang kapangyarihang walang hanggan at ang kanyang pagka-Diyos, ay maliwanag na inihahayag ng kanyang mga ginawa. Kaya't wala na silang (mga tao) maidadahilan pa.”

Pagkilala sa Diyos higit pa sa pamamagitan ng kalikasan

Sa pagmamasid sa mga nilikha, hindi kaagad naipahahayag ng kalikasan ang kanyang mga katangian tulad ng pag-ibig, biyaya, habag, pagtitiis, at pagpapatawad. Upang maihayag ang mga katangiang ito, ang Diyos ay naging tao, tulad natin. Ang buong kasaysayan, mula sa pasimula hanggang sa wakas, ay nakasentro sa taong ito, si Jesu-Cristo.

Ang sumusunod ay apat na pangunahing paraan na itinuturo ng Biblia upang lubos nating makilala ang Diyos sa pagtulong na maunawaan at makilala si Jesu-Cristo sa kanyang ganap na pag-ibig.

2. SI JESUS BILANG KORDERO

Ang handog na inialay upang lubos na makilala ang Diyos sa pag-ibig

Karamihan sa mga tao ay hindi gaanong humahanga sa isang kordero (batang tupa), maliban marahil sa pagiging kaakit-akit nito. Kaya sa unang tingin, hindi agad malinaw kung bakit nanaisin ng makapangyarihang Diyos ng sansinukob na makilala at makita bilang isang kordero. Ngunit habang mas malalim nating sinasaliksik ang kahulugan ng sagisag na ito sa Biblia, lalo nating nauunawaan ang puso at katangian ng Diyos.

Ginamit ng Diyos ang sagisag ng kordero upang palawakin ang ating pagkaunawa tungkol sa kanyang sarili. Sa Biblia, ang kordero ay madalas na iniuugnay sa isang nilalang na pinapatay bilang alay. Ang larawang ito ay makikita sa buong Biblia, mula Genesis hanggang Pahayag. Maaaring tila kakaiba ito sa isang karaniwang mambabasa, ngunit habang pinag-aaralan ito nang mas malalim, maraming tao sa buong kasaysayan ang yumukod nang may pagpapakumbaba at pasasalamat sa Kanya na nagpahayag ng kanyang sarili bilang Kordero ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagkilala sa kanyang sarili bilang isang korderong alay, ipinakita ng Diyos ang kanyang pagpapakumbaba, pag-ibig, at katarungan sa paraang hindi maihahayag sa pamamagitan ng kalikasan.

Nagsimula kaagad ang sagisag ng kordero matapos sumuway ng unang lalaki at babae sa utos ng kanilang Manlilikha, dahil namulat at nahiya sila sa kanilang kahubaran. Sinasabi sa Genesis 3:21 na gumawa ang Panginoong Diyos ng damit na yari sa balat ng hayop upang takpan ang kahubaran nina Adan at Eva, na naging lantad sa isang bagong paraan matapos silang magkasala. Nangangahulugan ito na kinailangang patayin ang isang hayop upang makuha ang balat na magsisilbing pantakip matapos ang kanilang pagsuway.

Mula noon, ang paghahandog ng mga hayop bilang alay ay naging isang paraan ng pagsamba sa Diyos, gaya ng inilalarawan sa pangyayaring kinasangkutan ng dalawang anak nina Adan at Eva. (Genesis 4:2-7)

Isa pang pambihirang pangyayari na nagpapakita ng sagisag ng tupang inihahandog bilang alay ay matatagpuan sa Genesis 22. Inutusan ng Diyos si Abraham na gawin ang isang hindi pangkaraniwang bagay, ang maglakbay nang tatlong araw patungo sa isang lugar (Moria) upang ihandog ang kanyang kaisa-isang anak (Genesis 22:2). Ngunit sa huling sandali, nagbigay ang Diyos ng isang tupa upang si Isaac ay hindi mamatay (Genesis 22:1-19). Ang pangyayaring ito ay naging simbolo ni Jesu-Cristo, ang **Kordero ng Diyos**, na kalaunan ay inihandog bilang kapalit na alay upang ang lahat ng tatanggap sa handog na ito na inilaan ng Diyos ay hindi haharap sa walang hanggang kamatayan. Mas lalo pang nagiging makahulugan ang pangyayaring ito kapag nalaman ng mambabasa ng Biblia na ang mismong lugar na ito, ang Moria, ay ang lugar na pinaghandugan kay Jesu-Cristo, ang bugtong na Anak ng Diyos, mahigit dalawang libong taon pagkatapos ni Abraham. (2 Cronica 3:1 – Ang Moria ay hindi iisang bundok lamang, kundi isang hanay ng mga burol.)

Habang lumilipas ang mga taon, patuloy na nagbigay ang Diyos ng higit pang mga sagisag at paliwanag na tumuturo sa aktwal na sakripisyo ng perpektong Diyos/Tao. Sa paglaon, naging

malinaw na ang kamatayan ni Jesu-Cristo bilang handog ay hindi lamang pagpapahayag ng pag-ibig at habag ng Diyos, kundi siya ring tanging pag-asa upang maibalik ang tao sa buhay na kasama ang kanyang Manlilikha. Narito ang ilan sa mahahalagang pangyayari sa Biblia na tumulong sa mga tao na maunawaan ang kahalagahan ng ginawa ng ating Manlilikha, na isinasagisag ng isang kordero.

- Ginamit ng Diyos si Moises upang palayain ang bayan ng Israel mula sa pagkaalipin at dalhin sila sa lupang kanyang ipinangako. Ang huling salot na ipinadala ng Diyos upang makamit ang kanilang kalayaan ay ang pagkamatay ng panganay na anak sa bawat sambahayan. Sa pagkakataong iyon, ipinaliwanag ng Diyos na kung maghandog ang bawat pamilya ng isang kordero at ipahid ang dugo nito sa mga hamba ng pintuan ng kanilang bahay ay lalampasan ng anghel ng kamatayan ang tahanang iyon. Dito rin iniutos ng Diyos kay Moises na itatag ang taunang pagdiriwang ng Paskuwa bilang pag-alaala sa **dugo ng korderong kinailangan** upang lampasan sila ng anghel ng kamatayan. (Exodo 11:1–12:17, at 12:29-33)
- Ang Tabernakulo ay idinisenyo ng Diyos bilang lugar kung saan maaaring makipagtagpo at sumamba sa kanya ang kanyang bayan (Exodo 25:8-9; 33:7-11). Ang **mga kordero** at mga tupa ay inihahandog sa tabernakulo bilang mga alay, na sumasagisag sa kabayaran ng kasalanan, na ang pinakakabayaran ay kamatayan. (Bilang 28-29, Exodo 25:8-9, 29:38-46, Hebreo 9:1-28)
- Inihayag ng Diyos kay Isaias ang ilang hindi pangkaraniwang mga mangyayari tungkol sa isang darating na lingkod-hari na magdurusa sa hinaharap (Isaias 52:13–53:12). Ang natatanging lingkod na ito ay sasaksakin dahil sa mga pagsuway ng mga tao at mabubugbog dahil sa kanilang mga kasamaan, at sa pamamagitan ng kanyang mga sugat ay magkakaroon sila ng kagalingan (Isaias 53:5). Ilang ulit ding sinabi ng Diyos na ang lingkod na ito ang magbubuhay ng kasalanan ng sangkatauhan (Isaias 53:6, 11, 12). Inihayag pa ng Diyos kay Isaias na ang natatanging lingkod na ito ay "**tulad ng tupang nakatak dang patayin.**" (Isaias 53:7)
- Si Juan na Tagapagbautismo ay nabuhay noong panahon ni Jesus ngunit nauna siyang nagsimula sa kanyang ministryo. Ipinahayag niya sa mga tao na darating ang **Kordero ng Diyos**, na tumutukoy kay Jesu-Cristo. (Juan 1:29-31)
- Si Jesu-Cristo, habang namumuhay sa mundo bilang tao, ay nagpahayag na siya ay Diyos (Juan 10:22-33). Sinabi rin niya na ang layunin ng kanyang pagparito ay upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami (Marcos 10:45). Sa huling pagdiriwang ng Paskuwa, sinabi ni Jesus na ang **saro ay kumakatawan na sa kanyang dugo (bilang Kordero ng Diyos)** sa halip na sa dugo ng isang kordero, na isang bagong pagpapaliwanag nito. Dati ang saro ay sumisimbolo sa dugo ng isang kordero (Lucas 22:20).
- Ipinako sa krus si Jesu-Cristo sa mismong panahong inihahandog ang mga kordero para sa Paskuwa! (Lucas 23:20-56) Kalaunan ay tinukoy siya ng kanyang mga alagad bilang **ang Korderong Pampaskuwa** na inihandog para sa atin. (1 Corinto 5:7)
- Matapos ang muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo, tinukoy siya bilang **ang Korderong muling nabuhay**. (Lucas 24:1-12, 36-53; Pahayag 5:6)
- Ang kasal ng **Kordero** ay magaganap sa pagbabalik ni Jesu-Cristo bilang Hari (Pahayag 19:6-21). Ayon sa inilalarawan sa kabanatang ito, ang lahat ng

sumampalataya kay Jesu-Cristo bilang kanilang Tagapagligtas ay makakasama niya magpakailanman.

- Lilikha ang Diyos ng bagong langit at bagong lupa, kung saan maghahari ang Diyos at ang Kordero (Pahayag 21:1–22:6). Sa aklat ng Pahayag, tatlumpu't isang ulit na tinawag si Jesus bilang **Kordero**.

Ang katotohanang si Jesu-Cristo ang korderong inihandog bilang alay ay napakahalaga para sa bawat tao sa mundo. Wala nang ibang paraan upang mapalaya ang sinuman mula sa mga bunga ng kanyang kasalanan. Ngunit ang bawat taong tumatanggap kay Jesus bilang kapalit na handog para sa kaparusahan ng kanyang sariling kasalanan ay itinuturing na matuwid sa harapan ng Diyos at pinalalaya mula sa kamatayan at kay Satanas, na ating pinakamatinding mga kaaway! Ito ay ipinaliliwanag sa 1 Pedro 1:17-21 at sa marami pang ibang bahagi ng Biblia. Sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ipinakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig, karunungan, at kaluwalhatian sa pag-ako sa gawang hindi kayang gawin ng mga tao para sa kanilang sarili. Walang sinumang tao ang makapagbibigay ng handog na sapat upang mabayaran ang kaparusahang kamatayan ng kasalanan (Roma 6:23). Tanging ang nag-iisang perpektong tao lamang ang makagagawa nito, ang Diyos-Tao, si Jesu-Cristo, ang Kordero ng Diyos.

3. ISRAEL

Ang bansang ginamit ng Diyos upang makilala siya sa pag-ibig ng lahat ng tao

Ang mga pangako ng Diyos tungkol sa gagawin niya para sa mga inapo nina Abraham, Isaac, at Jacob (na kalaunan ay pinalitan ng pangalan na Israel) ay naging pundasyon upang ipakita na siya ang may kontrol sa lahat ng pangyayari sa mundo. Ang katuparan ng mga hindi pangkaraniwang pangakong ito ay nagpakita ng kadakilaan ng Diyos sa buong mundo! Hanggang sa kasalukuyan, patuloy na tinutupad ng Diyos ang mga pangakong ito para sa bayan ng Israel, na lahi ni Abraham. Bagama't marami sa kanila ang hindi naniniwala sa kanya, patuloy pa ring ipinakikita ng Diyos ang kanyang dakilang kapangyarihan at ang kanyang katapatan.

Ang mga plano ng Diyos upang ipakilala ang kanyang sarili ay magkakaugnay. Ang kanyang plano na ipakilala ang kanyang sarili sa pamamagitan ni Jesus bilang Kordero ay bahaging natupad sa pamamagitan ng lipi ng Israel. Kasabay nito, ang kanyang plano na ipakilala ang kanyang sarili sa pamamagitan ni Jesus bilang Lingkod-Hari ay bahaging natupad din sa pamamagitan ng lipi ng Israel.

Ang plano ng Diyos na ipakilala ang kanyang sarili sa pamamagitan ng lipi ng Israel ay nagsimula kay Abraham sa Genesis 12. Binigyan siya ng Diyos ng tatlong pangako na naging pundasyon ng kanyang plano upang ipakilala ang kanyang sarili sa lahat ng tao at pagpalain ang buong mundo. Ang katuparan ng mga pangakong ito ay nagpapakita ng kadakilaan ng Diyos sa iba't ibang paraan. Narito ang tatlong pangako:

1. “Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin ko silang isang malaking bansa.” (Genesis 12:2)

2. "...sa pamamagitan mo, lahat ng mga bansa sa daigdig ay aking pagpapalain." (Genesis 12:3)
3. "Libutin mo na ang buong lupain; ang lahat ng iyan ay ibibigay ko sa iyo." (Genesis 13:14-17)

Ang mga pangakong ito ay inulit nang **limang** beses sa buong aklat pa lamang ng Genesis!

- Inulit ng Diyos ang kanyang mga pangako kay Abraham nang tatlong beses pa. (Genesis 17:3-8, 18:18-19, 22:1, 6-18)
- Kalaunan, inulit ng Diyos ang mga pangakong ito kay Isaac (Genesis 26:3-4) at kay Jacob (Genesis 28:14). Nangako siya sa kanilang dalawa na ang kanilang lahi ay maninirahan magpakailanman sa lupaing iyon.

Sa ibang bahagi ng Biblia, nagbabala rin ang Diyos na kung sila o ang kanilang mga inapo ay susuway, sila ay aalisin sa lupaing iyon (gaya ng ipinaliliwanag sa mga susunod na pahina).

Plano ng Diyos na gamitin ang bayan ng Israel

Ang plano ng Diyos na ipakilala ang kanyang sarili sa pamamagitan ng mga Judio ay hindi nangangahulugang sila ay higit na pinapaboran kaysa sa iba. Malinaw na ipinakita ng Diyos na siya ay nagmamalasakit at umiibig sa lahat ng tao sa mundo. Kasama ka roon! Ang plano ng Diyos na gamitin ang Israel upang maisakatuparan ang kaligtasan ng buong mundo ay maihahambing sa kuwento ng isang ama na may plano nang ang kanyang pamilya ay na-stranded sa isang bangka sa gitna ng karagatan. Matapos silang palutang-lutang nang isang araw, nakita ng ama na dumaraan sila malapit sa isang isla. Nakakita siya ng lubid sa bangka at hiniling sa kanyang panganay na anak na itali ang lubid sa kanyang baywang at lumangoy nang buong lakas patungo sa isla upang mahila ang bangka papunta sa kalupaan. Nangangahulugan ba iyon na mas pinapaboran ng ama ang kanyang anak kaysa sa kanyang asawa, anak na babae, at sanggol na kasama rin sa bangka? Hindi. Pinili niya ang anak na iyon upang lumangoy dahil iyon ang pinakamabisang paraan upang mailigtas ang buong pamilya! Gayundin, pinili ng Diyos na gamitin ang isang bansa sa kanyang plano upang iligtas ang buong mundo. Sa prosesong ito, ipinakita ng Diyos sa lahat ang kanyang kahanga-hangang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagkilos sa buong kasaysayan upang maisakatuparan ang planong ito.

Ang unang pangako kay Abraham

Ang katuparan ng unang pangako ng Diyos, "Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin ko silang isang malaking bansa," ay mahirap sukatin. Noong panahon ng paghahari nina David at Solomon, humigit-kumulang 1,000 BC, naging makapangyarihang bansa ang Israel, ngunit iyon ang pinakamataas na punto ng impluwensya nila sa mundo. Sa kasalukuyan, ang Israel ay isang bansang may impluwensya, ngunit mahirap tukuyin ito sa kahulugan ng salitang "dakila" (malaki).

Ang ikalawang pangako kay Abraham

Ang katuparan ng pangakong "sa pamamagitan mo, lahat ng mga bansa sa daigdig ay aking pagpapalain" ay pangunahing natupad sa pamamagitan ng pagpapakilala ng Diyos sa kanyang sarili sa buong mundo sa iba't ibang paraan:

- Ibinigay ng Diyos ang kanyang nasusulat na Salita, ang Biblia, sa pamamagitan ng bayan ng Israel, kabilang ang Lumang Tipan at Bagong Tipan.
- Ibinigay ng Diyos sa lahat ng tao ang isang modelo ng pagsamba sa pamamagitan ng bayan ng Israel. Ito ang tabernakulo.
- Ipinahayag ng Diyos ang kanyang sarili bilang tao, si Jesu-Cristo, sa pamamagitan ng pagsilang sa lipi ng Israel, at pagkatapos ay inihandog niya ang kanyang sarili bilang alay para sa buong sangkatauhan.

Ang pagiging tao ng Diyos tulad natin ay isang kasukdulang pangyayari sa kasaysayan ng sangkatauhan. Ang pangyayaring ito ang naghanda ng daan para sa pinakadakilang kasukdulan, ang panahon kung kailan ang mga tao ay maibabalik sa isang malapit na ugnayan sa Diyos, gaya ng inilalarawan sa katapusan ng Biblia sa Pahayag. Inihanda ng Diyos ang daan para sa mga mahahalagang pangyayaring ito sa pamamagitan ng patuloy na pagpapahayag nang propesiya kung ano ang mangyayari. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng mga propeta ng Israel. Narito ang ilang halimbawa:

- Sa simula ng Biblia, tinulungan ng Diyos si Jacob (apo ni Abraham) na maunawaan na ang magiging pinuno ng mga bansa sa hinaharap ay magmumula sa angkan ni Juda, isa sa labindalawang anak ni Jacob (Genesis 49:10). Mahigit 2,000 taon ang lumipas, isinulat ni Lucas sa talaan ng angkan ni Jesus (Lucas 3:33) na si Jesus ay nagmula sa lahi ni Juda.
- Sa pamamagitan ng propetang Natan, sinabi ng Diyos kay David, humigit-kumulang 1,500 taon bago dumating si Jesu-Cristo, na ang isa sa kanyang mga inapo ang magiging hari magpakailanman ng Israel, sa 2 Samuel 7:8 at 16. Si Jesu-Cristo ang tumutupad at patuloy na tutupad sa pangakong ito.
- Pitong daang taon bago ipanganak si Jesus, sinabi ng Diyos kay Isaias (Isaias 7:14) na magbibigay siya ng isang sanggol na lalaki na ipaglilihi ng isang birheng babae na magmumula sa Israel. Siya ang Diyos na nagkatawang-tao at magiging Tagapagligtas mula sa kanilang mga kasalanan. Kalaunan, itinala ng mga mananalaysay na sina Lucas at Mateo kung paano ito isinakatuparan ng Diyos. (Lucas 1:26-38; Mateo 1:18-21)
- Sinabi rin ng Diyos kay Isaias ang tungkol sa natatanging sanggol na isisilang sa hinaharap para sa bayan ng Israel. Ang sanggol na ito ay magkakaroon ng mga katangian ng pagka-Diyos, gaya ng isinulat sa Isaias 9:6-7. Kalaunan, mababasa natin sa Biblia kung paano natupad ang hulang ito. Ang mga salaysay ng malalapit na alagad ni Jesu-Cristo ay nagsasabi na ipinahayag ni Jesus na siya ang Diyos na dumating bilang tao, at pinatunayan niya ito sa pamamagitan ng maraming uri ng himala, kabilang ang kanyang muling pagkabuhay mula sa kamatayan. (Juan 10:29-33, Juan 8:58-59, Mateo 26:63-65, Colosas 1:13-20, Hebreo 1:1-12)
- Ang propetang si Mikas ay nabuhay sa halos parehong panahon din ni Isaias. Sinabi ng Diyos kay Mikas na ang mamumuno sa Israel sa hinaharap, na ang pinagmulan ay mula pa noong una, noong unang panahon pa, ay ipanganganak sa Bethlehem ng Judea (Mikas 5:2). Sa Bagong Tipan ng Biblia ay mababasa kung paano ito isinakatuparan ng Diyos.

Ang ikatlong pangako kay Abraham

Ang katuparan ng pangakong “Libutin mo na ang buong lupain; ang lahat ng iyan ay ibibigay ko sa iyo” ay maaaring masukat sa pamamagitan ng tanong kung ang lipi ng Israel ay patuloy bang nakakabalik sa kanilang lupain. Ang katuparan ng pangakong ito ay nakaranas ng napakaraming oposisyon sa buong kasaysayan. Dahil dito, ang katotohanang nakatatag ang Israel ngayon sa lupain ng Canaan ay isang kamangha-manghang pangyayari.

Ang lalong nagpapamangha sa orihinal na pangako ng Diyos kay Abraham ay ang katotohanang tatlong magkakaibang pagkakataon na sa kasaysayan ay inalis ng Diyos ang karamihan sa mga Israelita mula sa kanilang lupain, gaya ng kanyang sinabing mangyayari kung sila ay susuway (Levitico 26:33-38 at Deuteronomio 28:49-68). Ngunit paulit-ulit din niya silang ibinalik sa parehong lupain sa buong kasaysayan.

Narito ang maikling buod kung paano ito nangyari:

1. NASA LUPAIN – Si Jacob (Israel) at ang kanyang pamilya ay nanirahan sa lupang ipinangako.
2. UMALIS SA LUPAIN – Si Jacob (Israel) at ang kanyang buong pamilya ay lumipat upang manirahan sa Egipto noong panahon ni Jose.
3. BUMALIK SA LUPAIN – Pinangunahan nina Moises at Josue ang bayan ng Israel pabalik sa lupang ipinangako.
4. INALIS MULA SA LUPAIN – Karamihan sa mga Israelita ay pinatay o ipinatapon sa lupain ng Asiria at Babilonia, humigit-kumulang 700-600 B.C.
5. BUMALIK SA LUPAIN – Maraming Israelita ang ibinalik sa lupain, at muling itinayo ang Jerusalem at ang templo noong panahon nina Ezra at Nehemias, humigit-kumulang 500-400 B.C.
6. INALIS MULA SA LUPAIN – Pinatay at ipinatapon ng mga Romano ang karamihan sa mga Israelita mula sa lupain, humigit-kumulang 70 A.D.
7. BUMALIK SA LUPAIN – Matapos ang Holocaust noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, maraming bansa ang nagbukas ng daan upang makabalik ang mga Israelita sa Palestine, at sila ay bumalik. Pagkatapos nito, hindi inaasahang makaliligtas ang Israel nang magsanib ang mga nakapaligid na bansang Arabo upang wasakin sila sa mga digmaan noong 1948, 1967, at ang ilan noong 1973. Ngunit nakaligtas ang Israel sa mga pag-atakeng ito.

Walang ibang bansa o grupo ng mga tao sa mundo ang nakaranas ng ganitong uri ng pangyayari. Makalipas ang daan-daang taon mula nang ibigay ng Diyos ang pangako kay Abraham, sinabi pa niya na gagawin niya ito upang ipakita sa mundo kung sino siya, gaya ng sinabi niya kay Ezekiel sa Ezekiel 28:25-26 at Ezekiel 36:22-28. Ang patuloy na pagbabalik ng Israel sa kanilang lupain ay hindi dahil sila ang paboritong bansa ng Diyos, kundi upang makita at makilala ng buong mundo na ang Diyos ang Panginoon ng lahat!

Ngayon, dahil sa pangako ng Diyos kay Abraham sa Genesis at sa patuloy na paninirahan ng Israel sa Canaan, dalawang bagay ang malinaw. Ang mga ito ay:

- May Isang May-akda ang Biblia (ang Diyos) na may karunungan higit na mataas kaysa sa mga taong sumulat nito, at siya ay may kakayahang malaman ang mga pangyayari sa hinaharap ng mundo libu-libong taon bago pa mangyari ang mga ito.
- Ang Diyos ang may kontrol sa mga pangyayari sa mundo sa buong kasaysayan.

Mahalagang paliwanag tungkol sa mga hula sa Biblia

Nang gumawa ang Diyos ng mga hula sa pamamagitan ng mga propeta ng Israel, kung minsan ay gumamit siya ng pahayag na sumasaklaw sa buong hinaharap ng kasaysayan. Ang katuparan ng mga hulang ito ay kadalasang hindi nangyayari nang sabay-sabay, kundi sa iba't ibang panahon. Ang ilan ay bahagyang natupad na at ganap na matutupad pa sa hinaharap.

- Nangyari ito sa mga hula tungkol kay Jesus. Ang kanyang kapanganakan, kamatayan, pagbabayad para sa kasalanan, at paghahari sa lahat ng bansa ay madalas na magkakasamang binabanggit sa mga hula. Halimbawa, nang pumasok si Jesus sa Jerusalem na nakasakay sa isang asno, kinilala siya ng mga tao bilang tunay na pinuno. Ngunit makalipas lamang ang isang linggo, siya ay ipinako sa krus. Ang kanyang pamumuno bilang hari ay darating pa sa hinaharap.
- Ang mga hula tungkol sa Israel ay kinabibilangan ng pagpapala ng Diyos, disiplina ng Diyos, pag-alis mula sa lupain, at pagbabalik sa lupain. Ang ilan sa mga hula tungkol sa pagbabalik-loob ng Israel sa Diyos at pagkakaroon ng maayos na ugnayan sa lahat ng bansa ay kailangan pang matupad sa hinaharap.

Sa loob ng libu-libong taon, kumilos ang Diyos sa pamamagitan ng mga lahi nina Abraham, Isaac, at Jacob (Israel) upang ipakilala ang kanyang sarili sa mga tao sa buong mundo.

4. SI JESUS BILANG LINGKOD-HARI

Ang haring kailangan natin upang lubos nating makilala ang Diyos sa pag-ibig

Si Jesu-Cristo ang “larawan ng Diyos na di-nakikita.” (Colosas 1:15) Mas nakikita natin ang puso at katangian ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus bilang Lingkod-Hari, gaya ng malinaw na inilarawan ni Apostol Pablo sa kanyang liham sa mga taga-Filipos:

“...tulad ng kay Cristo Jesus. Kahit taglay niya ang kalikasan ng Diyos, hindi niya ipinagpilitang manatiling kapantay ng Diyos. Sa halip, kusa niyang binitawan ang pagiging kapantay ng Diyos, at namuhay na isang alipin. Ipinanganak siya bilang tao. At nang siya'y maging tao, nagpakumbaba siya at naging masunurin hanggang kamatayan, maging ito man ay kamatayan sa krus. Dahil dito, siya'y lubusang itinaas ng Diyos, at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Sa gayon, sa pangalan ni Jesus ay luluhod at magpupuri ang lahat ng nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa. At ang lahat ay magpapahayag na si Jesu-Cristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama.” (Filipos 2:5-11)

Ang planong ito ng Diyos na si Jesus ay maging Lingkod-Hari ay nagsimula pa noong pasimula, nang likhain niya ang tao. Ang layunin ng Diyos ay pamahalaan ng tao ang kanyang nilikha, gaya ng sinasabi sa Genesis 1:26-28. Nais ng Diyos na pangalagaan ng tao ang kanyang nilikha

habang nananatili silang may ugnayan (pagkakaibigan) sa kanya. Ngunit nasira ang ugnayang ito nang suwayin nina Adan at Eva ang kanyang utos. Gayunman, hindi tumigil ang Diyos sa pakikipag-ugnayan sa tao at isinagawa niya ang kanyang plano upang maibalik ang tao sa kanyang orihinal na layunin na mamahala kasama niya.

Bahagi ng planong ito ng pagpapanumbalik ay ang Diyos mismo ang magiging hari kasama nila. Una, siya ang magiging handog na alay na kinakailangan upang bayaran ang makatarungang kaparusahan sa tao dahil sa kasalanan. Pagkatapos, siya rin ang magiging huwarang pinuno, isang pinunong may puso ng isang lingkod. Mababasa natin ang planong ito sa mga hula ng mga propeta bago pa dumating si Jesus bilang tao.

- Genesis 49:10 – “Setrong sagisag ng lakas at **kapangyarihan** sa kanya kailanma'y hindi lilisan; mga bansa sa kanya'y magkakaloob, mga angkan sa kanya'y maglilingkod.” Ipinahihiwatig nito na ang magiging pinuno ng mga bansa ay magmumula sa angkan ni Juda.
- 2 Samuel 7:8, 16 – “Sabihin mo rin sa lingkod kong si David ang salitang ito ni Yahweh: ‘Kinuha kita mula sa pagpapastol ng tupa upang gawing **pinuno** ng bayang Israel... Magiging matatag ang iyong sambahayan, ang iyong kaharia'y hindi mawawaglit sa aking paningin at mananatili ang iyong trono magpakailanman.’” Ipinahihiwatig nito na ang isa sa angkan ni David ang maghahari magpakailanman.
- Mga 700 taon bago ipanganak si Jesus, sinabi ng propetang si Mikas, “Ngunit ikaw, Bethlehem Efrata, bagama't pinakamaliit ka sa mga angkan ng Juda ay magmumula sa iyong angkan ang isang mamumuno sa Israel. Ang kanyang pinagmulan ay buhat pa noong una, noong unang panahon pa.” (Mikas 5:2) Ipinahihiwatig nito na ang magiging hari ay isisilang sa Bethlehem na makakasama muna ng Diyos bago pa siya maging pinuno ng Israel.
- Kasabayan ni Mikas ang propetang si Isaias, na nanghula na ang isa sa sambahayan ni Jesse (ama ni Haring David) ang magiging makatarungang hari na hahatol sa mga bansa at magbabalik sa mga Israelita sa kanilang lupain. (Isaias 11:1-16) Sa kabanatang ito ay inihula rin ni Isaias na kapag ang pinuno ay naghahari na, mamumuhay nang payapa ang mga hayop at hindi na papatayan ang isa't isa. Maliwanag na hindi pa ito ganap na natutupad, ngunit ang mga hulang ito ang humubog sa inaasahan ng Israel tungkol sa darating na hari.
- Mga 600 taon bago ipanganak si Jesus, sinabi ng Diyos kay Jeremias: “Nalalapit na ang araw,” sabi ni Yahweh, “na pipili ako ng isang matuwid na Sanga na magmumula sa lahi ni David, isang hari na mamamahala ng buong karunungan. Paiiralin niya sa buong lupain ang katarungan at katuwiran. Magiging ligtas ang Juda sa panahon ng kanyang pamamahala, at ang Israel ay mapayapang mamumuhay. Ito ang pangalang itatawag sa kanya: ‘Si Yahweh ang ating katuwiran.’” (Jeremias 23:5–6) Nilinaw nito na ang magiging hari ay magmumula sa lahi ni David at siya rin ay Diyos.
- Mga 500 taon bago dumating si Jesu-Cristo, sinabi ni Zacarias na ang magiging hari ng Israel, na magdadala ng kaligtasan, ay papasok sa Jerusalem na nakasakay sa isang asno. (Zacarias 9:9) Isinalaysay ni Mateo, isa sa malalapit na alagad ni Jesus, kung paano ito natupad nang pumasok si Jesus sa Jerusalem na nakasakay sa isang asno. (Mateo 21:1-11) Pinuri siya ng mga tao bilang magiging hari at tinawag siyang “Anak ni David,” isang

titulong nagpapakita ng kanyang karapatang maghari sa Israel ayon sa kanyang lahi. Noong panahong iyon, inaasahan ng mga tao na si Jesus ang magiging Hari ng Israel at pangungunahan sila sa pagpapalaya mula sa pamamahala ng Roma, lalo na matapos nilang makita ang kanyang mga himala at pambihirang kapangyarihan. Tama sila na ang pagiging hari ay bahagi ng mga hula tungkol kay Jesu-Cristo, ngunit hindi nila naunawaan ang tamang pagkakasunod-sunod ng plano ng Diyos. Higit sa lahat, hindi nila nakita na ang mas mahalaga nilang pangangailangan ay ang maligtas mula sa pagkaalipin at kaparusahan ng sarili nilang kasalanan, kaysa sa pagkakaroon lamang ng bagong pamahalaan.

Nang simulan ni Jesus ang kanyang pampublikong ministeryo mga 2,000 taon na ang nakalipas, mabilis na napansin ng mga tao na siya ay isang kakaibang pinuno. Karaniwan lamang ang kanyang anyo, ngunit siya ay higit na dukha kaysa sa karamihan, may kakaunting pormal na edukasyon, at walang sariling tahanan. Gayunman, lagi siyang tumutulong sa mga tao, gumagawa ng mga himalang hindi pa nagawa ng sinuman noon, at buong tapang na humaharap sa mga tagapagturo ng kautusan at pinuno ng pamahalaan. Marami ang naniwalang siya ang ipinangakong pinunong hahatol sa mga bansa.

Ngunit ang paraan ng pamumuno ni Jesus ay ibang-iba sa karaniwang pinuno. Maging ang kanyang pinakamalalapit na alagad ay nahirapang maunawaan ito. Kaya madalas niyang tukuyin ang mga maling pananaw sa isang namumuno. Kaya't sa hindi bababa sa tatlong pagkakataon ay ipinaliwanag niya sa kanyang mga alagad na ang tunay na pinuno ay dapat munang maging lingkod. (Mateo 20:25-28; Marcos 10:42-45; Lucas 22:24-27) Hindi lamang niya ito itinuro, ipinamuhay din niya ito. Binuod niya sa Marcos 10:45, "Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami."

Ang lawak ng paglilingkod ni Jesus ay higit pa sa anumang nakita ng kanyang mga alagad. Isang malinaw na halimbawa nito nang ipagdiwang nila ang Huling Hapunan ng Paskuwa. Dahil walang lingkod na maghuhugas ng kanilang mga paa bago kumain gaya ng kanilang kaugalian, hinubad ni Jesus ang kanyang panlabas na kasuotan, kumuha ng tubig, at siya mismo ang naghugas ng mga paa ng lahat ng kanyang mga alagad, kabilang si Judas, na alam niyang nagkanulo na sa kanya sa mga tagapagturo ng kautusan! (Juan 13)

Ngunit makalipas ang tatlong taon ng pampublikong ministeryo ni Jesus, tila gumuho ang lahat ng pag-asa na siya ang magiging Mesiyas na hari ng Israel. Siya ay pinaratangan ng kasinungalingan at pinatay na parang isa sa pinakamasasamang kriminal.

Nakalimutan ng kanyang mga alagad na ipinahayag na niya noon ang kanyang kamatayan at ang kanyang muling pagkabuhay pagkalipas ng tatlong araw. Matapos ang matinding dalamhati sa pagkawala ng kanilang guro, napalitan ito ng labis na kagalakan nang magpakita siyang muli sa kanila sa iba't ibang pagkakataon. Nabuhay muli ang kanilang pag-asa na ito na marahil ang panahon ng pagtatatag ng kanyang paghahari sa Israel at sa mga bansa.

Sa isa sa mga pagpapakitang iyon, sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, *“Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon.”* (Mateo 28:18–20) Si Jesus ang binigyan ng lahat ng kapangyarihan, na ang kahulugan ay siya ang pinakamataas na pinuno sa lahat. Gayunman, siya na may kapangyarihan sa buong sansinukob ay nagbigay ng ibang utos sa inaasahan ng kanyang mga alagad! Inutusan niya silang maglingkod sa iba, tulad ng ginawa niya sa kanila.

Di naglaon, umakyat si Jesus sa langit. Nagpakita ang mga anghel at ipinaalala sa mga alagad na si Jesus ay babalik muli, gaya ng kanyang ipinangako. (Gawa 1:10-11) Ngunit hindi nila agad lubos na nauunawaan ang mga nangyayari noon. Matapos ang ilang araw ng pananalangin at pag-uusap, dumating ang Espiritu Santo upang manahan sa kanila at naging malinaw para sa kanila ang dapat nilang gawin. (Mga Gawa 1:12–2:4) Sila na ngayon ang magiging mga kinatawan ng kanilang hindi nakikitang lingkod-hari sa isang mundong lubhang nangangailangan kay Jesu-Cristo!

Nang maglaon, ipinatapon si Juan, isa sa pinakamalapit na alagad ni Jesus, sa isla ng Patmos. Sa aklat ng Pahayag, isinulat niya ang ipinakita sa kanya ng Espiritu ng Diyos tungkol sa mangyayari kay Jesu-Cristo sa hinaharap. Isinulat niya na ganap na matutupad ang plano ng Diyos—na si Jesus ang magiging kataas-taasang lingkod-hari, kasama ang kanyang mga nilalang, na mamamahala kasama niya sa kanyang nilikha, gaya ng inilarawan sa simula ng Genesis. Isinulat niya, *“Makikita sa lungsod ang trono ng Diyos at ng Kordero, at sasambahin siya ng kanyang mga lingkod. ... at maghahari sila magpakailanman.”* (Pahayag 22:3, 5) Sa panahong iyon, ang kanyang bayan ay magkakaroon ng puso ng isang lingkod-hari, at ito ang magiging pundasyon ng isang kahariang puno ng pag-ibig, kapayapaan, at kagalakan sa buhay ng bawat tao.

5. ANG IGLESIA

Ang kasintahang babaeng nagsisimulang lubos na makilala ang Diyos sa pag-ibig

Sa panlabas na anyo, ang iglesyang Kristiyano ay hindi gaanong kahanga-hanga. Sa katunayan, isa sa mga karaniwang dahilan kung bakit hindi sineseryoso ng mga tao si Jesus ay dahil sa pagkukunwari at mga suliraning nakikita nila sa buhay ng mga taong nagsasabing sila ay mga Kristiyano. Ngunit ang mga nag-aaral ng Biblia at natututo kung paano kumikilos ang Diyos ay nakaaalam na dalubhasa ang Diyos sa paggamit ng mga bagay na sa tingin natin ay problema upang lumikha ng isang bagay na napakaganda na higit pa sa ating kayang maunawaan. (2 Corinto 12:9-10)

Kahulugan ng espirituwal na grupo – ang iglesia

Sa pangkalahatang pananaw, ang simula ng espirituwal na pamilya ng Diyos ay nag-ugat pa noong unang panahon, gaya ng nakatala sa aklat ng Genesis. Batay sa pag-unawang ito sa espirituwal na katotohanan, ang pangkalahatang iglesia (ang pamilya ng Diyos) ay nagsimula

libu-libong taon bago pa namuhay si Jesu-Cristo sa lupa bilang tao. Alam natin ito sapagkat ipinaliliwanag ng Biblia na ang iglesia ay binubuo ng lahat ng taong nagtiwala sa mga pangako ng Diyos upang magkaroon sila ng buhay na kasama niya. Sa Roma 4, ipinaliwanag ni Pablo na ang bawat taong sumampalataya sa mga pangako ng Diyos ay anak ng Diyos. Si Abraham ang pangunahing halimbawa nito. "Si Abraham ay sumampalataya sa Diyos at dahil dito, siya ay itinuring ng Diyos na matuwid." (Roma 4:3) Sinasabi ng Biblia na ang lahat ng tao sa lahat ng panahon na sumampalataya sa mga pangako ng Diyos ay bahagi ng kanyang walang hanggang pamilya. (Galacia 3:6-9, Hebreo 11:1-2, Efeso 1:3-14)

Kasama sa iglesia ang lahat ng taong sumampalataya sa mga pangako ng Diyos tungkol sa darating na Mesiyas o sa mga pangakong ginawa ni Jesu-Cristo tungkol sa kanyang sarili. Kabilang dito ang lahat ng mananampalataya mula pa sa simula ng panahon at sa lahat ng panig ng mundo. Ang kanilang mga pagtitipon ay nagaganap sa iba't ibang paraan at sa maraming lugar sa buong daigdig.

Pinagmulan ng iglesia

Sa kasalukuyan, mas karaniwang ginagamit natin ang salitang "iglesia" sa mas makitid na kahulugan, na tumutukoy sa mga taong sumampalataya kay Jesu-Cristo matapos siyang mamuhay dito sa lupa. Nang si Jesus ay nabubuhay sa lupa, tinipon niya ang mga taong sumampalataya sa kanya at nagnanais sumunod sa kanya. Ito ang kauna-unahang nabuong iglesia ayon sa kahulugan ng salita sa kasalukuyan. Pagkatapos mamatay at muling mabuhay ni Jesus, inatasan niya ang kanyang mga alagad na tulungan ang iba na gawin ang lahat ng itinuro niya sa kanila. Itinatala ng aklat ng Mga Gawa ang simula ng gawaing ito. Inilalarawan din nito kung paano itinatag ng mga unang alagad ni Jesus ang iglesia sa Jerusalem at pagkatapos ay nagtatag ng mga iglesia sa maraming bayan, lungsod, at iba't ibang lugar sa buong mundo.

Kapag tayo ay nagtitiwala kay Jesu-Cristo, idinadagdag tayo ng Diyos sa kanyang iglesia. Habang lalo nating isinasabuhay ang pananampalataya, pagtitiwala, at pagsunod kay Jesus gaya ng ginawa ng mga unang alagad, lalo nating nararanasan ang mga pagpapala ng pagiging bahagi ng kanyang iglesia, na siyang kanyang walang hanggang pamilya.

Bahagi ng proseso ng pagtatatag ng unang iglesia matapos umalis si Jesus sa lupa ay ang pag-unawa kung sino ang kabilang sa pamilya ng Diyos. Noon, iniisip ng mga Judio na kailangan munang maging Judio ang isang tao upang maging bahagi ng pamilya ng Diyos. Ngunit tinulungan ng Banal na Espiritu ang mga unang alagad ni Jesus na maunawaan na bukas ang pintuan para sa bawat tao sa buong mundo na maging bahagi ng walang hanggang pamilya ng Diyos kung nanaisin nila. Ang kailangan lamang nilang gawin ay sumampalataya kay Jesu-Cristo bilang kanilang Tagapagligtas at Panginoon. Ibinigay niya ang kanyang buhay bilang handog para sa kaparusahan ng kanilang kasalanan at ginapi ang kamatayan sa pamamagitan ng kanyang muling pagkabuhay. (Roma 10:9-17)

Bago nito, ang Espiritu ng Diyos ay hindi nananahan nang permanente sa mga tao. Ngunit ipinaliwanag ni Jesus na pagkatapos niyang mamatay at muling mabuhay, darating ang Banal na Espiritu upang manahan sa mga mananampalataya. (Juan 14:16-17) Ito ay unang nangyari sa

isang silid kung saan sama-samang nananalangin ang mga unang alagad. Sa pagkakataong iyon, ang pagdating ng Banal na Espiritu ay mahimalang ipinakita sa pamamagitan ng kakayahan nilang magsalita ng mga wikang hindi nila kailanman pinag-aralan. (Mga Gawa 2:1-4) Nang marinig ng mga taong dumalaw sa Jerusalem mula sa iba't ibang bansa na nagsasalita ang mga alagad sa kanilang mga wika, nalaman nilang may naganap na himala. (Mga Gawa 2:5-13) Bilang resulta, daan-daang tao mula sa iba't ibang panig ng mundo ang sumampalataya kay Jesu-Cristo, at sinasabi ng Biblia na idinagdag ng Diyos ang mga bagong mananampalatayang ito sa kanyang iglesia. (Mga Gawa 2:14-47)

Pagkatapos nito, unti-unting tinulungan ng Diyos ang mga Judio na maunawaan na ang lahat ng tao ay maaaring maging bahagi ng kanyang walang hanggang pamilya. Noong una, mga Judio lamang ang tumanggap ng Banal na Espiritu. (Mga Gawa 2) Pagkaraan nito, ang mga taga-Samaria, na may dugong Judio at Hentil, ay sumampalataya kay Jesus at nagkaroon din ng katibayan na nananahan ang Banal na Espiritu sa kanila. (Mga Gawa 8) Di-naglaon, pinangunahan ng Diyos si Pedro upang mangaral sa isang grupo ng mga Hentil (mga taong hindi Judio) na sumampalataya kay Jesus. Sila rin ay nagsimulang magsalita sa mga wikang hindi nila natutuhan, tulad ng nangyari sa mga unang alagad (Mga Gawa 10). Ito ang nagpatunay sa mga Kristiyanong Judio na ang lahat ng tao sa buong mundo ay maaari nang sumampalataya kay Jesus at ang Banal na Espiritu ay mananahan sa kanila. Nagbigay ito ng matibay na makasaysayang ebidensiya na ang Banal na Espiritu ay nananahan sa lahat ng sumasampalataya kay Jesu-Cristo sa mismong sandali ng kanilang pagtanggap kay Jesus. (Efeso 1:13)

Paglago ng iglesia

Pagkatapos mamatay at muling mabuhay ni Jesus, inatasan niya ang kanyang mga alagad na tulungan ang iba na gawin ang lahat ng itinuro niya sa kanila. Agad na nagpunta ang mga alagad ni Cristo sa maraming bayan at lungsod sa iba't ibang bahagi ng mundo upang ipahayag sa mga tao ang kamangha-manghang kaligtasang ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo at ang pagkakataong mamuhay araw-araw na may ugnayan sa kanilang Panginoon na hindi nakikita. Mula sa makapangyarihang simula na iyon, milyon-milyong tao sa buong mundo ang sumampalataya kay Jesu-Cristo.

Ang mga kuwento at halimbawa kung paano kumilos ang Diyos upang dalhin ang mga tao sa kanyang pamilya ay iba-iba, tulad ng pagkakaiba-iba ng pisikal na anyo ng bawat tao! Ang bawat patotoo ay natatangi at napakapersonal. Sa walang hanggang kapangyarihan ng Diyos, kaya niyang bigyan ang bawat tao ng natatanging atensiyon at pangangalaga mula sa simula hanggang sa katapusan ng kanilang buhay sa mundo. Ang bawat mananampalataya ay maaaring magkaroon ng katiyakan ng isang walang hanggang kaugnayan sa Diyos, kahit na patuloy pa rin silang nakikipaglaban sa mga problema at kasalanan. Ang bawat isa ay nasa proseso ng pagbabago sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. (Roma 8:28-30)

Dapat tayong maging maingat sa paghatol tungkol sa kalagayan ng kaugnayan ng ibang tao sa Diyos. Dahil hindi natin nakikita ang Espiritu ng Diyos sa puso ng iba, imposibleng malaman natin nang may katiyakan kung sino ang tunay na Kristiyano at kung sino ang hindi. Maaari kang magkaroon ng ganap na katiyakan tungkol sa sarili mong kaligtasan batay sa mga pangako ng

Diyos sa iyo, ngunit dapat tayong mag-ingat sa pagsasabing alam natin nang may katiyakan ang kalagayan ng ibang tao sa harapan ng Diyos. Ang mga tunay na Kristiyano ay nagpapatotoo ng kanilang pagtitiwala kay Jesu-Cristo at unti-unting nakikita sa kanila ang mga katangian ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, at iba pa. (Galacia 5:22-23) Gayunman, ang mga katangiang ito ay nahahayag sa iba't ibang antas sa bawat tao, at ang Diyos lamang ang nakaaalam kung sino ang tunay na pinananahanan ng kanyang Espiritu. Ang Diyos lamang ang ganap na nakaaalam kung sino ang bumubuo sa tunay na iglesia sapagkat siya lamang ang nakakaalam ng puso ng bawat tao.

Mga layunin ng iglesia ng Diyos

Ang mga layunin ng iglesia ng Diyos ay katulad ng mga layunin ni Jesu-Cristo, na siyang ulo ng iglesia. Ipinakikilala ng Diyos ang kanyang sarili sa pamamagitan ng iglesia bilang kanyang katawan.

Ang ilan sa mga layunin ng Diyos para sa iglesia ay ipinahayag sa mga sumusunod na talata:

- “At binigyan niya (Jesu-Cristo) ang ilan ng kaloob upang maging mga apostol, ang iba nama'y mga propeta, ang iba'y mga ebanghelista, at ang iba'y mga pastor at mga guro. Ginawa niya ito upang ihanda sa paglilingkod ang lahat ng mga hinirang, upang maging matatag ang katawan ni Cristo, hanggang makarating tayo sa pagkakaisa ng pananampalataya at pagkakilala sa Anak ng Diyos, at maging ganap ang ating pagkatao ayon sa pagiging-ganap ni Cristo.” (Efeso 4:11-13)
- “Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago. Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. Sa pamamagitan ni Cristo, ibinilang niya kaming mga kaibigan at hindi na kaaway, at pinagkatiwalaan niya kami upang maglingkod nang sa gayon ang mga tao ay maging kaibigan rin niya. Ang ibig sabihin, sa pamamagitan ni Cristo, ang mga tao'y ibinilang ng Diyos na kaibigan, at hindi na niya tinatandaan ang kanilang mga kasalanan. At kami naman ay inatasan niyang ipamalita ito. Kaya nga, kami'y mga sugo ni Cristo; ang Diyos mismo ang nakikiusap sa inyo sa pamamagitan namin. Kami'y nakikiusap sa inyo alang-alang kay Cristo: makipagkasundo kayo sa Diyos.” (2 Corinto 5:17-20) Nangangahulugan ito na ginagamit ng Diyos ang kanyang iglesia upang ipahayag ang kanyang mensahe ng kaligtasan sa lahat ng tao sa buong mundo!
- “Ginawa niya (Diyos) ito upang sa pamamagitan ng iglesia ay maipakilala ngayon sa mga pinuno at mga maykapangyarihan sa sangkalangitan ang walang hanggang karunungan ng Diyos na nahahayag sa iba't ibang paraan. Ito'y alinsunod sa kanyang layunin bago pa man likhain ang sanlibutan. Tinupad niya ang layuning ito sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.” (Efeso 3:10-11)
- “...upang kung hindi man ako makarating agad ay malaman mo kung ano ang dapat na maging ugali ng mga tao sa sambahayan ng Diyos na buháy, sa iglesia na haligi at saligan ng katotohanan.” (1 Timoteo 3:15)

Bagama't ang mga Kristiyano ay mahihinang tao, ang bawat isa ay bahagi ng espirituwal na katawan ni Cristo, tulad ng iba't ibang bahagi ng ating pisikal na katawan. (1 Corinto 12:12-31) Kailangan natin ang isa't isa, at bawat isa ay may magkakaibang tungkulin sa ilalim ng pamumuno ni Cristo. Tayong lahat ay mga mensahero at kinatawan ng Diyos sa mundong ito.

(2 Corinto 5:16-20) Bukod sa pagtulong sa mga tao na maunawaan ang katotohanan ng Diyos at ang kanyang mensahe ng kaligtasan, ang mga anak ng Diyos ay naglilingkod sa kapwa sa napakaraming paraan, sa pamamagitan nito, naipakikilala nila sa mundo ang mabuti at mapagmalasakit na katangian ng Diyos.

Marami sa mga serbisyo at mga institusyong may malaking naitutulong sa mundo ngayon ay nagsimula sa mga alagad ni Jesu-Cristo. Mga organisasyon katulad ng Red Cross ay itinatag ng mga alagad ni Cristo. Ang unang palimbagan (printing press) ay naimbento ng mga taong nagnanais na makapaglimbag ng maraming kopya ng Biblia. Ang konsepto ng pampublikong edukasyon ay isinulong ng mga Kristiyano upang mabigyan ng edukasyon ang lahat ng tao. Gayundin, ang konsepto ng unibersidad at ang pagtatatag ng mga unang ospital ay nagmula rin sa mga Kristiyano. Marami ring mga imbensiyon ang bunga ng pananalangin. (Mga halimbawang hango sa aklat na *What If Jesus Had Never Been Born?* ni D. James Kennedy)

Walang sinuman ang lubos na nakaaalam kung gaano karami ang nangyari sa mundong ito bilang bunga ng pagtugon ng Diyos sa mga panalangin ng kanyang mga anak. Hindi matatawaran ang kahalagahan ng pananalangin at pagsusumamo sa Diyos na kumilos sa buhay ng ibang tao at makialam sa mga pangyayari sa mundo. (Efeso 6:18-20) Tanging ang Diyos lamang ang nakaaalam kung gaano kalaki ang naging epekto ng mga gawa at panalangin ng kanyang mga anak sa buong daigdig.

Ang Aklat 3, “Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Plano ng Diyos para sa mga Ugnayan”, ay nagbibigay ng mas detalyadong paliwanag tungkol sa sinasabi ng Biblia hinggil sa disenyo, layunin, at tungkulin ng iglesia.

Ang hinaharap ng iglesia ng Diyos

Noong huling hapunan na pinagsaluhan ni Jesus at ng kanyang mga alagad, alam niya na may darating na mahihirap na panahon, at alam din niya na may dakilang plano siya na mamuhay na laging kasama ng mga natatanging taong kanyang minamahal. Kaya sinabi niya sa kanila, “Huwag mabagabag ang inyong kalooban; sumampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya rin kayo sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko ba sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan? At kapag naipaghanda ko na kayo ng matitirhan, ako'y babalik at isasama ko kayo upang kayo'y makapiling ko kung saan ako naroroon.” (Juan 14:1-3)

Sa panahong iyon, si Jesus ay tulad ng isang lalaking ikakasal na nakikipag-usap sa kanyang kasintahang babae bago ang kasal. Pagdating naman sa huling bahagi ng Biblia, mababasa natin ang tungkol sa kasalan. Sa aklat ng Pahayag, mababasa natin na ang lahat ng taong nilinis at pinabanal ng dugo ng Kordero ng Diyos (si Jesu-Cristo) ay magiging kasintahang babae na kanyang pakakasalan at maninirahang kasama niya magpakailanman.

- Pahayag 19:6-9 – Ang kasalan ng Kordero at ng kanyang kasintahang babae, na binubuo ng mga banal na nilinis ng dugo ng Kordero, si Jesu-Cristo.
- Pahayag 21:9-10 – Ang kasintahang babae ng Kordero ay magiging isang banal na lungsod.

- Pahayag 21:27 – Ang banal na lungsod ay mapupuno ng mga taong ang kanilang mga pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero.
- Pahayag 22:3-5 – “Wala roong makikitang anumang isinumpa ng Diyos. Makikita sa lungsod ang trono ng Diyos at ng Kordero, at sasambahin siya ng kanyang mga lingkod. Makikita nila ang kanyang mukha, at isusulat sa kanilang noo ang kanyang pangalan. Doo'y wala nang gabi, kaya't hindi na sila mangangailangan pa ng mga ilawan o ng liwanag ng araw, sapagkat ang Panginoong Diyos ang magiging liwanag nila, at maghahari sila magpakailanman.”

Ayon sa Biblia, ang malaking grupo ng mga banal na nilinis ng dugo ng Kordero ay kinabibilangan ng lahat ng mananampalataya sa lahat ng panahon; mula sa mga unang mananampalataya sa aklat ng Genesis hanggang sa mga huling mananampalatayang sasalubong kay Jesu-Cristo kapag siya ay muling bumalik sa lupa bilang Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon. (Pahayag 19:11-16) Makakasama natin sina Abraham, Sara, Noe, Moises, Ruth, David, Ester, Daniel, Maria, Marta, Tomas, Juan, Aquila, at Priscila, kasama ang milyon-milyong iba pang mananampalataya mula sa bawat siglo ng kasaysayan. Napakalaking pagdiriwang ang mangyayari sa araw na iyon, at iyon pa lamang ang simula ng buhay na walang hanggan kasama ang ating kamangha-manghang Diyos at Tagapagligtas!

Ang mga sumusunod na kaisipan ay ibinibigay bilang buod ng mga layunin at mga plano ng Diyos:

Ang Layunin at mga Plano ng Diyos

Ang lahat ng ginawa ng Diyos sa buong kasaysayan ay nakatulong sa katuparan ng kanyang layunin. Maaaring ibuod ang mahahalagang bahagi ng kanyang layunin at plano sa ganitong paraan:

Ang plano ng Diyos upang lubos siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig

Isinasakatuparan ito ng Diyos sa pamamagitan ng:

1. PAGLIKHA – Ang batayang inilaan ng Diyos upang lubos siyang makilala ng mga tao sa pag-ibig
2. JESUS BILANG KORDERO – Ang handog na inialay upang lubos na makilala ang Diyos sa pag-ibig
3. ISRAEL – Ang bansang ginamit ng Diyos upang makilala siya sa pag-ibig ng lahat ng tao
4. JESUS BILANG LINGKOD-HARI – Ang haring kailangan natin upang lubos nating makilala ang Diyos sa pag-ibig
5. ANG IGLESIA – Ang kasintahang babaeng nagsisimulang lubos na makilala ang Diyos sa pag-ibig



Ang lahat ng planong ito, na magkakahabi, ay nagpapakita ng kadakilaan ng Diyos na higit pa sa lubos nating kayang maunawaan. Ang mga ito ay maihahambing sa iba't ibang mukha ng isang diyamante na maingat na tinapyas upang maipakita ang kabuuan ng kagandahan nito. Hindi lamang ipinakikita ng mga planong ito ang kapangyarihan ng Diyos, kundi inihahayag din ang kanyang puso at katangian. Ang lahat ng ating nakita hanggang ngayon ay tunay nang kamangha-mangha, ngunit mayroon pang higit na dakilang mga bagay na darating, lalo sa muling pagbabalik ni Jesu-Cristo bilang Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon! Itinatala ng aklat ng Pahayag ang ganap na katuparan ng lahat ng mga hulang ito at sa panahong iyon, ang kadakilaan ng Diyos ay higit pang kahanga-hanga!